



Handbook ng Miyembro

Ang mga kailangan mong malaman tungkol sa iyong mga benepisyo

Pinagsamang Katunayan ng Coverage at Form sa Paghahayag ng Health Net Community Solutions, Inc. (“Health Net”)

2026

Amador, Calaveras, Inyo, Los Angeles, Mono, Sacramento, San Joaquin, Stanislaus, Tulare, at Tuolumne na mga county

Iba pang mga wika at format

Iba pang mga wika

Maaari mong makuha nang libre ang Handbook ng Miyembro na ito at iba pang babasahin ng plano sa iba pang mga wika. Nagbibigay ang Health Net ng mga nakasulat na pagsasaling-wika mula sa mga kwalipikadong tagasalin-wika. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Libre ang tawag. Basahin ang Handbook ng Miyembro na ito para alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo ng tulong sa wika ng pangangalagang pangkalusugan tulad ng mga serbisyo ng interpreter at pagsasalin-wika.

Iba pang mga format

Maaari mong makuha ang impormasyong ito sa iba pang mga format, gaya ng braille, 20-point font na malaking print, audio, at naa-access na mga elektronikong format (data CD) nang wala kang kailangang bayaran. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Libre ang pagtawag.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga serbisyo ng interpreter

Nagbibigay ang Health Net ng mga serbisyo ng berbal na pagsasaling-wika, kasama ang sign language, mula sa kwalipikadong interpreter, sa 24 na oras basehan, nang wala kang kailangang bayaran. Hindi mo kailangang gumamit ng kapamilya o kaibigan bilang interpreter. Hindi namin hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad bilang mga interpreter maliban na lang kung isa itong emergency. Available nang libre ang mga serbisyo ng interpreter, serbisyo para sa wika, at mga serbisyong pangkultura. Makakakuha ka ng tulong 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para sa tulong sa wika, o para makuha ang handbook na ito sa ibang wika, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Libre ang pagtawag.

English: If you, or someone you are helping, need language services, call 1-800-675-6110 (TTY: 711). Aids and services for people with disabilities, like documents in braille and large print, are also available. These services are at no cost to you.

Arabic: إذا كنت أنت أو أي شخص تقوم بمساعدته، بحاجة إلى الخدمات اللغوية، فاتصل بالرقم (TTY: 711) 1-800-675-6110 تتوفر أيضاً المساعدات والخدمات للأشخاص ذوي الإعاقة، مثل المستندات المكتوبة بطريقة برايل وبطباعة كبيرة. تتوفر هذه الخدمات بدون تكلفة بالنسبة لك.




Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Armenian: Եթե դուք կամ որևէ մեկը, ում դուք օգնում եք, ունեն
լեզվական օգնության կարիք, զանգահարեք 1-800-675-6110
(TTY` 711): Հաշմանդամություն ունեցող մարդկանց համար
հասանելի են օգնություն և ծառայություններ, ինչպես
օրինակ՝ փաստաթղթեր բրայլով կամ խոշոր տպագրությամբ:
Այս ծառայությունները ձեզ համար անվճար են:

Cambodian: ប្រសិនបើអ្នក ឬនរណាម្នាក់ដែលអ្នកកំពុងជួយ
ត្រូវការសេវាផ្នែកភាសា សូមទូរសព្ទទៅលេខ 1-800-675-6110
(TTY: 711)។ ជំនួយ និងសេវាកម្មផ្សេងៗសម្រាប់អ្នកដែលពិការ ដូច
ជាឯកសារជាអក្សរស្នាប និងជាអក្សរខ្នាតធំក៏មានផ្តល់ជូនផងដែរ។
សេវាកម្មទាំងនេះត្រូវបានផ្តល់ជូនអ្នកដោយមិនគិតថ្លៃ។

Chinese (Simplified): 如果您或者您正在帮助的人需要语言服
务，请致电 1-800-675-6110 (TTY: 711)。还可提供面向残障人
士的帮助和服务，例如盲文和大字版文档。这些服务免费为您
提供。

 Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Chinese (Traditional): 如果您或您正在幫助的其他人需要語言服務，請致電 1-800-675-6110 (TTY: 711)。另外，還為殘疾人士提供輔助和服務，例如盲文和大字版文件。這些服務對您免費提供。

Farsi: اگر شما یا هر فرد دیگری که به او کمک می‌کنید نیاز به خدمات زبانی دارد، با شماره 1-800-675-6110 (TTY: 711) تماس بگیرید. کمک‌ها و خدماتی مانند مدارک با خط بریل و چاپ درشت نیز برای معلولان قابل عرضه است. این خدمات هزینه‌ای برای شما نخواهد داشت.

Hindi: यदि आपको, या जिसकी आप मदद कर रहे हैं उसे, भाषा सेवाएँ चाहिए, तो कॉल करें 1-800-675-6110 (TTY: 711)। विकलांग लोगों के लिए सहायता और सेवाएं, जैसे 'ब्रेल' लिपि और बड़े प्रिंट में दस्तावेज़, भी उपलब्ध हैं। ये सेवाएँ आपके लिए मुफ्त उपलब्ध हैं।



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Hmong: Yog hais tias koj, los sis ib tus neeg twg uas koj tab tom pab nws, xav tau cov kev pab cuam txhais lus, hu rau 1-800-675-6110 (TTY: 711). Tsis tas li ntawd, peb kuj tseem muaj cov khoom siv pab thiab cov kev pab cuam rau cov neeg xiam oob qhab tib si, xws li cov ntaub ntawv uas tuaj yeem nkag cuag tau yooj yim thiab cov ntaub ntawv luam tawm uas pom tus niam ntawv loj. Cov kev pab cuam no yog muaj pab yam tsis xam nqi dab tsi rau koj them li.

Japanese: ご自身またはご自身がサポートしている方が言語サービスを必要とする場合は、1-800-675-6110 (TTY: 711) までお問い合わせください。障がいをお持ちの方のために、点字や大活字の文書などの補助・サービスも提供しています。これらのサービスは無料で提供されています。

Korean: 귀하 또는 귀하가 도와주고 있는 분이 언어 서비스가 필요하시면 1-800-675-6110 (TTY: 711)번으로 연락해 주십시오. 장애가 있는 분들에게 보조 자료 및 서비스(예: 점자 및 대형 활자 인쇄본)도 제공됩니다. 이 서비스는 무료로 이용하실 수 있습니다.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Laotian: ຖ້າທ່ານ, ຫຼື ບຸກຄົນໃດໜຶ່ງທີ່ທ່ານກຳລັງຊ່ວຍເຫຼືອ, ຕ້ອງການບໍລິການ ແປພາສາ, ໂທ 1-800-675-6110 (TTY: 711). ນອກນັ້ນ, ພວກເຮົາຍັງມີ ອຸປະກອນຊ່ວຍເຫຼືອ ແລະ ການບໍລິການສໍາລັບຄົນພິການອີກດ້ວຍ, ເຊັ່ນ ເອກະສານເປັນຕົວອັກສອນນູນ ແລະ ພິມຂະໜາດໃຫຍ່. ການບໍລິການເຫຼົ່ານີ້ແມ່ນ ມີໄວ້ຊ່ວຍເຫຼືອທ່ານໂດຍບໍ່ໄດ້ເສຍຄ່າໃດໆ.

Mien: Beiv hnavgv meih ganh a'fai meih tengx ga'hlen mienh, se gorngv qiemx zuqc longc tengx porv waac bun muangx, mborqv finx lorz 1-800-675-6110 (TTY: 711). Mbenc duqv maaih jaa-dorngx aengx caux gong tengx waaic fangx mienh, beiv zoux sou benx nzangc-pokc bun hluo aengx caux domh nzangc. Naaiv deix gong-bou jauv-louc mv zuqc heuc meih ndortv nyaanh cingv.

Punjabi: ਜੇ ਤੁਹਾਨੂੰ ਜਾਂ ਜਿਸ ਦੀ ਤੁਸੀਂ ਮਦਦ ਕਰ ਰਹੇ ਹੋ, ਨੂੰ ਭਾਸ਼ਾ ਸੇਵਾਵਾਂ ਦੀ ਜ਼ਰੂਰਤ ਹੈ, ਤਾਂ 1-800-675-6110 (TTY: 711) 'ਤੇ ਕਾਲ ਕਰੋ। ਅਪਾਹਜ ਲੋਕਾਂ ਲਈ ਸਹਾਇਤਾ ਅਤੇ ਸੇਵਾਵਾਂ ਜਿਵੇਂ ਕਿ ਬ੍ਰੈਲ ਵਿੱਚ ਦਸਤਾਵੇਜ਼ ਅਤੇ ਵੱਡੇ ਪ੍ਰਿੰਟ ਵੀ ਉਪਲਬਧ ਹਨ। ਇਹ ਸੇਵਾਵਾਂ ਤੁਹਾਡੇ ਲਈ ਮੁਫਤ ਹਨ।



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Russian: Если вам или человеку, которому вы помогаете, необходимы услуги перевода, звоните по телефону 1-800-675-6110 (TTY: 711). Кроме того, мы предоставляем материалы и услуги для людей с ограниченными возможностями, например документы, выполненные шрифтом Брайля или крупным шрифтом. Эти услуги предоставляются бесплатно.

Spanish: Si usted o la persona a quien ayuda necesita servicios de idiomas, comuníquese al 1-800-675-6110 (TTY: 711). También hay herramientas y servicios disponibles para personas con discapacidad, como documentos en braille y en letra grande. Estos servicios no tienen ningún costo para usted.

Tagalog: Kung ikaw o ang taong tinutulungan mo ay kailangan ng mga serbisyo sa wika, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Makakakuha rin ng mga tulong at serbisyo para sa mga taong may mga kapansanan, tulad ng mga dokumentong nasa braille at mga malaking print. Wala kang babayaran para sa mga serbisyong ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Thai: หากคุณหรือคนที่คุณช่วยเหลือ ต้องการบริการด้านภาษา โทร 1-800-675-6110 (TTY: 711) นอกจากนี้ยังมี ความช่วยเหลือและ บริการสำหรับผู้ทุพพลภาพ เช่น เอกสารในรูปแบบอักษรเบรลล์และ ตัวพิมพ์ขนาดใหญ่ บริการเหล่านี้ ไม่มีค่าใช้จ่ายสำหรับคุณ

Ukrainian: Якщо вам або людині, якій ви допомагаєте, потрібні послуги перекладу, телефонуйте на номер 1-800-675-6110 (TTY: 711). Ми також надаємо матеріали та послуги для людей з обмеженими можливостями, як-от документи шрифтом Брайля або надруковані великим шрифтом. Ці послуги для вас безкоштовні.

Vietnamese: Nếu quý vị hoặc ai đó mà quý vị đang giúp đỡ cần dịch vụ ngôn ngữ, hãy gọi 1-800-675-6110 (TTY: 711). Chúng tôi cũng có sẵn các trợ giúp và dịch vụ dành cho người khuyết tật, như tài liệu bằng chữ nổi Braille và bản in khổ lớn. Quý vị được nhận các dịch vụ này miễn phí.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Welcome sa Health Net!

Salamat sa pagsali sa Health Net. Ang Health Net ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal. Ang Health Net ay nakikipagtulungan sa Estado ng California para matulungan kang makuha ang pangangalagang pangkalusugang kailangan mo.

Handbook ng Miyembro

Sinasabi ng Handbook ng Miyembro na ito ang tungkol sa iyong coverage sa ilalim ng Health Net. Mangyaring basahin ito nang mabuti at buo. Tutulungan ka nitong maunawaan ang iyong mga benepisyong, ang mga serbisyo na available sa iyo, at kung paano makukuha ang pangangalaga na kailangan mo. Ipinapaliwanag din nito ang iyong mga karapatan at responsibilidad bilang miyembro ng Health Net. Kung mayroon kang mga espesyal na pangangailangang pangkalusugan, tiyaking basahin ang lahat ng seksyong naaangkop sa iyo.

Ang Handbook ng Miyembro na ito ay kilala rin bilang Pinagsamang Katunayan ng Coverage (EOC) at Form ng Paghahayag. **Ang EOC at Form ng Paghahayag na ito ay bumbuo lang sa buod ng planong pangkalusugan. Dapat kumonsulta sa kontrata ng planong pangkalusugan para malaman ang mga eksaktong tuntunin at kondisyon ng coverage.** Para malaman pa, tumawag sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Sa Handbook ng Miyembro na ito, tinutukoy minsan ang Health bilang “kami” o “namin.” Ang mga miyembro ay tinatawag minsan na “ikaw.” Ang ilang salita na nakasulat sa malaking letra ay mayroong espesyal na kahulugan sa Handbook ng Miyembro na ito.

Para humingi ng kopya ng kontrata sa pagitan ng Health Net at ang Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California (DHCS), tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaari ka ring humingi ng isa pang kopya ng Handbook ng Miyembro nang libre. Mahahanap mo rin ang Handbook ng Miyembro sa website ng Health Net sa www.healthnet.com. Maaari kang humingi ng libreng kopya ng non-proprietary na klinikal at pang-administratibong mga patakaran at pamamaraan ng Health Net. Makikita rin ang mga ito sa website ng Health Net na www.healthnet.com.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Makipag-ugnayan sa amin

Nandito ang Health Net para tumulong. Kung mayroon kang mga tanong, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag.

Maaari ka ring bumisita online, anumang oras sa www.healthnet.com.

Salamat,

Health Net

21281 Burbank Blvd

Woodland Hills, CA 91367



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Talaan ng mga nilalaman

Iba pang mga wika at format	3
Iba pang mga wika	3
Iba pang mga format.....	3
Mga serbisyo ng interpreter	4
Welcome sa Health Net!	11
Handbook ng Miyembro	11
Makipag-ugnayan sa amin.....	12
Talaan ng mga nilalaman	13
1. Pagsisimula bilang isang miyembro	16
Paano makakuha ng tulong	16
Sino ang maaaring maging miyembro	16
Mga identification (ID) card	18
2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan.....	20
Pangkalahatang-ideya ng planong pangkalusugan	20
Paano gumagana ang iyong plano	22
Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan	22
Mga estudyante na lumipat sa isang bagong county o umalis sa California	23
Pagpapatuloy ng pangangalaga	25
Mga Gastos.....	28
3. Paano makakuha ng pangangalaga.....	32
Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan	32
Pangunahing provider ng pangangalaga (PCP)	33
Network ng provider.....	37
Mga appointment	46
Pagpunta sa iyong appointment.....	47
Pagkansela at pagpapaiskedyul ulit.....	47
Pagbabayad.....	47
Mga referral.....	49



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga referral sa California Cancer Equity Act	51
Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	51
Mga pangalawang opinyon	53
Sensitibong pangangalaga	54
Agarang pangangalaga	57
Pangangalagang pang-emergency	59
Linya para sa Payo ng Nars.....	61
Mga paunang direktiba sa pangangalagang pangkalusugan	61
Donasyon ng organ at tissue	62
4. Mga benepisyo at serbisyo	63
Anong mga benepisyo at serbisyo ang sinasakop ng iyong planong pangkalusugan.....	63
Mga benepisyo sa Medi-Cal na sakop ng Health Net	67
Iba pang benepisyo at programang sinasakop ng Health Net	92
Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal	104
Mga Serbisyong hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Health Net o Medi-Cal.....	112
Pagsusuri sa mga bago at kasalukuyang teknolohiya	113
5. Pangangalaga well care ng bata at kabataan	114
Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager	114
Mga check-up sa kalusugan at pangangalagang pang-iwas sa sakit ng walang sakit na bata	116
Screening para sa lead poisoning sa dugo	118
Tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan.....	118
Iba pang serbisyong maaari mong makuha sa pamamagitan ng Fee-for-Service (FFS) na Medi-Cal o iba pang programa.....	119
6. Pag-uulat at pagresolba ng mga problema.....	122
Mga Reklamo.....	123
Mga Apela.....	125
Ano ang dapat gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon sa apela	126
Mga Reklamo at Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (IMR) sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC)	127
Mga Pagdinig ng Estado.....	129
Panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso.....	131



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

7. Mga karapatan at responsibilidad.....	133
Iyong mga karapatan	133
Mga responsibilidad mo	135
Abiso ng kawalan ng diskriminasyon	135
Mga paraan para makilahok bilang isang miyembro.....	138
Abiso ng mga kasanayan sa pagkapribado	139
Abiso tungkol sa mga batas	151
Abiso tungkol sa pagiging huling tagabayad ng Medi-Cal, iba pang coverage sa kalusugan at tort recovery.....	152
Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian	153
Abiso ng Pagkilos	153
Pananagutan ng ikatlong partido	154
Mga independent contractor	155
Panloloko kaugnay ng plano ng pangangalagang pangkalusugan	155
Pagkaantala sa pangangalaga	155
8. Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman	156
Mga mahalagang numero ng telepono	156
Mga salitang dapat malaman.....	158



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
 Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
 Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
 Bumisita online sa www.healthnet.com.

1. Pagsisimula bilang isang miyembro

Paano makakuha ng tulong

Nais ng Health Net na maging masaya ka sa iyong pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang anumang tanong o alalahanin tungkol sa iyong pangangalaga, gusto ng Health Net na may malaman mula sa iyo!

Mga Serbisyo para sa Miyembro

Narito ang Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net upang tulungan ka. Ang Health Net ay maaaring:

- Sagutin ang mga tanong tungkol sa iyong planong pangkalusugan at mga sakop na serbisyo ng Health Net.
- Tulungan kang pumili o magpalit ng provider ng pangunahing pangangalaga (primary care provider, PCP).
- Sabihin sa iyo kung saan makakakuha ng pangangalagang kailangan mo.
- Tulungan kang makakuha ng mga serbisyo ng interpreter kung hindi ka nakakapagsalita ng limitadong Ingles.
- Tulungan kang makakuha ng impormasyon sa iba pang mga wika at format.

Kung kailangan mo ng tulong, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Narito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang tawag. Dapat tiyakin ng Health Net na maghihintay ka nang hindi bababa sa 10 minuto kapag tumatawag.

Maaari mo ring bisitahin online ang Mga Serbisyo para sa Miyembro anumang oras sa www.healthnet.com.

Sino ang maaaring maging miyembro

Ang bawat estado ay maaaring may programa ng Medicaid. Sa California, tinatawag ang Medicaid na **Medi-Cal**.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Kwalipikado para sa Health Net dahil kwalipikado ka para sa Medi-Cal at nakatira sa Amador, Calaveras, Inyo, Los Angeles, Mono, Sacramento, San Joaquin, Stanislaus, Tulare, at Tuolumne (tingnan ang mga contact sa opisina ng county sa ibaba). Maaari ka ring maging kwalipikado para sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Social Security dahil tumatanggap ka ng SSI o SSP.

- **Amador County**

- Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan: 1-209-223-6550

- **Calaveras County**

- Ahensya ng mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao: 1-209-754-6448

- **Inyo County**

- Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan: 1-760-872-1394

- **Los Angeles County**

- DPSS Customer Service Center: 1-866-613-3777; 1-310-258-7400

- **Mono County**

- Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan: 1-760-924-1770 (tanggapan ng South county); 1-760-932-5600 (opisina ng North county)

- **Sacramento County**

- Departamento ng Tulong sa Tao: 1-800-560-0976

- **San Joaquin County**

- Ahensya ng mga Serbisyo para sa Tao: 1-209-468-1000

- **Stanislaus County**

- Ahensya ng mga Serbisyo sa Komunidad: 1-877-652-0734

- **Tulare County**

- Ahensya ng mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao: 1-800-540-6880

- **Tuolumne County**

- Kalusugan ng Publiko: 1-209-533-7401

Para sa mga tanong tungkol sa pag-enroll, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1800-430-7077 o 711). o pumunta sa <http://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov/>.

Para sa mga tanong tungkol sa Social Security, tawagan ang Social Security Administration sa 1-800-772-1213, o pumunta sa <https://www.ssa.gov/locator/>.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Transitional na Medi-Cal


Maaaring makakuha ka ng Transitional na Medi-Cal kung nagsimula kang kumita ng mas maraming pera at hindi ka na kuwalipikado para sa Medi-Cal.

Maaari kang magtanong tungkol sa pagiging kwalipikado para sa Transitional na Medi-Cal sa lokal na tanggapan ng iyong county sa:

<http://www.dhcs.ca.gov/services/Medi-Cal/Pages/CountyOffices.aspx>, o tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 or 711).

Mga identification (ID) card

Bilang miyembro ng Health Net, makukuha mo ang aming Identification (ID) card ng Health Net. Dapat ipakita mo ang iyong Health Net ID card **at** ang iyong ID Card ng Mga Benepisyo sa Medi-Cal (Benefits Identification Card, BIC) kapag kukuha ka ng mga serbisyo o gamot sa pangangalagang pangkalusugan. Ang iyong Medi-Cal BIC card ay ang identification card ng mga benepisyo na ipinadala sa iyo ng Estado ng California. Dapat lagi mong dalhin ang lahat ng card sa kalusugan. Ang hitsura ng iyong mga Medi-Cal BIC at Health Net ID card ay ganito:



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Ang iyong Health Net ID card ay mayroong mahalagang impormasyon, kabilang ang:

- Pangalan ng iyong Provider ng Pangunahing Pangangalaga (Primary Care Provider, PCP) (o ang pangalan ng iyong klinika o grupong medikal). Hindi nakikita ang impormasyong ito sa mga ID card para sa mga miyembro na mayroong coverage ng Medicare (Part A at Part B) at Medi-Cal. Nakasaad sa impormasyon ng PCP ang “Magpatingin sa Iyong Doktor sa Medicare.” Hindi rin nakikita ang impormasyong ito sa mga ID card para sa mga bagong panganak na nabigyan ng Index Number ng Kliyente (Client Index Number o CIN) ng DHCS. Nakasaad sa impormasyon ng PCP ang “Walang Primary MD.”
- Address at numero ng telepono ng iyong PCP. Hindi nakikita ang impormasyong ito sa mga ID card para sa mga miyembro na mayroong coverage ng Medicare (Part A at Part B) at Medi-Cal. Nakasaad sa impormasyon ng PCP ang “Magpatingin sa Iyong Doktor sa Medicare.” Hindi rin nakikita ang impormasyong ito sa mga ID card para sa mga bagong panganak na nabigyan ng CIN ng DHCS. Ang makikita sa impormasyon ng PCP ay “Mangyaring Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro.”
- Kung mali ang impormasyon ng iyong PCP at/o medikal na grupo o kung pinalitan mo na ang iyong PCP at/o medikal na grupo mula noong huling ibinigay ang iyong ID card, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711) para makakuha ng bagong card na may tamang impormasyon ng PCP.
- Kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa iyong ID card, mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Narito ang dapat gawin sa iyong Health Net ID card:

- Tingnan para matiyak na tama ang impormasyon sa iyong ID card. Kung may anumang mali sa iyong ID card, tawagan kaagad ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Kung mali ang pagkakabaybay ng o mali ang iyong pangalan, ikokonekta ka namin sa tanggapan ng iyong county para maayos ito.

Ipakita ang iyong Health Net ID card sa tuwing ikaw ay:

- mayroong appointment sa doktor,
- pupunta sa ospital, o
- nangangailangan ng agarang pangangalaga/mga serbisyong pang-emergency.

Kung hindi mo makuha ang iyong Health Net ID card sa loob ng ilang linggo pagkatapos ng petsa ng iyong pag-enroll, o kung masira, mawala, o manakaw ang iyong card ang iyong Health Net ID card, tawagan kaagad ang Mga Serbisyo para sa Miyembro. Padadalhan ka ng Health Net ng bagong card nang libre. Tawagan ang 1-800-675-6110 (TTY 711). Kung wala kang Medi-Cal BIC card o kung nasira, nawala, o ninakaw, tawagan ang lokal na tanggapan ng county. Para mahanap ang lokal na tanggapan ng iyong county, pumunta sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/Medi-Cal/Pages/CountyOffices.aspx>.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

2. Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

Pangkalahatang-ideya ng planong pangkalusugan

Ang Health Net ay isang planong pangkalusugan para sa mga taong may Medi-Cal sa mga county na ito: Amador, Calaveras, Inyo, Los Angeles, Mono, Sacramento, San Joaquin, Stanislaus, Tulare, at Tuolumne. Ang Health Net ay nakikipagtulungan sa Estado ng California para matulungan kang makuha ang pangangalagang pangkalusugang kailangan mo.

Makipag-usap sa isa mga kinatawan ng Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net para malaman pa ang tungkol sa planong pangkalusugan at kung paano ito makakabuti para sa iyo. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Kailan magsisimula at matatapos ang iyong coverage

Kapag nag-enroll ka sa Health Net, papadalhan ka namin ng Health Net Identification (ID) card sa loob ng dalawang linggo ng petsa ng iyong pag-enroll. Dapat ipakita mo ang iyong Health Net ID card at ang iyong ID Card at iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) kapag kukuha ka ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o gamot.

Kakailanganing i-renew ang iyong coverage ng Medi-Cal bawat taon. Kung hindi mare-renew ng lokal na tanggapan ng iyong county ang coverage ng Medi-Cal sa pamamagitan ng elektronikong paraan, papadalhan ka ng county ng nasagutan nang form sa pag-renew ng Medi-Cal. Kumpletuhin ang form na ito at isauli ito sa lokal na tanggapan ng iyong county. Maaari mong ibalik ang iyong impormasyon nang personal, o sa pamamagitan ng pagtawag sa telepono, koreo, online, o iba pang elektronikong paraan na available sa iyong county.

Maaari mo nang simulang gamitin ang iyong mga benepisyo sa Medi-Cal sa pamamagitan ng Health Net sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng iyong coverage. Ang petsa ng pakakaroon ng bisa ng coverage ay ang unang araw ng buwan kasunod ng pagkumpleto sa pagpapatala sa Health Net. Tingnan ang ID card ng miyembro ng Health Net na ipinadala sa iyo sa koreo para sa petsa ng pakakaroon ng bisa ng coverage



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

Maaari mong tapusin ang iyong pcoverage ng Health Net at pumili ng ibang planong pangkalusugan anumang oras. Para sa tulong sa pagpili ng bagong plano, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 1-800-430-7077 o 711), o pumunta sa www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov.

Ang Health Net ay isang planong pangkalusugan para sa mga miyembro ng Medi-Cal sa Amador, Calaveras, Inyo, Los Angeles, Mono, Sacramento, San Joaquin, Stanislaus, Tulare, at Tuolumne na mga county. Hanapin ang iyong lokal na tanggapan sa <http://www.dhcs.ca.gov/services/Medi-Cal/Pages/CountyOffices.aspx>.

Posibleng tapusin ang coverage sa Health Net Medi-Cal kung totoo ang alinman sa mga sumusunod:

- Ikaw aalis ng Amador, Calaveras, Inyo, Los Angeles, Mono, Sacramento, San Joaquin, Stanislaus, Tulare, at Tuolumne na mga county.
- Wala ka ng Medi-Cal.
- Naging kwalipikado ka sa isang programa ng waiver kung saan kinakailangan mong mag-enroll sa Fee-for-Service (FFS) na Medi-Cal.
- Nasa piitan o kulungan ka.

Kung mawawala ang coverage mo sa Health Net Medi-Cal, maaari ka pa ring maging kwalipikado sa coverage sa Fee-for-Service (FFS) ng Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung sakop ka pa rin ng Health Net, tawagan ang 1-800-675-6110 (TTY 711).

Mga espesyal na pagsasaalang-alang para sa mga American Indian sa pinamamahalaang pangangalaga

Ang mga American Indian ay mayroong karapatang huwag mag-enroll sa plano ng pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal o maaari silang umalis sa kanilang plano ng pinapamahalaang pangangalaga ng Medi-Cal at bumalik sa FFS Medi-Cal anumang oras at para sa anumang dahilan.

Kung isa kang American Indian, mayroon kang karapatang makakuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP). Maaari ka ring manatili o umalis sa pagkaka-enroll (drop) mula sa Health Net habang tumatanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan mula sa mga lokasyong ito. Para alamin pa ang tungkol sa pagkaka-enroll at pag-alis sa pagkaka-enroll, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Dapat magbigay ang Health Net ng pangangasiwa ng pangangalaga para sa iyo, kasama ang pamamahala ng kaso na wala sa network. Kung hihilingin mong makakuha ng mga serbisyo mula sa isang IHCP, dapat kang tulungan ng Health Net na maghanap ng IHCP na wala sa network ng iyong gusto. Para alamin pa, basahin ang “Network ng provider” sa Kabanata 3 ng handbook na ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Paano gumagana ang iyong plano

Ang Health Net ay isang planong pangkalusugan sa pinamamahalaang pangangalaga na nakakontrata sa DHCS. Ang mga pinamamahalaang plano ng pangangalaga ay isang sulit na paggamit ng mga pinagkukunan ng pangangalagang pangkalusugang na nagpapahusay sa access sa pangangalagang pangkalusugan at tumitiyak sa kalidad ng pangangalaga. Nakikipagtulungan ang Health Net sa mga doktor, ospital, at iba pang provider sa pinaglilingkurang lugar ng Health Net para magbigay ng pangangalagang pangkalusugan sa aming mga miyembro. Bilang miyembro ng Health Net, maaari kang maging kwalipikado sa ilang serbisyo na ibinibigay sa pamamagitan ng FFS na Medi-Cal. Kasama sa mga ito ang mga reseta para sa outpatient, hindi inireresetang gamot, at ilang medikal na supply sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Sasabihin sa iyo ng Mga Serbisyo para sa Miyembro kung paano gumagana ang Health Net, kung paano mo makukuha ang pangangalagang kailangan mo, kung paano magpaiskedyul ng mga appointment sa provider sa oras ng bukas ang opisina, kung paano humiling ng mga serbisyo ng interpreter at pagsasaling-wika nang libre o ng nakasulat na impormasyon na nasa alternatibong mga format, at para malaman kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo para sa transportasyon.

Para alamin pa, tawagan ang 1-800-675-6110 (TTY 711). Mahahanap mo rin ang impormasyon ng Mga Serbisyo sa Miyembro online sa www.healthnet.com.

Pagpapalit ng mga planong pangkalusugan

Maaari kang umalis sa Health Net at sumali sa ibang planong pangkalusugan sa tinitirhan mong county anumang oras kung available ang ibang planong pangkalusugan. Para pumili ng bagong plano, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711). Maaring kang tumawag sa pagitan ng 8 a.m. at 6 p.m. Lunes hanggang Biyernes, or pumunta sa <https://www.healthcareoptions.dhcs.ca.gov>.

Umaabot nang hanggang hanggang 30 araw o mahigit pa para maproseso ang iyong kahilingang umalis sa Health Net at mag-enroll sa ibang plano sa iyong county. Para malaman ang status ng iyong kahilingan, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).

Kung gusto mong mas maagang umalis sa Health Net, maaari mong tawagan ang Health Care Options para humiling ng pinabilis na (mabilis) pag-alis sa pagkaka-enroll.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

Ang mga miyembrong maaaring humiling ng pinabilis na pag-alis sa pagkaka-enroll ay kinabibilangan ng, ngunit hindi limitado sa, mga batang nakakakuha ng mga serbisyo sa ilalim ng mga programa ng Foster Care o Adoption Assistance, mga miyembrong may mga espesyal na pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, at mga miyembrong naka-enroll na sa Medicare o iba pang Medi-Cal o commercial na plano ng pinapamahalaang pangangalaga.

Maaari mong hilinging umalis sa Health Net sa pamamagitan ng pakikipag-ugnayan sa iyong lokal na tanggapan ng iyong county. Hanapin ang iyong lokal na tanggapan ng county sa:

<http://www.dhcs.ca.gov/services/Medi-Cal/Pages/CountyOffices.aspx>.

O tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).

Mga estudyante na lumipat sa isang bagong county o umalis sa California

Maaari kang makakuha ng pangangalagang pang-emergency at agarang pangangalaga saanman sa Estados Unidos, kasama ang mga Teritoryo ng Estados Unidos. Ang regular na pangangalaga at pangangalagang pang-iwas sa sakit ay sinasakop lang sa county kung saan ka nakatira. Kung ikaw ay estudyante na lilipat sa bagong county sa California para kumuha ng mas mataas na edukasyon, kabilang ang kolehiyo, sasakupin ng Health Net ang mga serbisyo sa emergency room at agarang pangangalaga sa iyong bagong county.

Makakatanggap ka rin ng regular o pang-iwas sa sakit na pangangalaga sa iyong bagong county ngunit kailangang abisuhan mo ang Health Net. Magbasa pa sa ibaba.

Kung nag-enroll ka sa Medi-Cal at isa kang estudyante sa county na iba sa county ng California kung saan ka nakatira, hindi mo kailangang mag-apply ng Medi-Cal sa county na iyon.

Kapag pansamantala kang aalis sa bahay para mag-aral sa ibang county sa California, mayroon kang dalawang pagpipilian. Magagawa mong:

- Sabihin sa iyong eligibility worker sa lokal na tanggapan ng mga panlipunang serbisyo ng iyong county na pansamantala kang aalis para mag-aral sa isang paaralan para sa mas mataas na antas ng edukasyon at ibigay sa kannila ang iyong address sa bagong county. I-update ng county ang mga rekord ng kaso sa iyong bagong address at county code. Dapat mong gawin ito kung gusto mong patuloy na makakuha ng karaniwang pangangalaga o pangangalagang pang-iwas sa sakit habang nakatira ka sa bagong county. Kung ang Health Net ay hindi pinaglilingkuran ang county kung saan mag-aaral ka ng kolehiyo, baka kailangan mong palitan ang iyong mga planong pangkalusugan. Para sa mga tanong at para maiwasan ang pagkaantala sa pagsali sa bagong pangangalagang pangkalusugan, tawagan ang Health Care Options sa 1-800-430-4263 (TTY 1-800-430-7077 o 711).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.

Bumisita online sa www.healthnet.com.

O

- Kung ang Health Net ay hindi pinaglilingkuran ang bagong county kung saan ka mag-aaral ng kolehiyo, at hindi ka magpapalit ng iyong planong pangkalusugan na pinaglilingkuran ang county na iyon, makakakuha ka lang ng mga serbisyo ng emergency room at agarang pangangalaga para sa ilang kondisyon sa bagong county. Para alamin pa, basahin ang Kabanata 3, “Paano makakakuha ng pangangalaga” sa handbook na ito. Para sa regular na pangangalaga o pangangalagang pag-iwas sa sakit, kailangan mo gamitin ang mga network ng provider ng Health Net na matatagpuan sa Amador, Calaveras, Inyo, Los Angeles, Mono, Sacramento, San Joaquin, Stanislaus, Tulare, ant Tuolumne na mga county.

Kung pansamantala kang aalis sa California para maging mag-aaral sa ibang estado at gusto mong panatilihin ang iyong coverage sa Medi-Cal, kontakin ang iyong eligibility worker sa tanggapan para sa panlipunang serbisyo sa iyong lokal na county. Hangga’t kwalipikado ka, sasakupin ng Medi-Cal ang serbisyong pang-emergency at agarang pangangalaga sa ibang estado. Sasakupin din ng Medi-Cal ang pangangalagang pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico.

Hindi sinasakop ang mga serbisyo sa karaniwang pangangalaga at mga serbisyo ng pangangalagang pang-iwas sa sakit kapag ikaw ay nasa labas ng California. Hindi ka magiging kwalipikado para sa coverage ng benepisyong pangmedikal ng Medi-Cal para sa mga serbisyong iyon na wala sa estado. Hindi babayaran ng Health Net ang iyong pangangalagang pangkalusugan. Kung gusto mo ng Medicaid sa ibang estado, kakailanganin mong mag-apply sa estadong iyon. Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang mga pang-emergency, agaran, o anumang iba pang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa labas ng Estados Unidos, maliban sa pangangalagang pang-emergency na nangangailangang maospital sa Canada at Mexico gaya ng nakasaad sa Kabanata 3.

Ang mga benepisyo sa parmasya na wala sa estado ay limitado sa hanggang 14 na araw na pang-emergency na supply kapag ang mga pagkaantala ay pipigilan ang serbisyo na medikal na kinakailangan. Para sa higit pang tulong, tumawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 o bisitahin sila online sa <https://Medi-Calrx.dhcs.ca.gov/home>.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Pagpapatuloy ng pangangalaga

Pagpapatuloy ng pangangalaga para sa provider na wala sa network

Bilang miyembro ng Health Net, makukuha mo ang iyong pangangalagang pangkalusugan mula sa mga provider na nasa network ng Health Net. Para malaman kung nasa network ng Health Net ang provider ng pangangalagang pangkalusugan, basahin ang Direktoryo ng Provider. Mahahanap mo rin ang Direktoryo ng Provider sa website ng Health Net sa www.healthnet.com. Ang mga provider na hindi nakalista sa direktoryo ay maaaring wala sa network ng Health Net.

Sa ilang sitwasyon, maaari makakuha ka ng pangangalaga mula sa mga provider na wala sa network ng Health Net. Kung kailangan mong palitan ang iyong planong pangkalusugan o para lumipat sa pinamamahalaang pangangalaga mula sa FFS na Medi-Cal, o nagkaroon ka ng provider na nasa network pero wala na ngayon sa network, maaaring mapanatili mo ang iyong provider kahit na wala na siya sa network ng Health Net. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga.

Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network, tumawag ng Health Net para humiling ng pagpapatuloy ng pangangalaga. Maaari kang makakuha ng pagpapatuloy ng pangangalaga ng hanggang 12 buwan, o mahigit pa kung totoo ang lahat ng ito:

- Mayroon kang kasalukuyang ugnayan sa provider na wala sa network, bago ka pa mag-enroll sa Health Net.
- Pumunta ka sa provider na wala sa network para sa hindi pang-emergency na pagpapatingin nang kahit isang beses sa loob ng 12 buwan bago ang iyong pag-enroll sa Health Net.
- Handa ang provider na wala sa network na makipagtulungan sa Health Net at sumasang-ayon siya sa mga kinakailangan ayon sa kontrata at pagbababayad sa mga serbisyo ng Health Net.
- Natutugunan ng provider na wala sa network ang mga pamantayan ng propesyonal ng Health Net.
- Naka-enroll at kalahok ang provider na wala sa network sa programa ng Medi-Cal.

Para alamin pa, tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Kung hindi sasali ang iyong mga provider sa network ng Health Net sa pagtatapos ng 12 buwan, hindi sasang-ayon sa mga rate ng bayad ng Health Net, o hindi nakakatugon sa mga kinakailangan sa kalidad ng pangangalaga, kakailanganin mong magpalit ng provider na nasa loob network ng Health Net. Para pag-usapan ang iyong mga pagpipilian, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

Hindi kailangang magbigay ang Health Net ng pagpapatuloy ng pangangalaga para sa provider na wala sa network para sa ilang pantulong (sumusuportang) mga serbisyo tulad ng radiology, laboratoryo, mga dialysis center o transportasyon. Makukuha mo ang mga serbisyo ng ito sa isang provider na nasa network ng Health Net.

Para alamin pa ang tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga at kung kwalipikado ka, tumawag sa 1-800-675-6110.

Pagkumpleto ng mga sakop na serbisyo mula sa isang provider na wala sa network

Bilang miyembro ng Health Net, makukuha mo ang mga sakop na serbisyo mula sa mga provider na nasa network ng Health Net. Kung ginagamot ka para sa ilang kondisyon sa kalusugan sa oras na nag-enroll ka sa Health Net o sa oras na umalis sa network ng Health Net ang iyong provider, maaari ka pa ring makakuha ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa provider na wala sa network.

Maaari mong ipagpatuloy ang pangangalaga sa provider na wala sa network para sa partikular na panahon kung kailangan mo ng mga sakop na serbisyo para sa mga kondisyon sa kalusugan na ito:

Kondisyon sa kalusugan	Panahon
Mga malubhang kondisyon (isang medikal na isyu na nangangailangan ng mabilisang atensyon).	Hangga't mayroon kang malubhang kondisyon.
Seryoso at hindi gumagaling na mga pisikal na kondisyon at mga kondisyon sa pag-uugali (seryosong isyu sa pangangalagang pangkalusugan na matagal ka nang mayroon).	Hanggang 12 buwan mula sa pagsisimula ng coverage o sa petsa na magtatapos ang kontrata ng provider sa Health Net.
Pangangalaga sa pagbubuntis at pagkatapos magbuntis (pagkatapos manganak).	Habang nagbubuntis ka at hanggang 12 buwan pagkatapos ng pagbubuntis.
Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip ng ina.	Hanggang 12 buwan mula sa diagnosis o mula sa pagtatapos ng pagbubuntis, alinman ang mas nahuli.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

Kondisyon sa kalusugan	Panahon
Pangangalaga ng bagong panganak na sanggol sa pagitan ng kapanganakan at 36 na buwang gulang.	Hanggang 12 buwan mula sa petsa ng pagsisimula ng coverage o ang petsa na pagtatapos ng kontrata ng provider sa Health Net.
Nakamamatay na karamdaman (isyung medikal na nakamamatay).	Hangga't may karamdaman ka. Maaari ka pa ring makakuha ng mga serbisyo nang mahigit sa 12 buwan mula sa petsa na nag-enroll ka sa Health Net o ang oras na tumigil magtrabaho ang provider sa Health Net.
Pagsasagawa ng operasyon o iba pang procedure na medikal mula sa provider na wala sa network basta't sakop ito, medikal na kinakailangan, at awtorisado ng Health Net bilang bahagi ng isang nakadokumentong haba ng paggamot at inirekomenda at naidokumento ng provider.	Ang operasyon o iba pang medikal na procedure ay dapat na mangyari sa loob ng 180 araw mula sa petsa ng pagtatapos ng kontrata ng provider o 180 araw mula sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng iyong pagkaka-enroll sa Health Net.

Para sa ibang kondisyon na maaaring maging kwalipikado, tumawag sa 1-800-675-6110.

Kung ayaw ng provider na wala sa network na magbigay ng mga serbisyo o hindi siya sumasang-ayon sa mga hinihiling sa kontrata ng Health Net, pagbabayad o iba pang mga tuntunin para sa pagbibigay ng pangangalaga, hindi ka makakakuha ng patuloy na pangangalaga mula sa provider. Maaari kang patuloy na makakuha ng mga serbisyo mula sa ibang provider na nasa network ng Health Net.

Para sa tulong na piliing magpatuloy ang nakakontratang provider sa pangangalaga sa iyo o kung mayroon kang mga tanong o problemang magkakuha ng mga sakop na serbisyo mula sa provider na wala sa network ng Health Net, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Hindi kinakailangan ng Health Net na magbigay ng pagpapatuloy ng pangangalaga para sa mga serbisyong hindi sinasakop ng Medi-Cal o hindi sakop sa ilalim ng kontrata ng Health Net sa DHCS. Para alamin pa ang tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga, pagiging kwalipikado, at mga available na serbisyo, tumawag sa 1-800-675-6110.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga Gastos

Mga gastos ng miyembro

Pinaglilingkuran ng Health Net ang mga taong kwalipikado para sa Medi-Cal. Sa karamihan ng sitwasyon, ang mga miyembro ng Health Net ay hindi kailangang magbayad para sa mga sakop na serbisyo, mga premium o mga deductible.

Kung American Indian ka, hindi mo kailangang magbayad ng mga fee para sa pag-enroll, mga premium, deductible, co-pay, pagbabahagi sa gastos, o iba pang katulad na singil. Hindi dapat singilin ng Health Net ang sinumang miyembrong American Indian na kukuha ng item o serbisyo mula mismo sa isang IHCP o sa pamamagitan ng referral sa isang IHCP o bawasan ang mga pagbabayad dahil sa isang IHCP ng halaga ng anumang fee sa pag-enroll, premium, deductible, copayment, pagbabahagi sa gastos, o katulad na singil.

Kung ikaw ay naka-enroll sa Programa ng Inisiyatiba sa Kalusugan ng mga Bata ng County (CCHIP) sa mga county ng Santa Clara, San Francisco o San Mateo o naka-enroll sa Medi-Cal for Families, maaari kang magkaroon ng buwanang premium at mga co-pay.

Maliban sa pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga na wala sa pinaglilingkurang lugar ng Health Net, o sensitibong pangangalaga, dapat ay kumuha ka ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net bago ka magpatingin sa provider na wala sa network ng Health Net. Kung hindi ka makakakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at pupunta ka sa isang provider na wala sa network para sa pangangalaga na hindi pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga na wala sa area, o sensitibong pangangalaga, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalagang nakuha mo mula sa provider na iyon. Para sa listahan ng mga sakop na serbisyo, basahin ang Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo” sa handbook na ito. Makikita mo ring mahanap ang Direktoryo ng Provider sa website ng Health Net sa www.healthnet.com.

Para sa mga miyembrong may pangmatagalang pangangalaga at Buwanang Gastos ng Residente

Maaaring kailanganin mong magbayad ng Buwanang Gastos ng Residente (bahagi sa gastos) bawat buwan para sa iyong mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga. Nakadepende ang halaga ng iyong Buwanang Gastos ng Residente sa iyong kita. Kada buwan, babayaran mo ang mga sarili mong bayarin sa pangangalagang pangkalusugan, kasama ang, ngunit hindi limitado sa mga bayarin sa mga pangmatagalang pangangalaga, hanggang sa maging katumbas ng halagang binayaran mo ang iyong Buwanang Gastos ng Residente. Pagkatapos noon, sasakupin ng Health Net ang iyong pangmatagalang pangangalaga para sa buwan na



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

iyon. Hindi ka sasakupin ng Health Net hanggang sa mabayaran mo ang buong Buwanang Gastos ng Residente sa pangmatagalang pangangalaga para sa buwan.

Paano binabayaran ang provider

Binabayaran ng Health Net ang mga provider sa mga paraang ito:

- Mga capitation na pagbabayad
 - Binabayaran ng Health Net ang ilang provider ng natakandang halaga ng pera kada buwan para sa bawat miyembro ng Health Net. Tinatawag itong capitation na pagbabayad. Nagtutulungan ang Health Net at mga provider para pagpasyahan ang halaga ng bayad.
- Mga pagbabayad ng FFS
 - Nagbibigay ang ilang provider ng pangangalaga sa mga miyembro ng Health Net at nagpapadala ng bayarin sa Health Net para sa mga serbisyong ibinigay nila. Tinatawag itong pagbabayad ng FFS. Nagtutulungan ang Health Net at mga provider para pagpasyahan kung magkano ang halaga ng bawat serbisyo.
- Pagbabayad ng Insentibo
 - Binabayaran ng Health Net ang ilang partikular na sukatan ng kalidad.

Para alamin pa ang tungkol sa kung paano binabayaran ng Health Net ang mga provider, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Kung makakatanggap ka ng bayarin mula sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan

Ang mga sakop na serbisyo ay mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na dapat bayaran ng Health Net. Kung makakatanggap ka ng bayarin para sa anumang sakop na serbisyo ng Medi-Cal, huwag bayaran ang bayarin. Tawagan kaagad ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Tutulungan ka ng Health Net na alamin kung tama ang bayarin.

Kung makakatanggap ka ng bayarin mula sa parmasya para sa inireresetang gamot, mga supply, o mga supplement, tumawag sa Customer Service ng Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ang mga gumagamit ng TTY ay maaaring gamitin ang opsyon na 7 o tumawag sa 711. Maaari ka ring pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://Medi-Calrx.dhcs.ca.gov/home/>.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Paghiling sa Health Net na bayaran ka para sa mga gastos

Kung ikaw ang nagbayad para sa mga serbisyong natanggap mo na, maaari kang maging kwalipikado sa pagbabalik ng bayad (pagbabayad sa iyo), kung matutugunan mo ang **lahat** ng kondisyong ito:

- Ang serbisyong natanggap mo ay isang sakop na serbisyo na dapat bayaran ng Health Net. Hindi ka ire-reimburse ng Health Net para serbisyo na hindi sakop ng Health Net.
- Natanggap mo ang sakop na serbisyo habang kwalipikadong miyembro ka ng Health Net.
- Hihilingin mong mabayaran ka sa loob ng isang taon mula sa petsa na natanggap mo ang sakop na serbisyo.
- Magpapakita ka ng katunayan na binayaran mo, o ng isang tao sa ngalan mo, ang sakop na serbisyo, gaya ng isang detalyadong resibo mula sa provider.
- Natanggap mo ang sakop na serbisyo mula sa isang provider na naka-enroll sa Medi-Cal na nasa network ng Health Net. Hindi mo kailangang matugunan ang kondisyong ito kung nakatanggap ka ng pangangalagang pang-emergency, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o iba pang serbisyong pinapayagan ng Medi-Cal na isagawa ng mga provider na wala sa network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).
- Kung karaniwang humihingi ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ang sakop na serbisyo, kailangan mong magbigay ng katunayan mula sa provider na nagpapakita ng pangangailangang medikal para sa sakop na serbisyo.

Ipapaalam sa iyo ng Health Net kung ire-reimburse ka nila sa pamamagitan ng sulat na tinatawag na Abiso ng Aksyon (NOA). Kung matutugunan mo ang lahat ng kondisyon sa itaas, dapat ay ibalik ng provider na naka-enroll sa Medi-Cal ang buong halagang binayaran mo. Kung tatanggi ang provider na bayaran ka, babayaran ka ng Health Net para sa buong halagang binayaran mo.

Kung naka-enroll ang provider sa Medi-Cal, pero wala ito sa network ng Health Net at tatanggi itong bayaran ka, babayaran ka ng Health Net, pero hanggang sa halaga lang na babayaran ng FFS na Medi-Cal. Babayaran ka ng Health Net para sa buong halaga ng gastos na mula sa sariling bulsa para sa pangangalagang pang-emergency, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o iba pang serbisyo na pinapayagan ng Medi-Cal na ibigay ng mga provider na wala sa network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung hindi mo matutugunan ang isa sa mga kondisyon sa itaas, hindi ka babayaran ng Health Net.

Hindi ka babayaran ng Health Net kung:

- Humiling at nakatanggap ka ng mga serbisyong hindi sakop ng Medi-Cal gaya ng mga serbisyong pangkosmetiko.
- Ang serbisyo ay hindi sakop na serbisyo ng Health Net.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

2 | Tungkol sa iyong planong pangkalusugan

- May hindi ka pa nababayaranang Monthly Resident Cost ng Medi-Cal.
- Nagpunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pumirma ka sa isang form na sinabing gusto mo pa ring magpatingin at ikaw mismo ang magbabayad para sa mga serbisyo.
- May mga co-pay ka sa Medicare Part D para sa mga inireresetang gamot na sakop ng iyong plano ng Medicare Part D.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

3. Paano makakakuha ng pangangalaga

Pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan

MANGYARING BASAHIN ANG SUMUSUNOD NA IMPORMASYON PARA MALAMAN MO KUNG KANINO O SA ANONG GRUPO NG MGA PROVIDER MAKAKAKUHA NG PANGANGALAGANG PANGKALUSUGAN.

Maaari kang magsimulang tumanggap ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan sa petsa ng pagkakaroon ng bisa ng iyong pagkaka-enroll sa Health Net. Palaging dalhin ang iyong card ng Pagkakakilanlan (ID) sa Health Net, Card ng Pagkakakilanlan para sa mga Benepisyo sa Medi-Cal (BIC), at anumang card ng insurance sa kalusugan. Huwag kailanman hayaan ang sinumang gamitin ang iyong BIC card o ID card sa Health Net.

Kailangang pumili ng pangunahing provider ng pangangalaga (PCP) ang mga bagong miyembro na mayroon lang coverage sa Medi-Cal na nasa network ng Health Net. Hindi kailangang pumili ng PCP ang mga bagong miyembro na may parehong Medi-Cal at komprehensibong iba pang coverage sa kalusugan.

Ang Medi-Cal network ng Health Net ay isang grupo ng mga doktor, ospital at iba pang mga provider na nakikipagtulungan sa Health Net. Kung mayroon ka lang coverage sa Medi-Cal, dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa oras na maging miyembro ka ng Health Net. Kung hindi ka pipili ng PCP, ang Health Net ang pipili para sa iyo.

Maaari kang pumili ng parehong PCP o iba't ibang PCP para sa lahat ng miyembro ng pamilya sa Health Net, basta't available ang PCP.

Kung mayroon kang doktor na gusto mong panatilihin, o gusto mong humanap ng bagong PCP, pumunta sa Direktoryo ng Provider para sa listahan ng lahat ng PCP at iba pang provider na nasa network ng Health Net. May iba pang impormasyon ang Direktoryo ng Provider para matulungan kang pumili ng PCP. Kung kailangan mo ng Direktoryo ng Provider, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Mahahanap mo rin ang Direktoryo ng Provider sa website ng Health Net sa www.healthnet.com.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Kung hindi mo makukuha ang pangangalagang kailangan mo sa kalahok na provider na nasa network ng Health Net, dapat humingi ang iyong PCP o espesyalista na nasa network ng Health Net ng pag-apruba mula sa Health Net para ipadala ka sa isang provider na wala sa network. Tinatawag itong referral. Hindi mo kailangan ng referral para makapunta sa isang provider na wala sa network para kumuha ng mga serbisyo ng sensitibong pangangalaga na nakalista sa ilalim ng heading na “Sensitibong pangangalaga” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Basahin ang natitirang bahagi ng kabanatang ito para alamin pa ang tungkol sa mga PCP, Direktoryo ng Provider, at network ng provider.

Ang programa ng Medi-Cal Rx ay nagbibigay ng coverage sa inireresetang gamot para sa outpatient. Para alamin pa, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Pangunahing provider ng pangangalaga (PCP)

Ang iyong pangunahing provider ng pangangalaga (PCP) ay ang lisensiyadong provider na pinupuntahan mo para sa karamihan ng iyong pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ka ng iyong PCP na makuha ang iba pang mga uri ng pangangalagang kailangan mo. Dapat kang pumili ng PCP sa loob ng 30 araw mula sa iyong pag-enroll sa Health Net. Depende sa edad at kasarian mo, maaari kang pumili ng pangkalahatang practitioner, OB/GYN, family practitioner, internist, o pediatrician bilang iyong PCP.

Maaari ding gumanap bilang iyong PCP ang isang nurse practitioner (NP), physician assistant (PA) o sertipikadong kumadronang nars. Kung pipili ka ng NP, PA o sertipikadong kumadronang nars, maaaring may italaga sa iyong doktor na mangangasiwa sa iyong pangangalaga. Kung nasa parehong Medicare at Medi-Cal ka, o kung mayroon ka ring iba pang komprehensibong insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP.

Maaari kang pumili ng Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP), Pederal na Kuwalipikadong Health Center (FQHC), o Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (RHC) bilang iyong PCP. Depende sa uri ng provider, maaari kang pumili ng isang PCP para sa iyong sarili at sa iba pang mga miyembro ng iyong pamilya na mga miyembro ng Health Net, basta't available ang PCP.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Tandaan: Ang mga American Indian ay maaaring pumili ng IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala sa network ng Health Net ang IHCP.

Kung hindi ka pipili ng PCP sa loob ng 30 araw ng pagkaka-enroll, itatalaga ka ng Health Net sa isang PCP. Kung maitatalaga ka sa isang PCP at gusto mong magpalit, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Mangyayari ang pagbabago sa unang araw ng susunod na buwan.

Ang iyong PCP ay:

- Aalamin ang iyong kasaysayang pangkalusugan at mga pangangailangan
- Magpapanatili ng mga talaan ng kalusugan mo
- Ibibigay sa iyo ang kailangan mong pangangalagang pangkalusugan na pang-iwas sa sakit at karaniwang pangangalagang pangkalusugan
- Ire-refer ka sa isang espesyalista kung kailangan mo nito
- Mag-aayos ng pangangalaga sa ospital kung kailangan mo ito

Maaari kang tumingin sa Direktoryo ng Provider para maghanap ng PCP sa network ng Health Net. Ang Direktoryo ng Provider ay may listahan ng mga IHCP, FQHC at RHC na nakikipagtulungan sa Health Net. Kasama rito ang impormasyon ng provider tulad ng kanilang mga pangalan, address, numero ng telepono, espesyalidad at marami pa.

OMahahanap mo ang Direktoryo ng Provider ng Health Net sa www.healthnet.com, o maaari mong hilinging padalhan ka ng kopya ng Direktoryo ng Provider sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaari ka ring tumawag para malaman kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang PCP na gusto mo.

Mga mapagpipiliang doktor at iba pang mga provider

Ikaw ang pinakamahusay na nakakaalam ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamainam na ikaw na ang pumili ng iyong PCP. Pinakamainam na manatili sa iisang PCP nang sa gayon ay malaman niya ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Gayunpaman, kung gusto mong lumipat sa bagong PCP, maaari kang lumipat anumang oras. Dapat kang pumili ng PCP na nasa network ng provider ng Health Net at tumatanggap ng mga bagong pasyente.

Ang bago mong pipiliin ang iyong magiging PCP sa unang araw ng susunod na buwan pagkatapos mong isagawa ang pagbabago.

Para palitan ang iyong PCP, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Maaaring palitan ng Health Net ang iyong PCP kung hindi tumatanggap ang PCP ng mga bagong pasyente, kung umalis na siya sa network ng Health Net o hindi siya nagbibigay ng pangangalaga sa mga pasyenteng kasing edad mo, o kung may mga alalahanin sa kalidad ng PCP na hindi nalulutas. Maaari ding hilingin sa iyo ng Health Net o ng iyong PCP na lumipat sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

bagong PCP kung hindi kayo magkasundo o sang-ayon sa iyong PCP, o kung nakakaligtaan o nahuhuli ka sa mga appointment. Kung kailangang palitan ng Health Net ang iyong PCP, sasabihan ka ng Health Net sa sulat.

Kung magbabago ang iyong PCP, makakatanggap ka ng sulat at bagong ID card ng miyembro ng Health Net sa koreo. May pangalan ng iyong bagong PCP. Tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro kung may mga tanong ka tungkol sa pagkuha ng bagong ID card.

Ilang bagay para pag-isipan kapag pumipili ng PCP:

- Nag-aalaga ba ba ang PCP ng mga bata?
- Nagtatrabaho ba ang PCP sa isang klinikang gusto kong gamitin?
- Malapit lang ba ang tanggapan ng PCP sa aking bahay, trabaho, o paaralan ng aking mga anak?
- Malapit lang ba ang tanggapan ng PCP sa aking tirahan at madali bang puntahan ang tanggapan ng PCP?
- Sinasalita ba ng mga doktor at kawani ang aking wika?
- Nakikipagtulungan ba ang PCP sa isang ospital na gusto ko?
- Ibinibigay ba ng PCP ang mga serbisyong kailangan ko?
- Akma ba sa iskedyul ko ang mga oras ng tanggapan ng PCP?
- Nakikipagtulungan ba ang PCP sa mga espesyalista na ginagamit ko?

Inisyal na Appointment sa Kalusugan (Initial Health Appointment o IHA)

Inirerekomenda ng Health Net na, bilang isang bagong miyembro, magpatingin ka sa iyong bagong PCP sa loob ng unang 120 araw para sa unang appointment sa kalusugan (Initial Health Appointment, IHA). Ang layunin ng unang na appointment sa kalusugan ay tulungan ang iyong PCP na malaman ang iyong nakaraan at kasalukuyang pangangalagang pangkalusugan at mga pangangailangan. Maaaring magtanong sa iyo ang PCP mo tungkol sa iyong nakaraan at kasalukuyang kalusugan o maaari niyang hilingin sa iyo na kumpletuhin ang talatanungan. Sasabihin din sa iyo ng PCP mo ang tungkol sa pagpapayo at mga klase para sa edukasyong pangkalusugan na maaaring makatulong sa iyo.

Kapag tumawag ka upang magpa-iskedyul ng iyong unang appointment sa kalusugan, sabihin sa taong sasagot sa telepono na miyembro ka ng Health Net. Ibigay ang numero ng iyong Health Net ID.

Dalhin ang iyong Medi-Cal BIC card at Health Net ID card sa iyong appointment. Magandang ideyang magdala ng listahan ng iyong mga gamot at tanong sa iyong pagpapatingin. Maghandang makipag-usap sa iyong PCP tungkol sa iyong mga pangangailangan at alalahanin sa pangangalagang pangkalusugan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Tiyaking tumawag sa tanggapan ng iyong PCP kung mahuhuli ka o hindi ka makakapunta sa iyong appointment.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa iyong unang appointment sa kalusugan, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Regular na pangangalaga

Ang regular na pangangalaga ay regular na pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang pangangalaga na pag-iwas sa sakit, na tinatawag ding pangangalaga para manatiling malusog o pangangalaga habang walang sakit. Tinutulungan ka nitong manatiling malusog at iniwas ka na magkasakit. Kabilang sa pangangalaga para sa pag-iwas sa sakit ang mga regular na check-up, screening, bakuna, edukasyong pangkalusugan, at pagpapayo.

Inirerekomenda ng Health Net lalo na sa mga bata na kumuha ng regular na karaniwan at pag-iwas sa sakit na pangangalaga. Makukuha ng mga miyembro ng Health Net ang lahat ng inirerekomendang serbisyo para sa maagang pag-iwas sa sakit mula sa American Academy of Pediatrics at ang Centers for Medicare and Medicaid Services. Kasama sa mga screening na ito ang screening sa pandinig at paningin, na makakatulong na matiyak ang malusog na paglaki at kaalaman. Para sa listahan ng mga serbisyong inirerekomenda ng pediatrician, basahin ang mga alituntunin ng “Bright Futures” mula sa American Academy of Pediatrics sa https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf.

Kasama rin sa regular na pangangalaga kapag ikaw ay may sakit. Sinasakop ng Health Net ang karaniwang pangangalaga mula sa iyong PCP.

Ang iyong PCP ay:

- Ibibigay sa iyo ang karamihan ng iyong regular na pangangalaga, kabilang ang mga regular na check-up, pagbabakuna (mga iniksyon), paggamot, mga gamot, kinakailangang screening, at medikal na payo.
- Magtatabi ng inyong mga tala sa kalusugan.
- Ire-refer ka sa mga espesyalista kung kinakailangan.
- Mag-order ng mga X-ray, mammogram, o lab work kung kinakailangan ninyo ang mga ito.

Kapag kailangan mo ng regular na pangangalaga, tatawagan mo ang iyong PCP para sa isang appointment. Tiyaking tawagan ang iyong PCP bago ka tumanggap ng medikal na pangangalaga, maliban na lang kung emergency ito. Para sa pangangalagang pang-emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.

Para alamin pa tungkol sa pangangalagang pangkalusugan at mga serbisyong sinasakop ng Health Net at kung ano ang hindi nito sinasakop, basahin ang Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo” at Kabanata 5, “Pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan” sa handbook na ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Ang lahat ng mga provider na nasa network ng Health Net ay magagamit ang mga tulong at serbisyo para makipag-usap sa mga taong may mga kapansanan. Maaari rin silang makipag-ugnayan sa iyo sa ibang wika o format. Sabihin sa iyong provider o sa Health Net kung anong kailangan mo.

Network ng provider

Ang network ng provider ng Medi-Cal ay ang grupo ng mga doktor, ospital at iba pang provider na nakikipagtulungan sa Health Net para ibigay sa mga miyembro ng Medi-Cal ang mga sinasakop na serbisyo ng Medi-Cal.

Ang Health Net ay isang planong pangkalusugan para sa pinamamahalaang pangangalaga. Kapag pinili mo ang aming Medi-Cal Plan, pinipili mong makuha ang pangangalaga sa iyo sa pamamagitan ng aming programa sa pangangalagang medikal. Dapat makuha mo ang karamihan sa iyong mga sakop na serbisyo sa pamamagitan ng Health Net mula sa aming mga provider na nasa network. Maaari kang pumunta sa provider na wala sa network nang walang referral o paunang pag-apruba para sa pangangalagang pang-emergency o para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya. Maaari ka ring pumunta sa provider na wala sa network para sa agarang pangangalaga na wala sa lugar kapag ikaw ay nasa lugar na hindi namin pinaglilingkuran. May referral ka dapat o paunang pag-apruba para sa lahat ng iba pang serbisyo na wala sa network, o hindi sasakupin ang mga ito.

Tandaan: Ang mga American Indian ay maaaring pumili ng IHCP bilang kanilang PCP, kahit na wala sa network ng Health Net ang IHCP.

Kung may moral na pagtanggì ang iyong PCP, ospital o iba pang provider sa pagbibigay ng sakop na serbisyo sa iyo, gaya ng pagpapalano ng pamilya o abortion, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Para sa higit pang impormasyon tungkol sa moral na mga pagtutol, basahin ang seksyong “Moral na pagtutol” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Kung may moral na patutol ang iyong provider sa pagbibigay sa iyo ng mga sinasakakop na serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, matutulungan ka nilang maghanap ng ibang provider na magbibigay ng mga serbisyong kailangan mo. Maaari ka ring tulungan ng Health Net na humanap ng provider na magsasagawa ng serbisyo.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga provider na nasa network

Gagamit ka ng mga provider sa network ng Health Net para sa karamihan ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan. Makakakuha ka ng pag-iwas sa sakit at regular na pangangalaga mula sa mga provider na nasa network. Gagamit ka rin ng mga espesyalista, ospital at iba pang provider na nasa network ng Health Net.

Para makakuha ng Direktoryo ng Provider ng mga provider na nasa network, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Makikita mo ang Provider Directory online sa www.healthnet.com. Para makakuha ng kopya ng Listahan ng Mga Gamot ayon sa Kontrata, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://Medi-Calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Dapat kumuha ka ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net bago ka magpatingin sa provider na wala sa network maliban kung:

- Kung kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.
- Kung nasa labas ka ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net at kailangan ng agarang pangangalaga, pumunta sa anumang urgent care facility.
- Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, pumunta sa kahit anong provider ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Kung wala ka sa isa sa mga sitwasyong nakalista sa itaas at hindi ka makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) bago makakuha ng pangangalaga mula sa provider na wala sa network, maaaring responsibilidad mong bayaran ang anumang pangangalagang makukuha mo mula sa mga provider na wala sa network.

Mga provider na wala sa network na nasa loob ng pinaglilingkurang lugar

Ang mga provider na wala sa network na walang kasunduang makipagtulungan sa Health Net. Maliban sa pangangalagang pang-emergency, at pangangalaga na paunang inaprubahan ng Health Net, maaaring kailangan mong magbayad para sa anumang pangangalaga ng nakukuha mo sa mga provider na wala sa network sa iyong pinaglilingkurang lugar.

Kung kailangan mo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na medikal na kinakailangan na hindi available sa network, maaari mong makuha ang mga ito mula sa provider na wala sa network nang libre. Maaaring aprubahan ang referral ng Health Net sa isang provider na wala sa network kung ang mga serbisyong kailangan mo ay hindi available sa network o napakalayo sa iyong tahanan. Para sa mga standard na oras at distansiya ng mga Health Netkung saan ka nakatira, pumunta sa [Health Net Access Standards](#). Kung bibigyan ka namin ng referral sa provider na wala sa network, babayaran namin ang iyong pangangalaga.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Para sa agarang pangangalaga sa loob ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net, dapat kang pumunta sa provider ng agarang pangangalaga na nasa network ng Health Net. Hindi mo na kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na nasa network. Kailangan mong makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para makakuha ng agarang pangangalaga mula sa isang provider na wala sa network sa loob ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net

Kung makakuha ka ng paunang pag-apruba mula sa provider na wala sa network sa loob ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalagang iyon. Maaari mong basahin ang higit pa tungkol sa pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, at mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga sa kabanatang ito.

Tandaan: Kung isa kang American Indian, maaari kang kumuha ng pangangalaga sa isang IHCP sa labas ng aming network ng provider nang walang referral. Ang IHCP na wala sa network ay maaari ring i-refer ang mga miyembro ng American Indian sa isang provider na nasa network nang hindi muna nangangailangan ng referral mula sa PCP na nasa network.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga serbisyong wala sa network, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Sa labas ng pinaglilingkurang lugar

Kung nasa labas ka ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net at nangangailangan ka ng pangangalagang **not** isang emergency o agaran, tawagan kaagad ang iyong PCP. O tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Para sa pangangalagang pang-emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital. Sinasaop ng Health Net ang pangangalagang pang-emergency na wala sa network. Kung bibiyahe ka papunta ng Canada o Mexico at kailangan mo ng mga serbisyong pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital, sasakupin ng Health Net ang iyong pangangalaga. Kung bumibiyahe ka sa labas ng Canada o Mexico at kailangan mo ng pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, o anumang serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, ang Health Net ay **hindi** sasakupin ang iyong pangangalaga.

Kung nagbayad ka para sa mga pangangalagang pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico, maaari mong hilingin sa Health Net na bayaran ka. Hindi susuriin ng Health Net ang kahilingan mo. Para alamin pa ang tungkol sa paano mababayaran, basahin ang Kabanata 2, “Tungkol sa iyong planong pangkalusugan” sa handbook na ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Kung nasa ibang estado ka o nasa Teritoryo ng Estados Unidos tulad ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o United States Virgin Islands, sakop ka para sa pangangalagang pang-emergency. Hindi lahat ng ospital at doktor ay tumatanggap ng Medicaid. (Medi-Cal ang tawag sa Medicaid sa California lang.) Kung kailangan mo ng pangangalagang pang-emergency sa labas ng California, sabihin kaagad sa ospital o doktor sa emergency room na mayroon kang Medi-Cal at isa kang miyembro ng Health Net

Hilingin sa ospital na gumawa ng mga kopya ng iyong Health Net ID card. Sabihin sa ospital at mga doktor na singilin ang Health Net. Kung makakatanggap ka ng bayarin para sa mga serbisyong natanggap mo sa ibang estado, tawagan kaagad ang Health Net. Makikipagtulungan kami sa ospital at/o doktor para maiayos na Health Net ang magbayad para sa iyong pangangalaga.

Kung nasa labas ka ng California at may pang-emergency kang pangangailangan na kumuha ng mga inireresetang gamot para sa outpatient, patawagin ang parmasya sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273.

Tandaan: Maaaring kumuha ng mga serbisyo ang mga American Indian mula sa mga IHCP na wala sa network.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa pangangalagang wala sa network o wala sa pinaglilingkurang lugar, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711) 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga. Kung bumibiyahe ka sa labas ng U.S., maliban sa Canada o Mexico, at nangangailangan ka ng agarang pangangalaga, hindi sasakupin ng Health Net ang iyong pangangalaga. Para sa higit pang impormasyon tungkol sa agarang pangangalaga, basahin ang “Agarang pangangalaga” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Paano gumagana ang pinamamahalaang pangangalaga

Ang Health Net ay isang planong pangkalusugan para sa pinamamahalaang pangangalaga. Ang Health Net ay nagbibigay ng pangangalaga sa mga miyembrong nakatira sa mga county ng Amador, Calaveras, Inyo, Los Angeles, Mono, Sacramento, San Joaquin, Stanislaus, Tulare, at Tuolumne. Sa pinapamahalaang pangangalaga, nagtutulungan ang iyong PCP, mga espesyalista, klinika, ospital at iba pang provider para pangalagaan ka.

Nakikipagkontrata ang Health Net sa mga medikal na grupo para magbigay ng pangangalaga sa mga miyembro ng Health Net. Ang medikal na grupo ay binubuo ng mga doktor na mga PCP at espesyalista. Nakikipagtulungan ang medikal na grupo sa iba pang provider tulad ng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

mga laboratoryo at supplier ng matibay na kagamitang pangmedikal. Konektado rin ang medikal na grupo sa ospital. Tingnan ang iyong ID ng Health Net para sa mga pangalan para sa iyong PCP, medikal na grupo, at ospital.

Kapag sumali ka sa Health Net, pipili ka o itatalaga ka sa isang PCP. Ang iyong PCP ay bahagi ng medikal na grupo. Ang iyong PCP at medikal na grupo ang namamahala sa pangangalaga para sa lahat ng iyong pangangailangang medikal. Maaari kang i-refer ng PCP sa mga espesyalista o mag-order ng mga pagsusuri sa laboratoryo at mga X-ray. Kung kailangan mo ng mga serbisyo na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot), susuriin ng Health Net o ng iyong medikal na grupo ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at magpapasya kung aaprubahan ang serbisyo.

Sa karamihan ng mga sitwasyon, dapat kang pumunta sa mga espesyalista at iba pang propesyonal sa kalusugan na nakikipagtulungan sa parehong medikal na grupo bilang iyong PCP. Maliban sa mga emergency, dapat ka ring makakuha ng pangangalaga sa ospital mula sa ospital na konektado sa iyong medikal na grupo. Kung mayroon kang medikal na emergency, makukuha kaagad ang iyong pangangalaga sa alinmang emergency room, ospital o pasilidad ng agarang pangangalaga, kahit na hindi ito konektado sa iyong medikal na grupo. Para alamin pa, basahin ang Kabanata 3, “Paano makakakuha ng pangangalaga” sa handbook na ito.

Kung minsan, posibleng kailanganin mo ng serbisyo na hindi available sa provider na nasa medikal na grupo. Sa ganoong sitwasyon, ire-refer ka ng iyong PCP sa isang provider na nasa ibang medikal na grupo o sa labas ng network. Hihingi ang iyong PCP ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para pumunta ka sa provider na ito.

Sa karamihan ng mga sitwasyon, dapat mayroon kang paunang pahintulot mula sa iyong PCP, medikal na grupo, o Health Net bago ka pumunta sa provider na wala sa network o provider na hindi kabilang sa iyong medikal na grupo. Hindi mo na kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pang-emergency na pangangalaga, mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, o mga serbisyo sa kalusugan ng isip na nasa network.

Mga miyembrong parehong may Medicare at Medi-Cal

Ang mga miyembrong may Medicare at Medi-Cal ay dapat ma-access ang mga provider ng Medicare para sa mga sakop nabeneplisyo ng Medicare at mga provider ng Medi-Cal plan para sa mga sakop na benepisyo ng Medi-Cal.

- Kung mayroon kang Medicare Advantage Plan kasama ang Dual na Plano para sa mga Espesyal na Pangangailangan (D-SNP), mangyaring sumangguni sa Katunayan ng Coverage (Evidence of Coverage, EOC) ng iyong Medicare plan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Kung mayroon kang Medicare Fee-for-Service (FFS), mangyaring sumangguni sa handbook na “Medicare at Ikaw” na ibinigay ng Medicare. Makikita rin ito sa website ng Medicare: <https://www.medicare.gov/medicare-and-you>.

Mga doktor

Pipili ka ng isang doktor o ibang provider mula sa Direktoryo ng Provider ng Health Net bilang iyong PCP. Ang PCP na pipiliin mo ay dapat isang provider na nasa network. Para makakuha ng kopya ng Direktoryo ng Provider ng Health Net Provider Directory, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). O hanapin ito online sa www.healthnet.com.

Kung pipili ka ng bagong PCP, dapat mo ring tawagan ang PCP na gusto makatiyak na tumatanggap siya ng mga bagong pasyente.

Kung may dati kang doktor bago ka naging miyembro ng Health Net, at ang doktor na iyon ay hindi bahagi ng network ng Health Net, maaari kang patuloy na magpatingin sa doktor na iyon sa loob ng limitadong panahon. Tinatawag itong pagpapatuloy ng pangangalaga. Mababasa mo pa tungkol sa pagpapatuloy ng pangangalaga sa Kabanata 2, “Tungkol sa iyong planong pangkalusugan” ng handbook na ito. Para alamin pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Kung kailangan mo ng espesyalista, ire-refer ka ng iyong PCP sa isang espesyalistang nasa network ng Health Net. Ang ibang espesyalista ay hindi nangangailangan ng referral. Para sa higit pa sa mga referral, basahin ang “Mga Referral” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Tandaan, kung hindi ka pipili ng PCP, ang Health Net ang pipili para sa iyo, maliban kung mayroon kang ibang komprehensibong coverage sa kalusugan bukod sa Medi-Cal. Ikaw ang mas mabuting nakakaalam ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan, kaya pinakamabuti na ikaw ang pumili. Kung nasa Medicare at Medi-Cal ka, o kung mayroon kang iba pang insurance sa pangangalagang pangkalusugan, hindi mo kailangang pumili ng PCP mula sa Health Net.

Kung gusto mong palitan ang iyong PCP, dapat kang pumili ng PCP mula sa Direktoryo ng Provider ng Health Net. Tiyaking tumatanggap ang PCP ng mga bagong pasyente. Para palitan ang iyong PCP, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Maaari kang magpalit ng PCP sa pamamagitan ng koreo, fax, o online sa www.healthnet.com

Mga ospital

Para sa mga emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room.

Kung hindi ito isang emergency at kailangan mo ng pangangalaga sa ospital, ang iyong PCP ang magpapasya kung sa aling ospital ka pupunta. Kakailanganin mong pumunta sa isang ospital na ginagamit ng iyong PCP at nasa network ng provider ng Health Net. Nakalista ang mga ospital na nasa network ng Health Net sa Direktoryo ng Provider.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga espesyalista sa kalusugan ng kababaihan

Maaari kang pumunta sa espesyalista sa kalusugan ng kababaihan sa network ng Health Net para sa sakop na pangangalaga na kailangan para maibigay ang mga karaniwang serbisyo at pag-iwas sa sakit sa mga babae. Hindi mo kailangan ng referral o paunang pahintulot mula sa iyong PCP upang makuha ang mga serbisyong ito. Para sa tulong sa paghahanap ng espesyalista sa kalusugan ng mga babae, maaari kang tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matatawagan mo rin ang 24/7 Linya para sa Payo ng Nars sa pamamagitan ng pagtawag sa numero ng telepono ng mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, ang iyong provider ay hindi kailangang nasa network ng provider ng Health Net. Maaari kang pumili ng sinumang provider ng Medi-Cal at pumunta sa kanya nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Para sa tulong sa paghahanap ng provider ng Medi-Cal sa labas ng network ng provider ng Health Net, tumawag sa 1-800-675-6110.

Direktoryo ng Provider

Inililista ng Direktoryo ng Provider ng Health Net ang mga provider na nasa network ng Health Net. Ang network ay ang grupo ng mga provider na nakikipagtulungan sa Health Net.

Ang Direktoryo ng Provider ng Health Net ay naglilista ng mga ospital, PCP, espesyalista, nurse practitioner, nurse midwife, physician assistant, provider ng pagpapalano ng pamilya, Pederal na Kuwalipikadong Health Center (FQHC), provider ng outpatient na kalusugan ng isip, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS), Freestanding Birth Centers (mga FBC), mga IHCP, at mga RHC.

Ang Direktoryo ng Provider ay mayroon ding mga pangalan ng provider, espesyalidad, address, numero ng telepono, oras ng negosyo, wikang sinasalita, ng Health Net at kung tumatanggap ng mga bagong pasyente ang provider. Ipinapakita rin ng Direktoryo ng Provider kung ang Provider na sinabi sa Health Net na nagbibigay sila ng mga serbisyo sa pagkumpirma ng kasarian. Nagbibigay din ito ng pisikal na kaccessibility para sa gusali, gaya ng paradahan, mga rampa, mga hagdang may hawakan, at mga palikuran na may malalawak na pintuan at mga grab bar.

Para malaman pa ang tungkol sa edukasyon, mga propesyonal na kwalipikasyon, pagkumpleto ng residency, pagsasanay, at sertipikasyon ng board ng doktor, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Makikita mo ang online na Direktoryo ng Provider sa www.healthnet.com.

Kung kailangan mo ng naka-print na Direktoryo ng Provider, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Makakahanap ka ng listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa <https://Medi-Calrx.dhcs.ca.gov/home/>. Maaari ka ring maghanap ng parmasyang malapit sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711.

Napapanahong access sa pangangalaga

Ang iyong provider na nasa network ay dapat magbigay ng napapanahong access sa pangangalaga batay sa mga pangangailangan mo sa pangangalagang pangkalusugan. Bilang minimum, dapat ka niyang bigyan ng appointment na nakalista sa mga panahon na ipinapakita sa talahanayan sa ibaba. Dapat bigyan ng pahintulot ng Health Net ang referral para sa pangangalaga ng provider na wala sa network kung ang mga serbisyong kailangan mo ay hindi available sa nasa network sa mga standard na napapahong access.

Uri ng appointment	Dapat ay makakuha ka ng appointment sa:
Mga appointment para sa agarang pangangalaga na hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	48 oras
Mga appointment para sa agarang pangangalaga na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot)	96 na oras
Mga appointment para sa pangunahing pangangalaga na hindi agaran (regular)	10 araw ng negosyo
Mga appointment para sa pangangalaga ng espesyalista na hindi agaran (regular)	15 araw ng negosyo
Mga appointment para sa pangangalaga ng provider para sa kalusugan ng isip (hindi doktor) na hindi agaran (regular)	10 araw ng negosyo
Mga appointment para sa follow-up na pangangalaga ng provider para sa kalusugan ng pag-iisip (hindi doktor) na hindi agaran (regular)	10 araw ng negosyo mula sa huling appointment
Mga hindi agaran (regular) na appointment para sa mga pantulong (pansuporta) na serbisyo para sa diagnosis o paggamot ng pinsala, karamdaman, o iba pang kondisyon ng kalusugan	15 araw ng negosyo



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Iba pang pamantayan sa tagal ng paghihintay	Dapat kang makakonekta sa:
Tagal ng paghihintay sa telepono ng mga serbisyo para sa miyembro sa mga karaniwang oras ng negosyo	10 minuto
Tagal ng paghihintay sa telepono sa Linya para sa Payo ng Nars	30 minuto (nakakonekta sa nars)

Kung minsan, hindi problema ang paghihintay nang mas matagal para sa appointment. Maaari kang bigyan ng iyong provider ng mas matagal na oras ng paghihintay kung hindi naman ito makakasama sa iyong kalusugan. Dapat nakatala sa iyong rekord na hindi makakasama sa iyong kalusugan ang mas matagal na oras ng paghihintay. Maaari mong piliin na maghintay ng appointment sa ibang pagkakataon o tawagan ang Health Net para pumunta sa ibang provider ng iyong gusto. Igagalang ng iyong provider at Health Net ang iyong nais.

Maaaring magrekomenda ang iyong doktor ng partikular na iskedyul para sa mga serbisyong pag-iwas sa sakit, follow-up na pangangalaga para sa mga kasalukuyang kondisyon, o standing referral sa mga espesyalista, depende sa mga pangangailangan mo.

Sabihin sa amin kung kailangan mo ng mga serbisyo ng interpreter, kasama ang sign language, kapag tumawag ka sa Health Net o kapag nakuha mo ang mga sakop na serbisyo. Available nang libre ang mga serbisyo ng interpreter. Mahigpit naming hindi hinihikayat ang paggamit ng mga menor de edad o mga miyembro ng pamilya bilang mga interpreter. Para alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo ng interpreter na ibinibigay namin, tumawag sa 1-800-675-6110.

Kung kailangan mo ng mga serbisyo ng interpreter, kasama ang sign language, sa isang parmasya ng Medi-Cal Rx, tumawag sa Customer Service ng Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Maaaring tumawag ang mga gumagamit ng TTY sa 711, Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m.

Tagal o distansya ng biyahe papunta sa pangangalaga

Dapat sundin ng Health Net ang mga pamantayan sa tagal o distansya ng biyahe para sa iyong pangangalaga. Nakakatulong ang mga pamantayang iyon na matiyak na makakakuha ka ng pangangalaga nang hindi kailangang magbiyahe nang masyadong malayo mula sa tinitirhan mo. Ang mga pamantayan sa tagal o distansya ng biyahe ay nakadepende sa county kung saan ka nakatira.

Kung hindi ka mabibigyan ng Health Net ng pangangalaga sa loob ng mga pamantayan sa tagal o distansya ng biyahe na ito, posibleng payagan ng ibang pamantayan ang DHCS na tinatawag na alternatibong pamantayan sa access. Para sa mga pamantayan sa tagal o



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

distansya ng Health Net kung saan ka nakatira, pumunta sa www.healthnet.com. O tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Itinuturing itong malayo kung hindi ka makakapunta sa provider na iyon na nasa mga pamantayan ng Health Net' sa tagal o distansya ng biyahe para sa iyong county, anuman ang alternatibong pamantayan sa access na maaaring gamitin ng Health Net para sa iyong ZIP Code.

Kung kailangan mo ng pangangalaga mula sa provider na matatagpuan na malayo kung saan ka nakatira, tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matutulungan ka nilang maghanap ng pangangalaga sa provider na mas malapit sa iyo. Kung hindi makahanap ang Health Net ng pangangalaga para sa iyo sa isang mas malapit na provider, maaari mong hilingin sa Health Net na mag-ayos ng transportasyon para sa iyo para pumunta sa iyong provider, kahit na malayo ang provider na iyon mula sa iyong tinitirahan.

Kung kailangan mo ng tulong sa mga provider ng parmasya, itawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273 at pindutin ang 7 o 711).

Mga appointment

Kapag kailangan mo ng pangangalagang pangkalusugan:

- Tawagan ang iyong PCP
- Ihanda ang numero ng iyong Health Net ID bago tumawag.
- Mag-iwan ng mensahe kasama ng iyong pangalan at numero ng telepono kung sarado ang tanggapan.
- Dalhin ang iyong Medi-Cal BIC card at Health Net ID card sa iyong appointment.
- Humingi ng transportasyon papunta sa iyong appointment, kung kinakailangan.
- Humingi ng mga kinakailangang serbisyo para sa tulong sa wika o pagsasalang-wika, bago ang iyong appointment para magamit ang mga serbisyo sa oras ng iyong pagpapatingin
- Huwag magpahuli para sa iyong appointment, dumating nang ilang minutong mas maaga para makapirma, punan ang mga form at anumang tanong na maaaring mayroon ang iyong PCP
- Tumawag kaagad kung hindi ka makakarating sa iyong appointment o kung mahuhuli ka
- Ihanda ang iyong mga tanong at impormasyon tungkol sa gamot.

Kung mayroon kang emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital. Kung kailangan mo ng tulong para magdesisyon kung gaano mo kaagarang kailangan ng pangangalaga at hindi available ang iyong PCP para makausap ka, tawagan ang Health Net Nurse Advice Line sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Pagpunta sa iyong appointment

Kung wala kang paraan para makapunta at makauwi mula sa iyong mga appointment sa mga sakop na serbisyo, makakatulong ang Health Net na magsaayos ng transportasyon para sa iyo. Depende sa iyong sitwasyon, maaari kang maging kwalipikado para sa Pangmedikal na Transportasyon o para sa Hindi Medikal na Transportasyon. Ang mga serbisyo ng transportasyon na ito ay hindi para sa mga emergency at maaaring available nang libre.

Kung mayroon kang emergency, tumawag sa **911**. Makakakuha ng transportasyon para sa mga serbisyo at appointment na walang kaugnayan sa pangangalagang pang-emergency.

Para alamin pa, basahin ang “Mga benepisyong sa transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi emergency” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Pagkansela at pagpapaiskedyul ulit

Kung hindi ka makakapunta sa iyong appointment, tawagan kaagad ang tanggapan ng iyong provider. Hihilingin sa iyo ng karamihan ng mga provider na tumawag ka sa loob ng 24 na oras (1 araw ng negosyo) bago ang iyong appointment kung kailangan mong magkansela.

Kung paulit-ulit kang hindi makakapunta sa mga appointment, posibleng itigil ng iyong provider ang pangangalaga sa iyo at kakailanganin mong maghanap ng bagong provider.

Pagbabayad

Hindi **mo** kailangang magbayad para sa mga sakop na serbisyo maliban kung mayroon kang Monthly Resident Cost para sa pangmatagalang pangangalaga. Para matuto pa, basahin ang “Para sa mga miyembrong may pangmatagalang pangangalaga at Monthly Resident Cost” sa Kabanata 2 ng handbook na ito. Karamihan sa mga sitwasyon, hindi ka makakatanggap ng listahan ng mga bayarin mula sa provider. Dapat mong ipakita ang iyong Health Net ID card at ang iyong Medi-Cal BIC kapag kumuha ka ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan o gamot, para malaman ng iyong provider kung sino ang sisingilin. Maaari kang makatanggap ng Paliwanag ng Mga Benepisyong (EOB) o statement mula sa isang provider. Ang mga EOB at statement ay hindi mga bayarin.

Kung makatanggap ka ng bayarin, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Kung makatanggap ka ng mga bayarin para sa mga gamot, tawagan ang Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://Medi-Calrx.dhcs.ca.gov/home/>.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Sabihin sa Health Net ang halagang sinisingil sa iyo, ang petsa ng serbisyo, at ang dahilan para sa bayarin. Tutulongan ka ng Health Net na alamin kung ang bayarin ay para sa sakop na serbisyo o hindi. Hindi mo kailangang bayaran ang isang provider ng anumang halagang dapat bayaran ng Health Net para sa anumang sinasakopna serbisyo. Kung makakakuha ka pangangalaga mula sa provider na wala sa network at hindi ka nakakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net, maaaring kailanganin mong bayaran ang pangangalagang nakuha mo.

Dapat kumuha ka ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net bago ka magpatingin sa provider na wala sa network maliban kung:

- Kung kailangan mo ng pang-emergency na pangangalaga, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.
- Kailangan mo ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya o serbisyong nauugnay sa pagsusuri para sa mga impeksyong na naipapasa sa pakikipagtalik, kung saan maaari kang pumunta sa kahit sinong provider ng Medi-Cal nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Kung kailangan mong makakuha ng pangangalaga na medikal na kinakailangan mula sa provider na wala sa network dahil hindi ito available sa network ng Health Net, hindi mo kakailanganing magbayad basta't sinasakop na serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalaga at nakakuha ka ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net para rito. Para alamin pa ang tungkol sa pangangalagang pang-emergency, agarang pangangalaga, at mga sensitibong serbisyo, pumunta sa mga heading na iyon sa kabanatang ito.

Kung makakatanggap ka ng bayarin o hihilingin sa iyong magbayad ng co-pay na sa tingin mo ay hindi mo dapat bayaran, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Para sa mga tanong, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Kung makakakuha ka ng mga serbisyo sa sistema ng Veterans Affairs o nakakakuha ka ng mga hindi sakop o hindi pinapahintulutang serbisyo sa labas ng California, maaaring maging responsable ka sa pagbabayad.

Hindi ka babayaran ng Health Net kung:

- Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang mga serbisyong gaya ng mga serbisyo para sa pampaganda.
- May hindi ka pa nababayarang Monthly Resident Cost ng Medi-Cal.
- Nagpunta ka sa isang doktor na hindi tumatanggap ng Medi-Cal at pumirma ka sa isang form na sinabing gusto mo pa ring magpatingin at ikaw mismo ang magbabayad para sa mga serbisyo.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Hiniling mong maisauli ang mga ibinayad mo para sa mga co-pay para sa mga gamot na sinasakop ng iyong planong Medicare Part D

Mga referral

Kug kailangan mo ng espesyalista para sa iyong pangangalaga, bibigyan ka ng iyong PCP o ibang espesyalista ng referral para dito. Ang espesyalista ay isang provider na nakatuon sa isang uri ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Makikipagtulungan sa iyo ang doktor na magre-refer sa iyo upang pumili ng espesyalista. Para makatulong na matiyak na makakapunta ka nang nasa oras sa isang espesyalista, nagtatakda ang DHCS ng mga takdang panahon para makakuha ng mga appointment ang mga miyembro. Nakalista ang mga takdang panahon na ito sa “Napapanahong access sa pangangalaga” sa naunang bahagi ng kabanatang ito. Maaari kang tulungan ng tanggapan ng iyong PCP na magtakda ng appointment sa isang espesyalista.

Kabilang sa iba pang serbisyong posibleng mangailangan ng referral ang mga procedure sa loob ng tanggapan, mga X-ray, at lab work.

Maaari kang bigyan ng iyong PCP ng form na dadalhin sa espesyalista. Sasagutan ng espesyalista ang form at ipapadala ito pabalik sa iyong PCP. Gagamutin ka ng espesyalista hangga’t sa tingin niya ay kailangan mo ng paggamot.

Sisimulan ng iyong PCP ang proseso ng referral. Malalaman ng iyong PCP kung kailangan mo ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) o kung maaari mong direktang gawin ang appointment. Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa kung nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ang isang pangangalaga mula sa isang espesyalista o ospital, maaari mong tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Mga kahilingan para sa mga regular na referral na nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ay aabutin ng hanggang pitong araw ng kalendaryo para iproseso pero maaaring abutin ng hanggang 14 na araw ng kalendaryo (14 nqa araw mula petsa ng orihinal na kahilingan) kung kinakailangan ng higit pang impormasyon mula sa iyong PCP. Sa ilang sitwasyon, maaaring hilingin ng iyong PCP na bilisan ang iyong kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Ang mga pinabilis (rush) na kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ay maaaring hindi abutin ng mahigit sa 72 oras. Mangyaring tawagan ang mga serbisyo para sa miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711) kung hindi ka makakuha ng sagot sa loob ng panahong ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Kung mayroon kang problemang pangkalusugan na nangangailangan ng espesyal na pangangalagang medikal sa loob ng mahabang panahon, maaaring mangailangan ka ng standing referral. Ang pagkakaroon ng standing referral ay nangangahulugan na maaari kang pumunta sa parehong espesyalista nang higit sa isang beses nang hindi na humihingi ng referral sa bawat pagkakataon.

Kung nagkakaproblema ka sa pagkuha ng standing referral o gusto ng kopya ng referral policy ng Health Net referral policy, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Hindi **mo** kailangan ng referral para sa:

- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga pagpapatingin kaugnay ng Obstetrics/Gynecology (OB/GYN)
- Mga pagpapatingin para sa agaran o pang-emergency na pangangalaga
- Mga sensitibong serbisyo para sa nasa hustong gulang, gaya ng pangangalaga para sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (para alamin pa, tawagan ang Tanggapan ng Impormasyon sa Pagpapalano ng Pamilya at Serbisyo ng Referral sa 1-800-942-1054)
- Pagsusuri at pagpapayo para sa HIV (12 taong gulang o mas matanda)
- Mga serbisyo para sa impeksyong naipapasa sa pakikipagtalik (12 taong gulang o mas matanda)
- Mga chiropractic na serbisyo (maaaring kailanganin ang isang referral kapag ibinigay ng mga FQHC, RHC, at IHCP na wala sa network)
- Paunang pag-assess ng kalusugan ng isip
- Acupuncture, para sa unang dalawang serbisyo kada buwan (kasama ang mga serbisyo sa audiology, chiropractic, at occupational therapy, at speech therapy. Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng Health Net ang mas maraming serbisyo gaya ng medikal na pangangailangan.
- Mga serbisyo ng podiatry
- Mga kwalipikadong serbisyo sa ngipin
- Karaniwang perinatal na pangangalaga mula sa isang doktor na nakikipagtulungan sa Health Net
- Mga serbisyo ng isang sertipikadong nurse midwife

Maaari ding makatanggap ang mga menor de edad ng ilang partikular na paggamot o pagpapayo sa kalusugan ng pag-isip para sa outpatient, at serbisyo at paggamot para sa paggamit ng droga at alak (SUD) nang walang pahintulot ng magulang o tagapangalaga. Para alamin pa, basahin ang “Mga serbisyong nangangailangan ng pahintulot ng menor de edad” sa huling bahagi ng kabanatang ito at “Mga serbisyo para sa paggamot sa sakit kaugnay ng paggamit ng droga at alak” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga referral sa California Cancer Equity Act

Ang mabisang paggamot sa mga kumplikadong kanser ay depende sa maraming salik. Kasama sa mga ito ang pagkuha ng tamang diagnosis at pagkuha ng napapanahong paggamot mula sa mga eksperto sa kanser. Kung na-diagnose ka ng complex cancer, tangbagong California Cancer Care Equity Act ay pinapayagan kang humingi ng referral mula sa iyong doktor para makakuha ng paggamot sa kanser mula sa nasa network na National Cancer Institute (NCI)-designated cancer center, NCI Community Oncology Research Program (NCORP)-affiliated site, o mga kwalipikadong academic cancer center.

Kung ang Health Net ay walangnasa network na NCI-designated cancer center, papayagan ng Health Net ikaw na humingi ng referral para makakuha ng paggamot sa kanser mula sa isa sa mga center na wala sa network sa California, kung ang center na wala sa network at ang Health Net ay sumang-ayon sa pagbabayad, maliba kung pumili ka ng ibang provider sa paggamot ng kanser.

Kung na-diagnose kang may kanser, kontakin ang Health Net para malaman kung kwalipikado ka sa mga serbisyo mula sa isa sa mga cancer center na ito.

Handa ka na bang huminto sa paninigarilyo? Para alamin ang tungkol sa mga serbisyo sa Ingles, tumawag sa 1-800-300-8086. Para sa Espanyol, tumawag sa 1-800-600-8191.

Para alamin pa, pumunta sa www.kickitca.org.

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot)

Para sa ilang uri ng pangangalaga, kakailanganin ng iyong PCP o espesyalista na humingi sa Health Net ng pahintulot bago mo matanggap ang pangangalaga. Tinatawag itong paghingi ng paunang pag-apruba o paunang pahintulot. Nangangahulugan na dapat tiyakin ng Health Net na ang pangangalaga ay medikal na kinakailangan (kailangan).

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para maprotektahan ang iyong buhay, mapigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o mabawasan ang matinding pananakit na dulot ng isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pa sa edad na 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalaga na medikal na kinakailangan para maayos o tulungang maibsan ang isang karamdaman o kundisyon ng katawan o isip.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.

Bumisita online sa www.healthnet.com.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Ang mga sumusunod na serbisyo ay **palaging** kailangan ang paunang pag-apruba (paunang pahintulot), kahit pa kukunin mo ang mga ito mula sa provider na nasa Health Net network:

- Pagpapaospital, kung hindi isang emergency
- Mga serbisyo sa labas ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net, kung hindi emergency o agaran na pangangalaga
- Ang pangmatagalang pangangalaga o mga serbisyo ng skilled nursing sa isang nursing facility (kasama ang mga Pasilidad para sa Subacute Care ng nasa hustong gulang at pediatric na nakakontrata sa Subacute Care Unit ng Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan o mga pasilidad para sa intermediate na pangangalaga (kasama ang Intermediate Care Facility for the Developmentally Disabled (ICF/DD), ICF/DD-Habilitative (ICF/DD-H), ICF/DD-Nursing (ICF/DD-N))
- Advanced na imaging
- Mga serbisyo sa pangmedikal na transportasyon kapag hindi ito emergency

Hindi kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyo ng ambulansya na pang-emergency.

Ang Health Net ay mayroong pitong araw ng kalendaryo mula kung kailan makukuha ng Health Net ang impormasyon na makatwirang kinakailangan para desisyunan ang mga kailangan para sa (aprubahan o tanggihan) paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kapag ginawa ang kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ng provider at malaman ng Health Net na ang pagsunod sa standard na time frame ay maaaring ilagay sa panganib ang iyong buhay o kalusugan o kakayahang makamit, mapanatili, o makuha muli ang maximum na paggana, gagawa ang Health Net ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) na desisyon sa loob ng hindi tatagal ng 72 oras. Nangangahulugan ito na pagkatapos makuha ang kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), bibigyan ka ng Health Net ng abiso nang mabilis dahil sa kondisyon ng iyong kalusugan at nang hindi lalampas sa 72 oras o pitong araw ng kalendaryo pagkatapos ang kahilingan para sa mga serbisyo. Sinusuri ng mga klinikal o medikal na kawani, gaya ng mga doktor, nars at pharmacist ang mga kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Hindi naiimpluwensiyahan ng Health Net ang mga desisyon ng mga tagasuri upang tanggihan o aprubahan ang coverage o mga serbisyo sa anumang paraan. Kung hindi aaprubahan ng Health Net ang kahilingan, padadalhan ka ng Health Net ng sulat na Abiso ng Pagkilos (Notice of Action o NOA). Sasabihin sa iyo ng NOA kung paano maghain ng apela kung hindi ka sumasang-ayon sa desisyon.

Kokontakin ka ng Health Net kung kailangan ng Health Net ng higit pang impormasyon o dagdag na panahon upang suriin ang iyong kahilingan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Hindi mo kailanman kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa pang-emergency na pangangalaga, kahit na wala ito sa network ng Health Net o nasa labas ito ng iyong pinagilingkurang lugar. Kabilang dito ang pagle-labor at panganganak kung buntis ka. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa ilang partikular na serbisyo sa sensitibong pangangalaga. Para alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga, basahin ang “Sensitibong pangangalaga” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Para sa mga tanong tungkol sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot), tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Mga pangalawang opinyon

Maaaring gusto mo ng pangalawang opinyon tungkol sa pangangalagang sinasabi ng iyong provider na kailangan mo o tungkol sa iyong diagnosis o plano ng paggamot. Halimbawa, maaaring gusto mo ng pangalawang opinyon kung gusto mong makasiguro na tama ang iyong diagnosis, ikaw ay hindi sigurado na kailangan mo ng inirekomendang paggamot o operasyon, o sinubukan mong sundin ang plano ng paggamot at hindi ito umubra. Ang Health Net ang magbabayad para sa pangalawang opinyon kung hihilingin mo ito o ng iyong provider na nasa network, at kung kukunin mo ang pangalawang opinyon mula sa isang provider na nasa network. Hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net para humingi ng pangalawang opinyon mula sa isang provider na nasa network. Kung gusto mong humingi ng pangalawang opinyon, ire-refer ka namin sa isang kwalipikadong provider na nasa network na makakapagbigay sa iyo.

Para humingi ng pangalawang opinyon at humingi ng tulong sa pagpili ng provider, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Matutulungan ka rin ng iyong provider na nasa network na kumuha ng referral para sa pangalawang opinyon kung gusto mo.

Kung walang provider sa network ng Health Net na magbibigay sa iyo ng pangalawang opinyon, ang Health Net ang magbabayad para sa pangalawang opinyon mula sa isang provider na wala sa network. Sasabihin sa iyo ng Health Net sa loob ng limang araw ng negosyo kung inaprubahan ang provider na pinili mo para sa pangalawang opinyon. Kung mayroon kang hindi gumagaling, malubha o malalang karamdaman, o mayroong agaran at seryosong banta sa iyong kalusugan, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa, pagkawala ng buhay, kamay at paa, o pangunahing bahagi ng katawan o paggana ng katawan, ipapaalam ito sa iyo ng Health Net sa pamamagitan ng sulat sa loob ng 72 oras.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Kung tatanggihan ng Health Net ang iyong kahilingan para sa pangalawang opinyon, maaari kang maghain ng karaingan. Para malaman pa, basahin ang “Mga Reklamo” sa Kabanata 6 ng handbook na ito.

Sensitibong pangangalaga

Mga serbisyong nangangailangan ng pahintulot ng menor de edad

Kung ikaw ay wala pang edad 18, hindi mo kailangan ng pahintulot ng magulang o tagapanga-alaga para makukha ang ilang mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at maaari mong matanggap ang mga ito nang kumpidensyal, na ang ibig sabihin ay hindi aabisuhan o kokontakin ang iyong magulang o tagapanga-alaga kung kukunin mo ang mga serbisyo nang walang nakaulat na pahintulot mo. Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyong may pahintulot ng menor de edad.

Makukuha mo ang mga sumusunod na serbisyo anumang edad nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapanga-alaga:

- Mga serbisyo sa sekswal na pagtake
- Pagbubuntis at mga serbisyo na kaugnay sa pagbubuntis, kasama ang mga serbisyo sa abortion
- Mga serbisyo sa pagpapalano na pamilya, tulad ng mga serbisyo sa pagpigil sa pagbubuntis (hal., birth control)

Kung ikaw ay nasa **edad 12 o mas maanda** dagdag pa sa mga serbisyo sa itaas, maaari mo ring makuha ang mga sumusunod na serbisyo nang walang pahintulot ng iyong magulang o tagapangalaga:

- Paggamot o pagpapayo ng kaluusgan ng isip para sa outpatient. depende ito sa iyong maturity at kakayahang makibahagi sa iyong pangangalagang pangkalusugan, gaya na natukoy ng isang propesyonal na tao.
- Diagnosis at paggamot sa mga impeksyon, nakakahawa, o communicable na sakit, kasama ang para sa HIV/AIDS
- Sexually transmitted infection (STI) na pag-iwas, pagsusuri, diagnosis, at paggamot para sa mga STI tulad ng syphilis, gonorrhea, chlamydia, at herpes simplex.
- Mga serbisyo sa karahasan ng intimate partner
- Paggamot ng sakit sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak (SUD) para sa pag-abuso sa droga at alak kabilang ang screening, pag-assess, interbensyon, at mga serbisyo ng pag-refer



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

3 | Paano makakuha ng pangangalaga

Maaaring makakuha ka ng mga serbisyo sa pahintulot ng menor de edad mula a alinmang Medi-Cal provider o clinic. Mga provider na hindi kailangang nasa Health Net network. Hindi mo na kailangan ng referral mula sa iyong PCP o paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung gagamit ka ng provider na wala sa network para sa mga serbisyo **na hind** kaugnay sa sensitibong pangangalaga, maaaring hindi sakupin ang mga ito.

Para maghanap ng provider ng Medi-Cal na nasa labas ng network ng Health Net Medi-Cal para sa mga serbisyo sa pahintulot ng menor edad, o para huming ng tulong sa transportasyon para makapunta sa provider, tumawag sa Health Net Member Services at 1-800-675-6110 (TTY 711).

Para sa higit pang impormasyon sa mga contraceptive service, basahin ang “Mga serbisyo sa pag-iwas sa sakit at pananatiling nasa mabuting kalusugan at pamamahala ng hindi gumagaling na sakit” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Hindi sakop ng Health Net ang mga mga serbisyo sa pahintulot ng menor edad na specialty mental health services (SMHS) o karamihan mga serbisyo ng SUD. Sinasakop ang mga serbisyong ito ng county kung saan nakatira ka. Para alamin pa, kasama ang paano maa-access ang mga serbisyong ito, basahin ang “Specialty Mental Health Services (SMHS)” at “Substance Use Disorder (SUD) Treatment Services” sa Kabanata 4 ng handbook na ito. Para alamin pa, tawagan ang 1-800-675-6110.

Para sa listahan ng walang bayad na mga numero ng telepono ng lahat ng county para sa SMHS, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

Patra sa listahan ng lahat ng walang bayad na mga nuemro ng telepono ng lahat ng county para sa mga serbisyo sa paggamot ng SUD pumunta sa: https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx.

Maaaring makipag-usap ang mga menor-de-edad nang pribado tungkol sa kanilang mga alalahanin sa kalusugan sa pamamagitan ng pagtawag sa 24/7 nurse line 1-800-675-6110 (TTY 711).

Pwede ka ring humiling na makakuha ng pribadong impormasyon tungkol sa iyong mga medikal na serbisyo sa partikular na paraan o format, kung available. Maaari ipadala ito sa iyo sa ibang lokasyon. Para alamin pa ang tungkol sa kung paano hihingi ng mga kumpidensyal na komunikasyon na kaugnay sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang “Abiso ng mga kasanayan sa pagkapribado” sa Kabanata 7 ng handbook na ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga para sa nasa hustong gulang

Kung ikaw ay nasa hustong gulang na 18 taong gulang o mas matanda, hindi mo kailangang pumunta sa iyong PCP para sa ilang partikular na sensitibo o pribadong pangangalaga. Maaari kang pumili ng sinumang doktor o anumang klinika para sa mga ganitong uri ng pangangalaga:

- Pagpaplano ng pamilya at pagkontrol sa pagbuntis Para sa mga nasa hustong na 21 taon at mas matanda, kasama sa amga serbisyong ito ang sterilization.
- Pagsusuri ng at pagpapayo sa pagbubuntis at iba pang serbisyo kaugnay ng pagbubuntis
- Pag-iwas at pagsusuri para sa HIV/AIDS
- Pag-iwas, pagsusuri, at paggamot sa mga impeksyong naipapasa sapakikipagtalik
- Pangangalaga para sa sekswal na pag-atake
- Mga serbisyo sa abortion para sa outpatient

Para sa sensitibong pangangalaga, hindi kailangang kasama sa network ng Health Net ang doktor o klinika. Mapipili mong pumunta sa alinmang provider ng Medi-Cal para sa mga serbisyong ito nang walang referral o paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net. Kung kukuha ka ng pangangalaga na hindi nakalista rito bilang sensitibong pangangalaga mula sa provider na wala sa network, posibleng kailanganin mong bayaran ito.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng doktor o klinika para sa mga serbisyong ito, o tulong sa pagkuha n mga serbisyong ito (kabilang ang transportasyon), tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Tawagan ang 24/7 na Linya para sa Payo ng Nars sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Piliin ang opsyon na 24 na oras na Linya para sa Payo ng Nars sa menu.

Hindi magbibigay ang Health Net ng impormasyon sa iyong mga serbisyo sa sensitibong pangangalaga sa policyholder ng iyong plano ng Health Net o pangunahing subscriber o sa simumang enrollee ng Health Net, nang walang nakasulat na pahintulot mo. Pwede ka makakuha ng pribadong impormasyon tungkol sa iyong mga medikal na serbisyo sa partikular na paraan o format, kung available, at ipadala ito sa iyo sa ibang lokasyon. Para alamin pa ang tungkol sa kung paano hihiling ng mga kumpidensyal na komunikasyon na may kaugnayan sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang “Abiso ng mga kasanayan sa pagkapribado” sa Kabanata 7 ng handbook na ito.

Moral na pagtutol

Ang ilang provider ay may moral na pagtangga sa ilang sakop na serbisyo. Mayroon silang karapatang **not** ibigay ang ilang sakop na serbisyo kung hindi sila sumasang-ayon sa mga serbisyo ayon sa moral. Available pa rin sa iyo ang mga serbisyong ito mula sa ibang provider. Kung may moral na pagtangga ang iyong provider, tutulungan ka niyang maghanap ng ibang



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

provider para sa mga kinakailangang serbisyo. Maaari ka ring tulungan ng Health Net na humanap ng provider.

Ang ilang ospital at provider ay hindi nagbibigay ng isa o mahigit pa ng mga serbisyong ito kahit na sinasakop ang mga ito ng Medi-Cal:

- Pagpaplano ng pamilya
- Mga serbisyo sa pagpigil sa pagbubuntis, kabilang ang pang-emergency na pagpigil sa pagbubuntis
- Sterilization, kabilang ang tubal ligation sa panahon ng pagle-labor at panganganak
- Mga paggamot para sa pagkabaog
- Abortion

Para masiguro na pipili ka ng provider na makakapagbigay sa iyo ng pangangalaga na kailangan mo at ng iyong pamilya, tawagan ang doktor, medikal na grupo, asosasyon ng hiwalay na pagsasanay o klinikang gusto mo. Tanungin kung maaaring ibigay at ibigay ng provider ang mga serbisyong kailangan mo. O tawagan ang Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Makukuha mo ang mga serbisyong ito. Sisiguruhin ng Health Net na magagamit mo at ng mga miyembro ng iyong pamilya ang mga provider (mga doktor, ospital, at klinika) na magbibigay sa iyo ng pangangalagang kailangan mo. Kung mayroon kang mga tanong o kailangan ng tulong sa paghahanap ng provider, tumawag sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Agarang pangangalaga

Ang agarang pangangalaga ay **hindi** para sa isang emergency o nakamamatay na kondisyon. Ito ay para sa mga serbisyong kailangan mo para maiwasan ang matinding pinsala sa iyong kalusugan dahil sa biglaang pagkakasakit, pinsala, o kumplikasyon ng kondisyon na mayroon ka na. Ang karamihan ng mga appointment para sa agarang pangangalaga ay hindi kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Kung hihingi ka ng appointment para sa agarang pangangalaga, makakakuha ka ng appointment sa loob ng 48 oras. Kung nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga na kailangan mo, makakakuha ka ng appointment sa loob ng 96 na oras mula sa iyong kahilingan.

Para sa agarang pangangalaga, tawagan ang iyong PCP. Kung hindi mo makontak ang iyong PCP, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). O maaari mong tawagan ang Linya para sa Payo ng Nars sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Piliin ang opsyong 24 oras na Linya para sa Payo ng Nars sa menu para malaman ang antas ng pangangalaga na pinakamabuti para sa iyo.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga sa labas ng pinaglilingkurang lugar, pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga.

Ang mga pangangailangan sa agarang pangangalaga ay maaaring:

- Sipon
- Masakit na lalamunan
- Lagnat
- Pananakit sa tainga
- Na-sprain na kalamnan
- Mga serbisyo sa pagiging ina

Kapag nasa loob ka ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net at kailangan ng agarang pangangalaga, dapat makuha mo ang mga serbisyo ng agarang pangangalaga mula sa provider na nasa network. Hindi mo na kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa agarang pangangalaga mula sa mga provider na nasa network sa loob ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net'. Kung kailangan mo ng tulong sa paghahanap ng provider para sa agarang pangangalaga, tumawag sa 1-800-675-6110, (TTY 711) o pumunta sa www.healthnet.com.

Kung ikaw ay nasa labas ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net, ngunit nasa loob ng Estados Unidos, hindi mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para makakuha ng agarang pangangalaga sa labas ng pinaglilingkurang lugar. Pumunta sa pinakamalapit na pasilidad ng agarang pangangalaga.

Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang mga serbisyo sa agarang pangangalaga sa labas ng Estados Unidos. Kung bumibiyaha ka sa labas ng Estados Unidos at nangangailangan ka ng agarang pangangalaga, hindi namin sasakupin ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng agarang pangangalaga para sa kalusugan ng isip o mga serbisyo para sa sakit ng pag-aabuso sa droga at alak, tawagan ang iyong programa sa kalusugan ng isip o sakit ng pag-aabuso sa droga at alak ng iyong county, o ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110, (TTY 711). Tawagan ang programa sa kalusugan ng isip o sakit sa pag-aabuso sa droga at alak ng iyong county o ang iyong Health Net Behavioral Health Plan anumang oras, 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Para mahanap ang walang bayad na mga numero ng telepono ng lahat ng county sa online, pumunta sa: <http://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx>.

Kung kukuha ka ng mga gamot bilang bahagi ng iyong sinasakop na pagpapatingin para sa agarang pangangalaga habang nandoon ka, sasakupin ng Health Net ang mga ito bilang bahagi ng iyong sinasakop na pagpapatingin. Kung bibigyan ka ng reseta ng iyong provider ng agarang pangangalaga para dalhin sa parmasya, magpapasya ang Medi-Cal Rx kung sakop ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Para alamin pa tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang “Mga inireresetang gamot na sakop ng Medi-Cal Rx” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Pangangalagang pang-emergency

Para sa pangangalagang pang-emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital. Para sa pangangalagang pang-emergency, **hindi** mo kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net.

Sa loob ng Estados Unidos (kasama ang mga teritoryo tulad ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o ang United States Virgin Islands), may karapatan kang gamitin ang alinmang ospital o iba pang setting para sa pangangalagang pang-emergency.

Kung ikaw ay nasa labas ng Estados Unidos, ang pangangalagang pang-emergency lang na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada at Mexico ang sinasakop. Hindi sinasakop ang pangangalagang pang-emergency at iba pang pangangalaga sa iba pang bansa.

Ang pangangalagang pang-emergency ay para sa mga medikal na kondisyon na nakakamatay. Ang pangangalagang ito ay para sa isang karamdaman o pinsala na maaasahan ng maingat (makatwiran) na ordinaryong tao (hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na may karaniwang kaalaman sa kalusugan at gamot, na kung hindi ka kaagad makakuha ng pangangalagang pangkalusugan, ay malalagay mo sa seryosong panganib ang kalusugan mo (o ang kalusugan ng hindi mo pa naisisilang na sanggol). Kasama rito ang paglalagay sa malubhang pinsala sa mga paggana ng iyong katawan, organ ng katawan, o bahagi ng katawan. Kasama sa mga halimbawa ang, ngunit hindi limitado sa:

- Active labor
- Nabaling buto
- Matinding pananakit
- Pananakit ng dibdib
- Problema sa paghinga
- Matinding pagkapaso
- Pagka-overdose sa gamot
- Pagkahimatay
- Matinding pagdurugo
- Mga psychiatric emergency na kondisyon, gaya ng matinding depression o mga pag-iisip na magpakamatay



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

3 | Paano makakakuha ng pangangalaga

Huwag pumunta sa ER para sa regular na pangangalaga o pangangalagang hindi kinakailangan agad. Dapat kang tumanggap ng regular na pangangalaga mula sa iyong PCP, na siyang pinakamahasay na nakakakilala sa iyo. Hindi mo kailangang tanungin ang iyong PCP o Health Net bago ka pumunta sa ER. Gayunpaman, kung hindi ka nakatitiyak kung ang iyong medikal na kondisyon ay isang emergency, tawagan ang iyong PCP. Maaari mo ring tawagan ang 24/7 Linya para sa Payo ng Nars sa pamamagitan ng pagtawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Kung kailangan mong pangangalagang pang-emergency sa labas ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net, pumunta sa pinakamalapit na ER kahit na wala ito sa network ng Health Net. Kung pupunta ka sa ER, hilingin sa kanila na tawagan ang Health Net. Ikaw o ang ospital na na-admit ka ay dapat tumawag sa Health Net sa loob ng 24 na oras matapos kang makatanggap ng pangangalagang pang-emergency. Kung bumibiyahe ka sa labas ng Estados Unidos maliban sa Canada o Mexico at nangangailangan ka ng pangangalagang pang-emergency, ang Health Net ay **hindi** sasakupin ang iyong pangangalaga.

Kung kailangan mo ng pang-emergency na transportasyon, tumawag sa **911**.

Kung kailangan mo ng pangangalaga sa isang ospital na wala sa network matapos ang iyong emergency (pangangalaga matapos na mailayo sa panganib ang iyong kalagayan), tatawagan ng ospital ang Health Net.

Kung ikaw o isang taong kilala mo ay nasa krisis, mangyaring kontakin ang **988** Suicide and Crisis Lifeline. **Tawagan o i-text ang 988 o makipag-chat online sa 988lifeline.org/chat.** Ang **988** ay nagbibigay ng libre at kumpidensyal na suporta para sa sinumang nasa krisis. Kasama rito ang mga tao na nasa emotional distress at ang mga nangangailangan ng suporta para sa krisis sa pagpapakamatay, kalusugan ng isip, at/o paggamit ng droga at alak.

Tandaan: Huwag tumawag sa **911** maliban kung makatwiran mong pinaniniwalaan na mayroon kang medikal na emergency. Humingi lang ng pangangalagang pang-emergency para sa isang emergency, hindi para sa regular na pangangalaga o hindi malubhang sakit tulad ng sipon o pananakit ng lalamunan. Kung isa itong emergency, tumawag sa **911** o pumunta sa pinakamalapit na emergency room o ospital.

Binibigyan ka ng Linya para sa Payo ng Nars ng Health Net ng libreng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, araw-araw sa buong taon. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Linya para sa Payo ng Nars

Mabibigyan ka ng Linya para sa Payo ng Nars ng Health Net ng libreng medikal na impormasyon at payo 24 na oras sa isang araw, araw-araw sa buong taon. Tumawag sa 1-800-675-6110 o (TTY 711) para:

- Makipag-usap sa nars na sasagot sa mga medikal na tanong, magbibigay ng payo sa pangangalaga, at tutulungan kang magpasya kung dapat kang magpatingin na agad sa isang provider
- Makakuha ng tulong sa mga medikal na kondisyon gaya ng diabetes o hika, kabilang ang payo tungkol sa kung anong klase ng provider ang maaaring maging angkop para sa iyong kondisyon

Ang Linya para sa Payo ng Nars ay **hindi** makakatulong sa mga appointment sa klinika o pag-refill ng gamot. Tawagan ang tanggapan ng iyong provider kung kailangan mo ng tulong sa mga ito.

Ang Linya para sa Payo ng Narsay nagbibigay ng mga serbisyo sa Ingles at Espanyol na may available na mga serbisyo ng interpreter para sa iba pang wika.

Mga paunang direktiba sa pangangalagang pangkalusugan

Ang paunang direktiba sa pangangalagang pangkalusugan, o paunang direktiba, ay isang legal na form. Maaari mong ilista sa form ang pangangalagang pangkalusugan na gusto mo kung sakaling hindi ka na makapagsalita o makapagdesisyon sa ibang pagkakataon. Maaari mo ring ilista kung anong pangangalagang pangkalusugan ang **ayaw** mo. Maaari kang magbigay ng pangalan ng isang tao, tulad ng asawa, upang magdesisyon para sa iyong pangangalagang pangkalusugan kung hindi mo na ito magagawa.

Makakakuha ka ng form ng paunang direktiba sa mga parmasya, ospital, tanggapan ng abogado, at tanggapan ng mga doktor. Maaaring kailanganin mong bayaran ang form. Maaari ka ring makahanap at makapag-download ng libreng form online. Maaari kang magpatulong sa iyong pamilya, PCP, o sinumang pinagkakatiwalaan mo na sagutan ang form.

May karapatan kang mailagay ang iyong paunang direktiba sa iyong mga medikal na talaan. May karapatan kang baguhin o kanselahin ang iyong paunang direktiba anumang oras.

May karapatan kang malaman ang tungkol sa mga pagbabago sa mga batas sa paunang direktiba. Sasabihan ka ng Health Net tungkol sa mga pagbabago sa batas ng estado nang hindi lalampas sa 90 araw pagkatapos ang pagbabago.

Para alamin pa, maaari kang tumawag sa Health Net at 1-800-675-6110.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Donasyon ng organ at tissue

Maaari kang makatulong sa pagligtas ng buhay sa pamamagitan ng pagiging donor ng organ o tissue. Kung ikaw ay edad 15 hanggang 18, maaari kang maging donor nang may nakasulat na pahintulot ng iyong magulang o tagapangalaga. Maaari kang magbago ng isip tungkol sa pagiging donor ng organ anumang oras. Kung gusto mong alamin pa tungkol sa pagdo-donate ng organo o tissue, kausapin ang iyong PCP. Maaari mo ring bisitahin ang website ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao ng United States sa www.organdonor.gov.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

4. Mga benepisyo at serbisyo

Anong mga benepisyo at serbisyo ang sinasakop ng iyong planong pangkalusugan

Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga benepisyo at serbisyo na sinasakop ng Health Net. Libre ang iyong mga sakop na serbisyo hangga't ang mga ito ay medikal na kinakailangan at ibinibigay ng provider na nasa network Health Net. Dapat kang humingi ang Health Net ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kung ang pangangalaga ay wala sa network maliban sa ilang sensitibong serbisyo, pangangalagang-pang-emergency, at agarang pangangalaga sa labas ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net. Maaaring sakupin ng iyong planong pangkalusugan ang mga serbisyong medikal na kinakailangan mula sa provider na wala sa network, pero dapat kang huming sa Health Net ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para rito.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para maprotektahan ang iyong buhay, mapigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o mabawasan ang matinding pananakit na dulot ng isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembrong wala pang edad na 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyo ng Medi-Cal ang pangangalaga na medikal na kinakailangan para maayos o maibsan ang isang karamdaman o kondisyon ng katawan o isipan. Para sa higit pa tungkol sa iyong mga sakop na serbisyo, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang ay makakakuha ng mga karagdagang benepisyo at serbisyo. Para alamin pa, basahin ang Kabanata 5, "Pangangalaga ng bata at kabataan para maiwasan ang sakit" sa handbook na ito.

Ang ilan sa mga pangunahing benepisyo at serbisyo sa kalusugan na ibinibigay ng Health Net ay nakalista sa ibaba. Ang mga benepisyo at serbisyo na may star (*) ay kailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Acupuncture*
- Mga therapy at serbisyo sa kalusugan sa bahay para sa malubhang sakit (pansamantalang paggamot)*
- Pagsusuri at mga iniksyon para sa allergy
- Mga serbisyo ng ambulansya para sa isang emergency
- Mga serbisyo ng anesthesiologist*
- Pag-iwas sa hika
- Audiology*
- Mga pangunahing serbisyo sa pamamahala ng pangangalaga
- Paggamot para sa kalusugan ng pag-uugali*
- Pagsusuri ng biomarker*
- Rehabilitasyon ng puso*
- Chemotherapy at Radiation therapy*
- Mga chiropractic na serbisyo*
- Pagtutuli ng bagong silang na sanggol (pagkapanganak hanggang sa 30 araw)
- Mga pag-assess ng kalusugan na kaugnay ng pag-iisip
- Mga serbisyo ng Health Worker sa Komunidad (CHW)
- Mga Suporta sa Komunidad*
- Mga serbisyo para sa Kumplikadong Pamamahala ng Pangangalaga (CCM)
- Mga serbisyo para sa ngipin - limitado (isinasagawa ng isang medikal na propesyonal/pangunahing provider ng pangangalaga (PCP) sa isang medikal na tanggapan)*
- Mga serbisyo ng dialysis/hemodialysis
- Mga serbisyo ng doula
- Matibay na medikal na kagamitan (DME)*
- Mga dyadic na serbisyo
- Mga pagpunta sa emergency room
- Mga serbisyo para sa Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (ECM)
- Enteral at parenteral na nutrisyon*
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya (maaari kang pumunta sa provider na wala sa network)
- Pangangalaga sa partikular na kasarian*
- Mga serbisyo at kagamitan para sa habilitasyon*
- Mga hearing aid
- Pangangalagang pangkalusugan sa bahay*
- Pangangalagang hospice*
- Mga pagbabakuna (mga shot)
- Medikal at surgical na pangangalaga para sa inpatient*
- Mga serbisyo ng Intermediate care facility para sa may kapansanan sa paglaki*
- Laboratoryo at radiology*
- Mga pangmatagalan na therapy at serbisyo sa kalusugan sa bahay*
- Mga pangmatagalang serbisyo at suporta*
- Pangangalaga sa buntis at bagong silang na sanggol
- Paggamot sa kalusugan ng isip*
- Occupational therapy*
- Organ at bone marrow transplant*
- Orthotics/prostheses*
- Mga supply para sa ostomy at urology
- Mga serbisyo ng ospital para sa outpatient*
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient
- Operasyon para sa outpatient*



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

4 | Mga benepisyo at serbisyo

- Pangangalaga para mapaginhawa ang sakit*
- Mga pagpapatingin sa PCP
- Mga pediatric na serbisyo
- Mga pediatric na serbisyo na may espesyalidad*
- Physical therapy*
- Mga serbisyo ng podiatry*
- Rehabilitasyon ng baga
- Rapid Whole Genome Sequencing*
- Mga serbisyo at device para sa rehabilitasyon*
- Mga serbisyo ng may kakayahang nurse, kasama ang mga subacute na serbisyo*
- Mga pagpapatingin sa espesyalista
- Speech therapy*
- Mga serbisyo ng street medicine
- Paggamot ng sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak
- Mga surgical na serbisyo*
- Telemedicine/Telehealth
- Mga serbisyo para sa transgender*
- Mga pansamantalang serbisyo sa paglipat ng pangangalaga*
- Agarang pangangalaga
- Mga serbisyo para sa paningin*
- Mga serbisyo para sa kalusugan ng kababaihan

Ang mga kahulugan at paglalarawan ng mga sakop na serbisyo ay nasa Kabanata 8, “Mga mahalagang numero at salita na dapat malaman” sa handbook na ito.

Ang mga serbisyong medikal na kinakailangan ay makatwiran at kinakailangan para maprotektahan ang iyong buhay, mapigilan kang magkaroon ng malubhang sakit o kapansanan, o mabawasan ang matinding pananakit na dulot ng isang na-diagnose na sakit, karamdaman, o pinsala.

Kabilang sa mga serbisyong medikal na kinakailangan ang mga serbisyong kailangan para sa paglaki at pag-develop na naaangkop sa edad, o para makuha, mapanatili, o maibalik ang kapasidad na gumawa ng mga gawain.

Para sa mga miyembro na wala pang 21 taong gulang, ang serbisyo ay medikal na kinakailangan kung kailangan ito para maitama o mapabuti ang mga depekto at mga karamdaman o kondisyon ng katawan at isipan sa ilalim ng benepisyo sa Medi-Cal for Kids and Teens (kilala rin bilang Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot (EPSDT)). Kabilang dito ang pangangalagang kinakailangan para maayos o tulungang maibsan ang karamdaman o kondisyon ng katawan o isipan o mapanatili ang kondisyon ng miyembro para hindi ito lumala.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Hindi kabilang sa mga serbisyonang medikal na kinakailangan ang:

- Mga paggamot na hindi nasubukan o na sinusubukan pa
- Mga serbisyo o item na karaniwang hindi tinatanggap na epektibo
- Mga serbisyonang lampas sa karaniwang haba at tagal ng paggamot o mga serbisyonang walang klinikal na alituntunin
- Mga serbisyo para sa kaginhawahan ng tagapangalaga o provider

Nakikipagtulungan ang Health Net sa iba pang programa para matiyak na natatanggap mo ang lahat ng serbisyonang medikal na kinakailangan, kahit na sinasakop ng ibang programa ang mga serbisyonang iyon at hindi ng Health Net.

Ang mga serbisyonang medikal na kinakailangan ay kinabibilangan ng mga sakop na serbisyo na makatwiran at kinakailangan para:

- Maprotektahan ang buhay,
- Mapigilan ang malalang karamdaman o kapansanan,
- Maibsan ang matinding pananakit,
- Makamit ang paglaki at pag-develop na naaangkop sa edad, o
- Makamit, mapanatili, at maibalik ang kapasidad na gumawa ng mga gawain.

Para sa mga miyembrong mas bata sa 21 taong gulang, kabilang sa mga serbisyonang medikal na kinakailangan ang lahat ng sakop na serbisyonang nakalista sa itaas at anumang kinakailangang pangangalagang pangkalusugan, screening, pagbabakuna, diagnostic na serbisyo, paggamot, at iba pang hakbang upang maitama o mapabuti ang mga depekto at mga karamdaman at kondisyon ng katawan at isipan, na hinihiling ng benepisyong sa Medi-Cal for Kids and Teens. Kilala ang benepisyong ito bilang benepisyong sa Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot (EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas.

Nagbibigay ang Medi-Cal for Kids and Teens ng mga serbisyonang pang-iwas, diagnostic, at serbisyo sa paggamot para sa mga naka-enroll na sanggol, bata, at teenager na wala pang 21 taong gulang. Mas maraming serbisyo ang sinasakop ng Medi-Cal for Kids and Teens kaysa sa mga serbisyonang ibinibigay sa mga nasa hustong gulang. Idinisenyo ito para masigurong makakakuha ang mga bata ng maagang pagtukoy at pangangalaga para maiwasan o ma-diagnose at magamot ang mga problema sa kalusugan sa lalong madaling panahon. Layunin ng Medi-Cal for Kids and Teens na matiyak na makukuha ng bawat bata ang pangangalagang pangkalusugan na kailangan nila kapag kailangan nila ito – ang tamang pangangalaga para sa tamang bata sa tamang oras sa tamang setting.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Makikipagtulungan ang Health Net sa iba pang programa para matiyak na matatanggap mo ang lahat ng serbisyong medikal na kinakailangan, kahit na sinasakop ng ibang programa ang mga serbisyong iyon at hindi ng Health Net. Basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Mga benepisyo sa Medi-Cal na sakop ng Health Net

Outpatient (para sa nakakapaglakad) na mga serbisyo

Mga pagbabakuna para sa nasa hustong gulang (mga bakuna)

Maaari kang makatanggap ng mga pagbabakuna para sa nasa hustong gulang (mga bakuna) mula sa provider na nasa network nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) kapag ang mga ito ay serbisyong pang-iwas sa sakit. Sinasakop ng Health Net ang mga pagbabakuna (mga bakuna) na inirerekomenda ng Komite sa Pagpapayo sa mga Kasanayan sa Pagbabakuna (ACIP) ng Mga Center para sa Pagkontrol at Pag-iwas sa Sakit (CDC), kabilang ang mga pagbabakuna (mga iniksyon) na kailangan mo kapag naglalakbay ka.

Makakakuha ka rin ng ilang serbisyo ng pagpapabakuna (mga shot) para sa nasa hustong gulang mula sa parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx. Para alamin pa ang tungkol sa Medi-Cal Rx, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Pangangalaga sa allergy

Sinasakop ng Health Net ang pagsusuri at paggamot sa allergy, kabilang ang desensitization, hypo-sensitization o immunotherapy ng allergy.

Mga serbisyo ng anesthesiologist

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo para sa-anesthesia na medikal na kinakailangan kapag kumuha ka ng pangangalaga para sa outpatient. Maaaring kabilang dito ang anesthesia para sa mga procedure sa ngipin na ibinibigay ng isang anesthesiologist na maaaring mangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Mga serbisyo ng chiropractic

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo ng chiropractic, na limitado sa paggamot ng gulugod sa pamamagitan ng manual manipulation. Ang mga chiropractic ng serbisyo ay limitado sa maximum na dalawang serbisyo kada buwan, o kumbinasyon ng dalawang serbisyo kada buwan mula sa mga sumusunod na serbisyo: acupuncture, audiology,



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

occupational therapy, at speech therapy. Hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga batang wala pa sa edad na 21. Maaaring magbigay ang Health Net ng paunang pag-apruba sa iba pang serbisyo kung medikal na kinakailangan.

Kwalipikado ang mga miyembrong ito para sa mga serbisyo ng chiropractic:

- Mga batang wala pang 21 taong gulang
- Mga taong buntis hanggang sa katapusan ng buwan kung saan kasama ang 60 araw matapos ang pagtatapos ng pagbubuntis
- Mga residente saskilled nursing facility, pasilidad ng intermediate na pangangalaga, o pasilidad ng subacute na pangangalaga
- Lahat ng miyembro kapag ibinibigay ang mga serbisyo sa mga departamento ng ospital para sa outpatient sa county, mga klinika para sa outpatient, Pederal na Kwalipikadong Sentrong Pangkalusugan (mga FQHC) o Mga Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (mga RHC) na nasa network ng Health Net. Hindi lahat ng mga FQHC, RHC o ospital ng county ay nag-bibigay ng mga serbisyo ng chiropractic para sa outpatient.

Mga pag-assess ng kalusugan na kaugnay ng pag-iisip

Sinasakop ng Health Net ang taunang pagsusuri ng kalusugan kaugnay ng pag-iisip para sa mga miyembro na 65 taong gulang pataas na kwalipikado para sa katulad na pag-assess bilang bahagi ng taunang pagpapatingin para manatiling malusog sa ilalim ng programa ng Medicare. Sinusuri ng pag-assess sa kalusugan kaugnay ng pag-iisip ang mga palatandaan ng sakit na Alzheimer's o dementia.

Mga serbisyo ng Health Worker sa Komunidad (CHW)

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo ng indibidwal kpaag inirerekomenda ng isang doktor o iba pang lisensiyadong practitioner para sa pag-iwas ng sakit, kapansanan, at iba pang kondisyon ng kalusugan o pagbabago nito; pagpapahaba ng buhay; at pag-promote ng kalusugan at kahusayan ng katawan at isip. Ang mga serbisyo ng CHW ay walang limitasyon sa lokasyon ng serbisyo at makakatanggap ang mga miyembro ng mga serbisyo sa mga setting, tulad ng emergency room. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ang:

- Edukasyong pangkalusugan at indibidwal na suporta o advocacy, kasama ang pagkontrol at pag-iwas sa mga hindi gumagaling o nakakahawang sakit; mga kondisyon ng kalusugan ng pag-uugali, perinatal, at ng bibig; at pag-iwas sa karahasan o pinsala
- Pagtataguyod at pagtuturo ng kalusugan, kabilang ang pagtatakda ng layunin at paggawa ng mga planong aksyon para matugunan ang pag-iwas at pamamahala ng sakit
- Pag-navigate ng kalusugan, kasama ang pagbibigay ng impormasyon, pagsasanay, at suporta para tumulong na makakuha ng pangangalagang pangkalusugan at mga mapagkukunan sa komunidad.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Mga serbisyo ng screening at pag-assess na hindi kailangan ng lisensya, tumutulong ikonekta ang miyembro sa mga serbisyo para mapabuti ang kanyang kalusugan.

Ang mga serbisyo sa pag-iwas sa karahasan ng CHW ay available sa mga miyembro na natutugunan ang alinman sa mga sumusunod na sitwasyon ayon sa natukoy ng isang licensed practitioner:

- Marahas na napinsala ang miyembro bilang resulta ng karahasan sa komunidad.
- Ang miyembro ay nasa malaking panganib na makaranas ng marahas na pinsala bilang resulta ng karahasan sa komunidad.
- Nakaranas ang miyembro ng malubhang pagkakalantad sa karahasan sa komunidad.

Ang mga serbisyo sa pag-iwas sa karahasan ng CHW ay partikular sa karahasan sa komunidad (hal., karahasan ng gang). Ang mga serbisyo ng CHW ay maaaring ibigay sa mga miyembro para sa interpersonal/domestic na karahasan sa pamamagitan ng iba pang paraang may pagsasanay/karanasan na partikular sa mga pangangailangang iyon.

Mga serbisyo ng dialysis at hemodialysis

Sinasakop ng Health Net ang mga paggamot na dialysis. Sinasakop din ng Health Net ang mga serbisyo para sa hemodialysis (chronic dialysis) kung magsumite ng kahilingan ang iyong doktor at aprubahan ito ng Health Net

Hindi kabilang sa coverage ng Medi-Cal ang:

- Mga kagamitan, supply, at feature na para sa kaginhawahan, kumbinyente, o luho
- Mga item na hindi pangmedikal, gaya ng mga generator o accessory para madala sa biyahe ang kagamitan para sa dialysis sa bahay

Mga serbisyo ng Doula

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo ng doula na ibinibigay ng mga provider ng doula na nasa network sa panahon ng pagbubuntis ng miyembro, sa panahon na labor at panganganak, kasama ang stillbirth, nakunan, at abortion; sa loob ng isang taon ng pagtatapos ng pagbubuntis ng miyembro. Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang lahat ng serbisyo ng doula. Hindi kasama sa mga serbisyo ng doula ang pagtukoy ng mga medikal na kondisyon, pagbibigay ng medikal na payo, o anumang uri ng klinikal na pag-assess, pagsusuri, o procedure. Ang mga sumusunod na mga serbisyo ng Medi-Cal ay hindi bahagi ng benepisyo ng doula:

- Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali
- Belly binding pagkatapos ng cesarean section ng isang clinician
- Clinical case coordination



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Mga group class para sa edukasyon sa panganganak.
- Komprehensibong edukasyon sa kalusugan, kasama ang orientation, pag-assess, at pagpapalano (Mga serbisyo ng programa para sa Comprehensive Perinatal Services)
- Mga serbisyo para sa pangangalagang pangkalusugan kaugnay sa pagbubuntis, panganganak, at ang panahon ng postpartum
- Hypnotherapy (non-specialty mental health service (NSMHS))
- Pagkonsulta sa pagkakaroon ng gatas, mga group class, at mga supply
- Mga serbisyo para sa Medically Necessary Community Supports
- Mga serbisyo para sa nutrisyon (pag-assess, pagpapayo, at pagbuo ng planong pangangalaga)
- Transportasyon

Kung kailanga ng miyembro o gusto ang doula o mga serbisyo na kaugnay sa pagbubuntis na **hindi** sakop, maaaring humiling ng pangangalaga ang miyembro o doula. Tawagan ang PCP o Health Net Member Services ng PCP.

Ang provider ng doula ay mga birth worker na nagbibigay ng edukasyong pangkalusugan, advocacy, at pisikal, emosyonal, at hindi pangmedikal na suporta para sa mga taong buntis at pagkatapos manganak bago, sa panahon ng, at pagkatapos manganak, kasama ang suporta sa stillbirth, nakunan, at abortion.

Ang sinumang miyembro na buntis o postpartum ay maaaring matanggap ang mga sumusunod na serbisyo mula sa provider ng doula na nasa network:

- Isang inisyal na pagpapatingin
- Hanggang walong karagdagang pagpapatingin na maaaring magkakahalong pagpapatingin bago manganak at postpartum
- Suporta sa panahon ng pagle-labor at panganganak (kasama ang pagle-labor at panganganak na nagreresulta sa stillbirth), abortion, o pnakunan
- Hanggang dalawa o tatlong oras na mga pagpapatingin postpartum sa pagtatapos ng pagbubuntis.

Maaaring makatanggap ang mga miyembro ng hanggang siyam na karagdagang postpartum na pagpapatingin na may karagdagang nakasulat na rekomendasyon mula sa doktor o iba pang licensed practitioner.

Ang sinumang miyembro na buntis o postpartumna gusto ang mga serbisyo ng doula ay maaaring makahanap ng doula sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). Ang Health Net ay dapat makipagtulungan para sa access na wala sa network sa mga serbisyo ng doula para sa mga miyembro kung hindi available ang provider ng doula na nasa network.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga dyadic na serbisyo

Sinasakop ng Health Net ang medikal na kinakailangan na mga Dyadic na serbisyo para sa Kalusugan ng Pag-uugali (DBH) para sa mga miyembro at kanilang mga tagapag-alaga. Ang dyad ay isang bata child edad 0 hanggang 20 at ang kanilang mga magulang at tagapag-alaga. Magkasamang pinaglilingkuran ng pangangalaga na dyadic ang mga magulang o tagapag-alaga at ang bata. Tina-target nito ang kapakanan ng pamilya para suportahan ang magandang pag-develop ng bata at kalusugan ng isip.

Kasama sa mga serbisyo ng pangangalaga na dyadic ang:

- Mga well-child na pagpapatingin para sa DBH
- Mga dyadic na komprehensibong serbisyo ng Mga Suporta ng Komunidad
- Mga dyadic na serbisyo ng psycho-education
- Mga dyadic na serbisyo para sa magulang o tagapag-alaga
- Dyadic na pagsasanay ng pamilya, at
- Pagpapayo para sa paglaki ng bata, at mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng ina

Operasyon para sa outpatient

Sinasakop ng Health Net ang mga procedure sa operasyon para sa outpatient. Para sa ilang procedure, kakailanganin mong makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) bago makuha ang mga serbisyonang iyon. Ang mga diagnostic na procedure at ilang partikular na procedure na pangmedikal o para sa ngipin na para sa outpatient ay itinuturing na elective. Dapat kang makakuha ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Mga serbisyo ng doktor

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo ng doktor na medikal na kinakailangan.

Mga serbisyo sa podiatry (paa)

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo sa podiatry kabilang medikal na kinakailangan para sa diyagnosis at para sa medikal, surgical, mekanikal, manipulative, at electrical na paggamot ng paa ng tao. Kasama rito ang paggamot para sa bukong-bukong at para sa mga litid na nakakonekta sa paa. Kasama rin dito ang hindi surgical na paggamot ng mga kalamnan at litid ng binti na kumokontrol sa mga galaw ng paa.

Mga therapy sa paggamot

Sinasakop ng Health Net ang iba't ibang therapy na paggamot, kabilang ang:

- Chemotherapy
- Radiation therapy



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Pangangalaga sa buntis at bagong silang na sanggol

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo sa pangangalaga sa buntis at bagong silang na sanggol na ito:

- Pagpapaanak sa birthing center, tahanan, o ospital batay sa kung ano ang gusto ng miyembro at ano ang medikal na pinakamabuti para kanila.
- Mga breast pump at supply
- Edukasyon at mga tulong hinggil sa pagpapasuso
- Pangangasiwa ng pangangalaga
- Pagpapayo
- Diagnosis ng mga sakit sa genes ng fetus at pagpapayo
- Mga Serbisyo na Doula
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip ng ina
- Pangangalaga sa bagong silang na sanggol
- Edukasyon tungkol sa nutrisyon
- Edukasyong pangkalusugan na may kaugnayan sa pagbubuntis
- Prenatal, pagpapaanak, at postpartum care mula sa certified nurse midwife (CNM), licensed midwife (LM) o doktor, batay sa mas gusto ng miyembro at ang medikal na pinakamabuti para sa kanila
- Mga pag-assess at referral para sa kalusugan ng isip at pakikisalamuha
- Mga bitamina at mineral supplement

Ang bawat buntis at postpartum na miyembro ay maaaring matanggap ang lahat ng mga serbisyo sa itaas. Makokontak ng mga miyembro ang 1-800-675-6110 (TTY 711) para sa tulong sa pagkuha ng mga serbisyo.

Pinalawig na coverage para sa postpartum

Sinasakop ng Health Net ang buong scope na coverage hanggang sa 12 buwan matapos ang pagtatapos ng pagbubuntis, anuman ang pagbabago sa kita, o kung paano nagtatapos ang pagbubuntis.

Mga serbisyo ng telehealth

Ang telehealth ay isang paraan ng pagkuha ng mga serbisyo nang hindi kinakailangang nasa parehong lokasyon ng iyong provider. Maaaring kasama sa telehealth ang live na pakikipag-usap sa iyong provider sa pamamagitan ng telepono, video, o iba pang paraan. O maaaring kasama sa telehealth ang pagbabahagi ng impormasyon sa iyong provider nang walang live na pag-uusap. Maaari kang makakuha ng maraming serbisyo sa pamamagitan ng telehealth.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Maaaring hindi available ang telehealth para sa lahat na sakop na serbisyo. Maaari mong kontakin ang your provider para malaman kung aling mga serbisyo ang makukuha mo sa pamamagitan ng telehealth. Mahalagang pareho kayong sumang-ayon ng iyong provider na ang paggamit ng telehealth para sa serbisyo ay naaangkop para sa iyo. May karapatan ka sa mga serbisyo sa personal. Hindi mo kailangang gumamit ng telehealth kahit na sumang-ayon ang iyong provider na angkop ito para sa iyo.

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip

Mga serbisyo sa kalusugan ng isip para sa outpatient

Sinasakop ng Health Net ang mga inisyal na pag-assess ng kalusugan ng isip nang hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot). Maaari kang makakuha ng pag-assess ng kalusugan ng isip anumang oras mula sa isang lisensyadong provider sa kalusugan ng isip sa network ng Health Net nang walang referral.

Maaaring gumawa ng referral ang iyong PCP o provider sa kalusugan ng isip para sa karagdagang screening sa kalusugan ng isip sa isang espesyalista na nasa network ng Health Net para desisyunan ang antas ng pangangalaga na kailangan mo. Kung makita ng iyong resulta ng screening na hindi malubhang pagkakabalda dahil sa kondisyon sa kalusugan ng isip, maaaring ibigay sa iyo ng Health Net ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip.

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip tulad ng:

- Pag-assess at paggamot sa kalusugan ng isip ng indibidwal at grupo (psychotherapy)
- Psychological testing kapag klinikal na kinakailangan para i-evaluate ang kondisyon ng kalusugan ng isip
- Pagpapaunlad ng mga kakayahan sa pag-iisip upang mapahusay ang atensyon, alaala, at paglutas ng problema
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay sa medicine therapy
- Mga serbisyo sa laboratoryo para sa outpatient
- Mga gamot na para sa outpatient na hindi pa sakop sa ilalim ng Listahan ng Gamot sa Kontrata ng Medi-Cal Rx (<https://Medi-Calrx.dhcs.ca.gov/home/>), mga supply at supplement
- Psychiatric na pagkonsulta
- Pampamilyang therapy na kinabibilangan ng hindi bababa sa dalawang miyembro ng pamilya. Kasama sa mga halimbawa ng pampamilyang therapy ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Psychotherapy ng anak at magulang (edad 0 hanggang 5)
 - Interactive na therapy ng magulang at anak (edad 2 hanggang 12)
 - Cognitive-behavioral na therapy sa couple (mga nasa hustong gulang)

Para sa tulong sa paghahanap ng higit pang impormasyon sa mga serbisyo sa kalusugan ng isip na ibinibigay ng Health Net, tumawag sa Health Net, call 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Kung ang paggamot na kailangan mo para sa sakit sa kalusugan sa isip ay hindi available sa network ng Health Net o hindi maibibigay ng iyong PCP o provider sa kalusugan ng isip ang pangangalagang kailangan mo sa oras na nakalista sa itaas sa “Napapanahong pag-access sa pangangalaga,” Sasakupin ng Health Net at tutulungan kang makakuha ng mga serbisyo na wala sa network.

Kung ipapakita ng screening ng iyong kalusugan ng isip na maaaring mayroon kang mas mataas na antas ng kapansanan at kailangan mo ng mga serbisyong may espesyalidad sa kalusugan ng isip (SMHS), maaari kang i-refer ng iyong PCP o ng iyong provider sa kalusugan ng isip sa plano ng county para sa kalusugan ng isip para makakuha ng pangangalagang kailangan mo. Tutulungan ka ng Health Net na i-coordinate ang iyong unang appointment sa provider ng plano sa kalusugan ng isip ng county para piliin ang tamang pangangalaga para sa iyo. Para alamin pa, basahin ang “Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Kung ikaw o isang taong kilala mo na sa krisis, kontakin ang **988** Suicide at Crisis Lifeline. **Tawagan o i-text ang 988 o makipag-chat online sa 988lifeline.org/chat.** Ang **988** Suicide at Crisis Lifeline ay nagbibigay ng libre at pribadong tulong. Makakakuha ng tulong ang sinuman, kasama ang mga nasa emotional distress at mga kailangan ng suporta para sa krisis sa pagpapakamatay, kalusugan ng isip, at/o pag-aabuso sa droga at alak.

Mga serbisyo sa pangangalagang pang-emergency

Mga serbisyo para sa inpatient at outpatient na kinakailangan upang gamutin ang isang medikal na emergency

Sinasakop ng Health Net ang lahat ng serbisyo na kinakailangan para gamutin ang medikal na emergency na nangyayari sa Estados Unidos (kasama ang mga teritoryo tulad ng American Samoa, Guam, Northern Mariana Islands, Puerto Rico, o ang United States Virgin Islands). Sinasakop din ng Health Net ang pangangalagang pang-emergency na nangangailangan ng pagpapaospital sa Canada o Mexico.

Ang isang medikal na emergency ay isang medikal na kondisyon na may matinding pananakit o malubhang pinsala. Napakalubha ng kondisyon na, kung hindi ito makakakuha ng agarang medikal na atensyon, maaaring asahan ng isang maingat (makatwiran) na ordinaryong tao (hindi isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan) na magresulta alinman sa sumusunod:

- Malubhang panganib sa iyong kalusugan
- Malubhang pinsala sa mga paggana ng katawan
- Malubhang hindi paggana ng anumang organo o bahagi ng katawan



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Malubhang panganib sa mga sitwasyon ng buntis na active labor, na nangangahulugang labor sa panahon na mangyayari ang alinman sa mga sumusunod:
 - Hindi sapat ang panahon upang ligtas kang ilipat sa ibang ospital bago ang panganganak
 - Ang paglipat ay maaaring magdulot ng panganib sa kalusugan o kaligtasan mo o ng iyong hindi pa naisisilang na sanggol

Kung bibigyan ka ng provider sa emergency room ng ospital nang hanggang 72 oras na supply ng inireresetang gamot para sa outpatient bilang bahagi ng iyong paggamot, sasakupin ng Health Net inireresetang gamot bilang bahagi ng iyong sakop na pangangalagang emergency. Kung bibigyan ka ng provider sa emergency room ng ospital ng reseta na kailangan mong dalhin sa isang parmasya para sa outpatient para mapunan ito, sasakupin ng Medi-Cal Rx ang reseta ng iyon.

Kung kailangan mo ng pang-emergency na supply na gamot mula sa parmasya para sa outpatient habang naglalakbay, magiging responsable ang Medi-Cal Rx sa pagsakop ng gamot, at hindi ang Health Net. Kung kailangan ng parmasya ng tulong sa pagbibigay ng isang pang-emergency na supply ng gamot, sabihin sa kanila ng tumawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273.

Mga serbisyo ng pang-emergency na transportasyon

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo ng ambulansya upang matulungan kang makarating sa pinakamalapit na lugar ng pangangalaga sa isang emergency.

Nangangahulugan itong sapat na malubha ang iyong kondisyon na ang iba pang paraan ng pagpunta sa lugar ng pangangalaga ay maaaring magdulot ng panganib sa iyong kalusugan o buhay. Walang serbisyo ang sinasakop sa labas ng Estados Unidos maliban sa pangangalagang pang-emergency na kailangan kang maospital sa Canada o Mexico. Kung makatanggap ka ng mga serbisyo ng ambulansya na pang-emergency sa Canada o Mexico at hindi ka maospital sa panahon ng episode ng pangangalagang iyon, hindi sasakupin ng Health Net ang iyong mga serbisyo ng ambulansya.

Pangangalaga ng hospice at pangangalaga para maibsan ang pananakit

Sinasakop ng Health Net ang pangangalaga ng hospice at pangangalaga para maibsan ang pananakit para sa mga bata at nasa hustong gulang, na tumutulong na mabawasan ang mga pisikal, emosyonal, panlipunan at espirital na discomfort. Ang mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang o mas matanda ay maaaring hindi makatanggap ng mga serbisyo ng pangangalaga ng hospice at mga serbisyo ng pangangalaga ng gumagamot (healing) nang sabay-sabay.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Pangangalaga ng hospice

Ang pangangalaga sa hospice ay isang benepisyong para sa mga miyembrong may taning na ang buhay. Kinakailangan sa pangangalagang hospice na ang miyembro ay inaasahang mabubuhay ng anim na buwan o mas maikli. Isa itong interbensyon na pangunahing nakatuon sa pamamahala ng pananakit at sintomas sa halip na sa lunas upang mapahaba ang buhay.

Kabilang sa pangangalaga sa hospisyong ang:

- Mga serbisyo sa pag-aalaga
- Mga serbisyong pisikal, occupational, o tungkol sa pagsasalita
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga serbisyo para sa katulong sa kalusugan sa bahay at namamahala ng bahay
- Mga medikal na supply at appliance
- Ilang gamot at biological na serbisyo (maaaring available ang ilan sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx)
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Mga serbisyo ng patuloy na pag-aalaga sa 24 na oras na batayan sa mga panahon ng krisis at kung kinakailangan upang panatilihin ang miyembrong may taning na ang buhay sa bahay
 - Panandaliang pangangalaga para sa inpatient nang hanggang sa limang magkakasunod na araw sa isang ospital, skilled nursing facility, o pasilidad ng hospice
 - Maikling panahong pangangalaga na inpatient para sa pagkontrol ng pananakit o pamamahala ng sintomas sa isang ospital, skilled nursing facility, o pasilidad ng hospice

Maaaring hilingin ng Health Net na kumuha ka ng pangangalaga ng hospice mula sa provider na nasa network maliban kung hindi available sa network ang mga serbisyo na medikal na kinakailangan.

Pangangalaga para maibsan ang pananakit

Ang pangangalaga para maibsan ang pananakit ay pangangalagang nakasentro sa pasyente at pamilya na nagpapabuti sa kalidad ng buhay sa pamamagitan ng inaasahan, pag-iwas, at paggamot sa paghihirap. Available rin ang pangangalaga para maibsan ang pananakit sa mga bata at nasa hustong gulang na may malubha o sakit na nakakamatay. Hindi kinakailangan na magkaroon ang miyembro ng taning na anim na buwan o mas maiklo. Maaaring ibigay ang pangangalaga para maibsan ang pananakit kasabay bilang panggamot na pangangalaga.

Kabilang sa pangangalaga para maibsan ang pananakit ang:

- Advance na pagpapalano sa pangangalaga
- Pag-assess at pagkonsulta sa pangangalaga para maibsan ang pananakit



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Plano ng pangangalaga kasama ang lahat ng pinahihintulatang pangangalaga para maibsan ang pananakit at panggamot na pangangalaga
- Kasama sa team sa pangangalaga para maibsan ang pananakit ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Doktor ng medisina o osteopathy
 - Physician assistant
 - Rehistradong nars
 - Licensed vocational nurse o nurse practitioner
 - Social worker
 - Chaplain
- Pangangasiwa ng pangangalaga
- Pamamahala sa pananakit at sintomas
- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip at medikal na serbisyong panlipunan

Ang mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang o mas matanda ay hindi maaaring makakuha ng pangangalaga para maibsan ang pananakit (panggamot) at pangangalaga ng hospice nang sabay. Kung nakakakuha ka ng pangangalaga para maibsan ang pananakit at kwalipikado ka para sa pangangalaga ng hospice, maaari mong hilingin na lumipat sa pangangalaga ng hospice anumang oras.

Pagpapaospital

Mga serbisyo ng anesthesiologist

Sinasakop ng Health Net ang mga medikal na kinakailangang serbisyo ng anesthesiologist sa panahon ng sakop na pamamalagi sa ospital. Ang anesthesiologist ay isang provider na bihasa sa pagbibigay ng anesthesia sa mga pasyente. Ang anesthesia ay isang uri ng gamot na ginagamit sa ilang medikal na procedure o procedure para sa ngipin.

Mga serbisyo ng ospital para sa inpatient

Sinasakop ng Health Net ang medikal na kinakailangang pangangalaga ng inpatient sa ospital kapag na-admit ka sa ospital.

Rapid Whole Genome Sequencing

Ang Rapid Whole Genome Sequencing (RWGS) ay isang sakop na benepisyo para sa sinumang miyembro ng Medi-Cal na isang taong gulang o mas bata at tumatanggap ng mga serbisyo ng ospital para sa inpatient sa intensive care unit. Kabilang dito ang individual sequencing, trio sequencing para sa magulang o mga magulang at ang kanilang sanggol, at ultra-rapid sequencing.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Ang RWGS ay isang bagong paraan ng pagsusuri ng mga kondisyon sa panahon ng pagbibigay ng pangangalaga ng Intensive Care Unit (ICU) sa mga batang isang taong gulang o mas bata. Kung kwalipikado ang iyong anak sa programang Mga Serbisyo para sa mga Bata ng California (California Children's Services o CCS), maaaring sakupin ng CCS ang pamamalagi sa ospital at ang RWGS.

Mga serbisyong surgical

Sinasakop ng Health Net ang mga medikal na kinakailangang operasyong isinasagawa sa isang ospital.

Mga serbisyo at device na rehabilitative at habilitative (therapy)

Kasama sa benepisyong ito ang mga serbisyo at kagamitan para tulungan ang mga taong may mga pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na kondisyon na magkaroon ng o maibalik ang mga kasanayan ng isip at katawan.

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyong rehabilitative at habilitative na inilalarawan sa seksyong ito kung natutugunan ang lahat ng mga sumusunod na kinakailangan:

- Medikal na kinakailangan ang mga serbisyo
- Ang mga serbisyo ay tutugon sa isang kondisyon ng kalusugan
- Ang mga serbisyo ay tutulungan kang mapanatili, matutunan, o mapahusay ang mga kasanayan at pagkilos para sa pang-araw-araw na pamumuhay
- Nakukuha mo ang mga serbisyo sa isang pasilidad na nasa network, maliban kung nalaman ng isang doktor sa network na medikal na kinakailangan na makakuha ka ng mga serbisyo sa ibang lugar o kung hindi available ang isang pasilidad sa network para gamutin ang iyong kondisyon ng kalusugan.

Sinasakop ng Health Net ang mga rehabilitative/habilitative na serbisyong ito:

Acupuncture

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyong acupuncture upang maiwasan, baguhin, o ibsan ang matindi at patuloy na hindi gumagaling na pananakit na dulot ng isang pangkalahatang kinikilalang medikal na kondisyon.

Limitado ang mga serbisyong acupuncture para sa outpatient, mayroon o walang elektronikong stimulation ng mga karayom sa dalawang serbisyo kada buwan kasama ng mga serbisyo ng audiology, chiropractic, occupational therapy, at speech therapy kapag ibinibigay ng doktor, dentista, podiatrist, o acupuncturist. Hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga batang wala pa sa edad na 21. Maaaring paunang aprubahan ng Health Net (paunang pahintulot) ng mas maraming bilang medikal na kinakailangan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Audiology (pandinig)

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo ng audiology. Ang audiology para sa outpatient ay limitado sa dalawang serbisyo kada buwan, kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, chiropractic, occupational therapy, at speech therapy (hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring paunang aprubahan (paunang pahintulutan) ng Health Net ang mas maraming serbisyo gaya ng medikal na pangangailangan.

Mga paggamot para sa kalusugan ng pag-uugali

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo sa paggamit ng kalusugan ng pag-uugali (BHT) para sa mga miyembro na wala pang 21 taong gulang sa pamamagitan ng Medi-Cal para sa benepisyo para sa Mga Bata at Teenager Kids. Kasama sa mga serbisyo at mga programa para sa paggamot tulad ng mga programa ng applied behavior analysis at evidence-based behavior intervention na binubuo o nire-restore, sa maximum na lawak na magagawa, ang paggana ng miyembro na wala pang 21 taong gulang.

Ang mga serbisyo ng BHT ay nagtuturo ng mga kasanayan gamit ang obserbasyon sa pag-uugali at reinforcement o sa pamamagitan ng paghihikayat upang ituro ang bawat hakbang tungo sa isang nilalayong pag-uugali. Ang mga serbisyo ng BHT ay nakabatay sa mga maaasahang ebidensiya. Hindi ito sinusubukan pa lang. Kabilang sa mga halimbawa ng mga serbisyo ng BHT ang mga interbensyon sa pag-uugali, mga package ng interbensyon sa pag-uugali ng pag-iisip, komprehensibong paggamot sa pag-uugali at applied na pagsusuri sa pag-uugali.

Ang mga serbisyo ng BHT ay dapat medikal na kinakailangan, inireseta ng isang lisensiyadong doktor o psychologist, inaprubahan ng Health Net, at ibinibigay sa paraang sumusunod sa inaprubahang plano ng paggamot.

Rehabilitasyon ng puso

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo ng rehabilitasyon ng puso para sa inpatient at outpatient.

Matibay na kagamitanng pangmedikal (Durable medical equipment, DME)

- Sinasakop ng Health Net ang pagbili pag-upa ng mga supply ng DME, kagamitan, at iba pang mga serbisyo na may reseta mula sa doktor, physician assistant, nurse practitioner, o clinical nurse specialist. Maaaring masakop ang mga inireresetang DME na item kung medikal na kinakailangan upang mapanatili ang mga paggana ng katawan na mahalaga sa mga aktibidad ng pang-araw-araw na pamumuhay o upang maiwasan ang malalang pisikal na kapansanan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Sinasakop ng Medi-Cal Rx ang mga disposable outpatient device na karaniwang available mula sa pamilya para sa pagsusuri ng asukal sa dugo o ihi, tulad ng mga diabetes blood glucose monitor, continuous glucose monitor, test strip, at mga lancet.

Sa pangkalahatan, hindi sinasako ng Health Net ang:

- Ang kagamitan para sa kaghinaan, o luho, mga feature, at supply, maliban sa mga retail-grade na breast pump gaya ng inilalarawan sa unang bahagi ng kabanatang ito sa “Mga breast pump at supply” sa “Pangangalaga sa ina at bagong silang na sanggol”
- Mga item na hindi nilalayong gamitin para sa pagpapanatili ng mga karaniwang aktibidad sa pang-araw-araw na pamumuhay, gaya ng kagamitan sa pag-eehersisyo kabilang ang mga kagamitan na nilalayong magbigay ng karagdagang suporta para sa mga aktibidad na panlibangan o pang-sports
- Mga kagamitan para sa kalinisan, maliban kung medikal na kinakailangan para sa miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Mga hindi medikal na item, gaya ng mga sauna bath o elevator
- Mga pagbabago sa iyong tahanan (maliban kung available at ibinibigay sa pamamagitan ng Mga Suporta ng Komunidad) o kotse
- Mga elektronikong monitor ng puso o mga baga maliban sa mga apnea monitor para sa sanggol
- Pagsasaayos o pagpapalit ng kagamitan dahil sa pagkawala, pagnakaw, o maling paggamit, maliban kapag medikal na kinakailangan para sa isang miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Iba pang item na hindi pangunahing ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan sa pangkalahatan

Sa ilang sitwasyon, ang mga item na ito ay maaaring aprubahan kapag magsumite ang doktor ng kahilingan para sa paunang pag-apruba (paunang pahintulot) at ang mga item ay medikal kinakailangan at na natutugunan ang kahulugan ng DME.

Enteral at parenteral na nutrisyon

Ginagamit ang mga pamamaraang ito ng paghahatid ng nutrisyon sa katawan kapag pinipigilan ka ng isang medikal na kondisyon na kumain nang normal ng pagkain. Ang Enteral nutrition formula at parenteral nutrition na mga produkto ay maaaring sakupin sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx, kapag medikal na kinakailangan. Sinasakop ng Health Net ang mga enteral at parenteral na pump at tubing, kapag medikal na kinakailangan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga hearing aid

Sinasakop ng Health Net ang mga hearing aid kung nasuri ka para sa paghina ng pandinig, kung medikal na kinakailangan ang mga hearing aid, at may reseta ka mula sa iyong doktor. Limitado ang coverage sa pinakamurang hearing aid na nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan. Sasakupin ng Health Net ang isang hearing aid maliban kung kailangan ng hearing aid para sa bawat tainga para sa mas magandang mga resulta kaysa makakuha ka ng isang hearing aid.

Mga hearing aid para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang:

Sa Amador, Calaveras, Inyo, Los Angeles, Mono, Sacramento, San Joaquin, Stanislaus, Tulare, at Tuolumna mga county, hinihiling ng batas ng estado na i-refer ang mga batang wala pang 21 taong gulang nangangailangan ng hearing aid sa programang Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (CCS) para pagpasyahan kung kwalipikado ang bata para sa CCS. Kung kwalipikado ang bata para sa CCS, sasakupin ng CCS ang mga gastos para sa mga hearing aid na medikal na kinakailangan kung ito ay para gamutin ang medikal na kondisyon. Kung hindi kwalipikado ang bata para sa CCS, sasakupin ng Health Net ang mga hearing aid na medikal na kinakailangan bilang bahagi ng coverage ng Medi-Cal.

Mga hearing aid para sa mga miyembrong 21 taong gulang pataas.

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasakupin ng Health Net ang mga sumusunod para sa bawat sakop na hearing aid:

- Mga ear mold na kailangan para sa pagsusukat
- Isang karaniwang package ng baterya
- Mga pagpapatingin para matiyak na gumagana nang tama ang hearing aid
- Mga pagpapatingin para sa paglilinis at pagsusukat ng iyong hearing aid
- Pag-aayos ng iyong hearing aid
- Mga accessory at rental ng hearing aid

Sa ilalim ng Medi-Cal, sasakupin ng Health Net ang isang pamalit na hearing aid kung:

- Malala na masyado ang pagkawala ng pandinig mo at hindi na ito maitama ng kasalukuyan mong hearing aid
- Nawala, ninakaw, o nasira at hindi na maaayos ang iyong hearing aid at hindi mo ito kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng tala tungkol sa kung paano nito nangyari

Para sa mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang o mas matanda **hindi** sinasakop ng Medi-Cal ang:

- Mga pamalit na baterya ng hearing aid



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga serbisyong pangkalusugan sa bahay

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyong pangkalusugan na ibinibigay sa tahanan mo kapag nalaman na medikal na kinakailangan at inireseta ng iyong doktor o ng physician assistant, nurse practitioner o clinical nurse specialist.

Limitado ang mga serbisyo para sa kalusugan sa bahay sa mga serbisyong sinasakop ng Medi-Cal, kabilang ang:

- Part-time na skilled nursing care
- Part-time na katulong sa kalusugan sa tahanan
- Skilled na physical, occupational, at speech therapy
- Mga medikal na serbisyong panlipunan
- Mga medikal na supply

Mga medikal na supply, kagamitan, at appliance

Sinasaklaw ng Health Net ang mga medikal na supply na inirereseta ng doktor, mga physician assistant, nurse practitioner, at mga clinical nurse specialist. Ang ilang medikal na supply ay sinasakop sa pamamagitan ng edi-Cal Rx, Fee-for-Service (FFS), at hindi ng Health Net. Kapag sinasakop ng Medi-Cal Rx ang mga supply, sisingilin ng provider ang Medi-Cal.

Hindisinasakop ng Medi-Cal ang:

- Mga karaniwang gamit sa bahay, kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - Adhesive tape (lahat ng uri)
 - Rubbing alcohol
 - Mga cosmetic
 - Mga cotton ball at swab
 - Mga dusting powder
 - Mga tissue wipe
 - Witch hazel
- Mga karaniwang panlunas sa bahay kabilang ang, ngunit hindi limitado sa:
 - White petrolatum
 - Mga langis at lotion para sa tuyong balat
 - Talc at mga produktong kumbinasyon ng talc
 - Mga oxidizing agent gaya ng hydrogen peroxide
 - Carbamide peroxide at sodium perborate
- Mga hindi inireresetang shampoo
- Mga ipinapahid na naglalaman ng benzoic at salicylic acid ointment, salicylic acid cream, ointment o liquid, at zinc oxide paste



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Iba pang item na hindi pangunahing ginagamit para sa pangangalagang pangkalusugan sa pangkalahatan, at regular at pangunahing ginagamit ng mga taong walang partikular na medikal na pangangailangan para sa mga ito

Occupational therapy

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo ng occupational therapy, kabilang ang pagsusuri para sa occupational therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, instruksyon, at mga serbisyo sa pagkonsulta. Ang mga serbisyo ng occupational therapy ay limitado lang sa dalawang serbisyo kada buwan kasama ng mga serbisyo sa acupuncture, audiology, chiropractic at speech therapy (hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga batang wala pang 21 taong gulang). Maaaring paunang aprubahan ng Health Net (paunang pahintulot) ng mas maraming serbisyo bilang medikal na kinakailangan.

Orthotics/prostheses

Sinasakop ng Health Net ang mga orthotic at prosthetic na device at serbisyo na medikal na kinakailangan at inirereseta ng iyong doktor, podiatrist, dentista, o hindi doktor na medikal na provider. Kabilang dito ang mga naka-implant na kagamitan para sa pandinig, prosthesis ng suso/mastectomy bra, compression burn garment at prosthetics upang mapanumbalik ang paggana ng o palitan ang bahagi ng katawan, o upang sumuporta ng nanghina o nadepormang bahagi ng katawan.

Mga supply para sa ostomy at urology

Sinasakop ng Health Net ang mga bag para sa ostomy, urinary catheter, bag sa pag-drain, supply at pandikit para sa irigasyon. Hindi kabilang dito ang mga supply na para sa kagamitan o feature na para sa ginhawa, kumbinyente, o luho.

Physical therapy

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo ng physical therapy na medikal na kinakailangan na inireseta ng isang doktor, dentista, o podiatrist. Mga serbisyo na kasama ang pagsusuri ng physical therapy, pagpapalano ng paggamot, paggamot, instruksyon, mga serbisyo sa pagkonsulta, at paglalagay ng mga topical na gamot. Ang mga gamot ay limitado sa anim na buwan at maaaring i-renew para sa medikal na pangangailangan.

Rehabilitasyon ng baga

Sinasakop ng Health Net ang rehabilitasyon ng baga na medikal na kinakailangan at inirereseta ng isang doktor.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga serbisyo ng skilled nursing facility

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo ng skilled nursing facility kung medikal na kinakailangan, kung mayroon kang kapansanan at kailangan mo ng mataas na antas ng pangangalaga. Ang mga serbisyong ito ay kinabibilangan ng silid at pagtira sa isang lisensiyadong pasilidad na may 24 na oras kada araw na skilled nursing care.

Speech therapy

Sinasakop ng Health Net ang speech therapy medikal na kinakailangan at inireseta ng doktor o dentista. Ang mga gamot ay limitado sa anim na buwan at maaaring i-renew para sa medikal na pangangailangan. Limitado ang mga serbisyo para sa speech therapy sa dalawang serbisyo kada buwan, kasama ng mga serbisyo ng acupuncture, audiology, chiropractic, at occupational therapy. Hindi naaangkop ang mga limitasyon sa mga batang wala pa sa edad na 21. Maaaring paunang aprubahan ng Health Net ang (paunang pahintulot) nang mahigit na dalawang serbisyo kada buwan gaya ng medikal na kinakailangan.

Mga serbisyo para sa transgender

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo para sa transgender (mga serbisyo para sa partikular na kasarian) kapag medikal na kinakailangan ang mga ito o kapag natutugunan ng mga serbisyo ang mga panuntunan para sa reconstructive surgery.

Mga klinikal na pagsubok

Sinasakop ng Health Net ang mga karaniwang gastos para sa pangangalaga ng pasyente na tinanggap sa mga klinikal na pagsubok, kabilang ang mga klinikal na pagsubok para sa kanser, na nakalista para sa Estados Unidos sa <https://clinicaltrials.gov>. Sinasakop ng Medi-Cal Rx, na bahagi ng FFS na Medi-Cal, ang karamihan sa mga inireresetang gamot para sa outpatient. Para alamin pa, basahin ang “Mga inireresetang gamot para sa outpatient” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Mga serbisyo ng laboratoryo at radiology

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo ng laboratoryo at x-ray ng outpatient at inpatient kapag medikal na kinakailangan. Sinasaklaw ang mga advanced na imaging procedure, gaya ng mga CT scan, MRI, at PET scan, batay sa medikal na pangangailangan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga serbisyong pang-iwas sa sakit at para manatiling malusog at pamamahala ng hindi gumagaling na sakit

Kasama sa coverage ng Health Net ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga bakunang inirerekomenda ng Tagapayo na Komite para sa mga Kasanayan sa Pagbabakuna (Advisory Committee for Immunization Practices, ACIP)
- Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya
- Mga rekomendasyon ng Bright Futures ng American Academy of Pediatrics (https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)
- Screening para sa adverse childhood experiences (ACE)
- Mga serbisyo sa pang-iwas sa hika
- Mga serbisyong pang-iwas sa sakit para sa kababaihan na inirerekomenda ng American College of Obstetricians and Gynecologists
- Tulong para itigil ang paninigarilyo, na tinatawag ding mga serbisyo para sa pagtigil sa paninigarilyo
- Mga inirerekomandang serbisyong pang-iwas sa sakit na Antas A at B ng United States Preventive Services Task Force

Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya

Ang mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya ay ibinibigay sa mga miyembrong nasa edad na may kakayahang magkaanak upang pahintulutan silang pumili ng dami at agwat ng mga anak. Kabilang sa mga serbisyong ito ang lahat ng paraan ng pampigil sa pagbubuntis na aprubado ng Food and Drug Administration (FDA). Available ang PCP at mga espesyalista na OB/GYN ng Health Net para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.

Para sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, maaari ka ring pumili ng doktor o klinika ng Medi-Cal na wala sa network sa Health Net nang hindi humihingi ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) mula sa Health Net. Kung hindi ka makakuha ng mga serbisyo na hindi nauugnay sa pagpapalano ng pamilya mula sa provider na wala sa network, hindi maaaring sakupin ang mga serbisyong iyon. Para alamin pa, tawagan ang 1-800-675-6110 (TTY 711).

Pamamahala ng hindi gumagaling na sakit

Sinasakop din ng Health Net ang mga programa sa pamamahala ng hindi gumagaling na sakit na nakatuon sa mga sumusunod na kondisyon:

- Diabetes
- Sakit sa puso
- Hika
- Chronic Obstructive Pulmonary Disease (COPD)



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Para sa impormasyon sa pangangalagang pang-iwas sa sakit para sa mga miyembrong walang pang 21 taong gulang, basahin ang Kabanata 5, “Pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan” sa handbook na ito.

Programa sa Pang-iwas sa Diabetes

Ang Programa sa Pang-iwas sa Diabetes (Diabetes Prevention Program o DPP) ay isang programa ng pagbabago sa paraan ng pamumuhay na nakabatay sa ebidensya. Ang 12-buwang programa na ito ay nakatuon sa mga pagbabago sa paraan ng pamumuhay. Idinisenyo ito upang iwasan o iantala ang pagkakaroon ng Type 2 diabetes sa mga taong na-diagnose na may prediabetes. Maaaring maging kwalipikado sa pangalawang taon ang mga miyembrong nakakatugon sa mga pamantayan. Ang programa ay nagbibigay ng edukasyon at suporta ng grupo. Kasama sa mga pamamaraan ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagbibigay ng peer coach
- Pagtuturo ng pagsubaybay sa sarili at paglutas ng problema
- Pagbibigay ng panghihikayat at feedback
- Pagbibigay ng mga materyal na may impormasyon upang suportahan ang mga layunin
- Pagsubaybay sa mga karaniwang pagtitimbang upang makatulong na makamit ang mga layunin

Dapat matugunan ng mga miyembro ang ilang panuntunan sa para sumali sa DPP. Tumawag sa Health Net para malaman kung kwalipikado ka para sa programa.

Reconstructive services

Sinasakop ng Health Net ang operasyon upang itama o ayusin ang mga abnormal na istruktura ng katawan upang mapaganda o gumawa ng normal na hitsura sa lawak na posible. Ang mga abnormal ng istruktura ng katawan ay iyong mga idinulot ng mga depekto mula pagkasilang, abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksyon, mga tumor, sakit, o paggamot ng sakit na nagresulta sa pagkawala ng istraktura ng katawan, tulad ng mastectomy. Maaaring naaangkop ang ilang limitasyon at eksepsyon.

Substance use disorder (SUD) na mga screening service

Sinasakop ng Health Net ang:

- Alcohol at Drug Screening, Assessment, Brief Interventions, at Referral to Treatment (SABIRT)



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Ang mga serbisyo para sa mga nasa hustong gulang (may edad 18 at mas matanda pa) na may mga sakit sa pag-aabuso sa droga at alak ay ibinibigay nang libre sa iyo. Ang mga sakop na serbisyo para sa pagkalulong sa alak ay:
 - Isang pinalawak na screening para sa mapanganib na pag-inom ng alak kada taon (isang screening tool na humihingi sa iyo ng higit pang impormasyon tungkol sa iyong pag-inom ng alak).
 - Tatlong 15 minutong session ng interbensyon kada taon upang pag-usapan ang mapanganib na pag-inom ng alak.
- Sinasakop rin ng plano ang paggamot sa inpatient para sa malubhang pagka-overdose sa droga o alak kapag medikal na kinakailangan.

Para sa coverage sa paggamot sa pamamagitan ng county, basahin ang “Mga serbisyo para sa paggamot sa sakit sa pag-aabuso sa droga at alak” sa huling bahagi ng kabanatang ito.

Mga benepisyo para sa paningin

Sinasakop ng Health Net ang:

- Karaniwang pagsusuri sa mata isang beses kada 24 na buwan; sinasakop ang mas madalas na mga pagsusuri sa mata kung medikal na kinakailangan para sa mga miyembro, gaya ng mga may diabetes.
- Mga salamin sa mata (mga frame at lens) nang isang beses kada 24 na buwan na may valid na reseta.
- Mga pamalit na salamin sa mata sa loob ng 24 na buwan kung nagbago ang iyong reseta o kung nawala, ninakaw, o nasira at hindi na kayang ayusin, at hindi mo ito kasalanan. Dapat mo kaming bigyan ng tala na nagsasabi sa amin kung paano nawala, ninakaw, o nasira ang iyong salamin sa mata.
- Mga low vision device kung may problema ka sa paningin na nakakaapekto sa iyong kakayahang magsagawa ng mga pang-araw-araw na aktibidad (tulad ng macular degeneration na kaugnay ng edad) at hindi na maitatama ng mga standard na salamin, mga contact lens, gamot, o operasyon ang iyong problema sa paningin.
- Mga contact lens na medikal na kinakailangan. Maaaring sakupin ang mga contact lens at ang pagsusuri para sa mga contact lens kung hindi posible ang paggamit ng mga salamin sa mata dahil sa isang sakit sa mata o koundisyon (tulad ng walang isang tainga). Kasama sa mga medikal na kondisyon na kwalipikado para sa mga espesyal na contact lens ang, ngunit hindi limitado sa aniridia, aphakia, at keratoconus.
- Ang mga serbisyo para sa artificial na mata at mga materyales para sa mga miyembro na nawalan ng mata o mga mata sa sakit o pinsala.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi emergency

Makakakuha ka ng pangmedikal na transportasyon kung mayroon kang mga medikal na pangangailangan na hindi ka pinapayagan gumamit ng kotse, bus, o taxi papunta sa iyong mga appointment para sa medikal na pangangalaga. Makakakuha ka ng medikal na transportasyon para sa mga sinasakop na serbisyo at mga sinasakopng Medi-Cal na appointment sa parmasya. Maaari kang humiling ng medikal na transportasyon sa paghingi nito mula sa iyong provider. Kasama rito ang iyong doktor, dentista, podiatrist, physical therapist, speech therapist, occupational therapist, provider sa kalusugan ng isip o substance use disorder (SUD), physician assistant, nurse practitioner, o certified nurse midwife. Magpapasya ang iyong provider ng tamang uri ng transportasyon para matugunan ang iyong mga pangangailangan.

Kung malalaman niyang kailangan mo ng pangmedikal na transportasyon, mabibigay ito ng reseta sa pamamagitan ng pagsagot sa isang form at pagsusumite nito sa Health Net. Kapag naaprubahan na, may bisa ang pag-apruba nang hanggang 12 buwan depende sa medikal na pangangailangan. Kapag inaprubahan, maaari kang makakuha ng maraming pagsakay na kailangan mo para sa mga appointment na medikal at sa parmasya. Kakailanganin ng provider mo na muling i-asses ang iyong medikal na pangangailangan para sa pangmedikal na transportasyon at, kung naaangkop, muling aprubahan ang iyong reseta para sa pangmedikal na transportasyon kapag nag-expire ito, kung kwalipikado ka pa rin. Maaaring muling aprubahan ng iyong doktor ang medikal na transportasyon ng hanggang 12 buwan o mas maikli.

Ang pangmedikal na transportasyon ay isang ambulansya, litter van, wheelchair van o sasakyang panghimpapawid. Pinahihintulutan ng Health Net ang pinakamurang pangmedikal na transportasyon para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment. Nangangahulugan na, halimbawa, kung ikaw ay maaaring pisikal o medikal na madadala sa pamamagitan ng isang wheelchair van, hindi magbabayad ang Health Net para sa ambulansya. May karapatan ka sa transportasyong panghimpapawid kung hindi posible ang anumang uri ng transportasyon sa lupa dahil sa iyong medikal na kondisyon.

Makakakuha ka ng pangmedikal na transportasyon kung:

- Ito ay pisikal o medikal na kinakailangan, na may nakasulat na pahintulot ng iyong provider dahil wala kang kakayahang pisikal o medikal na sumakay sa isang kotse, bus, tren, o taxi para makapunta sa iyong appointment.
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta at pauwi mula sa iyong tirahan, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa kapansanan na pisikal o isip.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Para humiling ng pangmedikal na transportasyon na inireseta ng iyong doktor para sa mga hindi agaran (karaniwan) na appointment, tawagan ang Health Net at 1-800-675-6110 nang bababa ng 48 hours (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment. Para sa mga agarang appointment, tumawag sa lalong madaling panahon. Ihanda ang iyong ID card ng miyembro ng Health Net bago ka tumawag.

Mga limitasyon ng pangmedikal na transportasyon

Ibinibigay ng Health Net ang pinakamurang medikal na transportasyong nakakatugon sa iyong mga medikal na pangangailangan sa pinakamalapit na provider mula sa iyong tahanan kung saan may available na appointment. Hindi ka makakakuha ng pangmedikal na transportasyon kung hindi sinasakop ng Medi-Cal ang serbisyo na kukunin mo, o hindi ito appointment sa parmasya na sakop ng Medi-Cal. Ang listahan ng mga sakop na serbisyo ay nasa seksyong “Mga benepisyo at serbisyo” sa sa Kabanata 4 ng handbook na ito.

Kung ang uri ng appointment ay sinasakop ng Medi-Cal ngunit hindi sa pamamagitan ng planong pangkalusugan, hindi sasakupin ng Health Net ang pangmedikal na transportasyon ngunit matutulungan kang iiskedyul ang iyong transportasyon sa Medi-Cal. Hindi sinasakop ang transportasyon sa labas ng network ng Health Net o pinaglilingkurang lugar maliban na lang kung paunang inaaprubahan (paunang pinahintulutan) ng Health Net. Para alamin pa o para humiling ng pangmedikal na transportasyon, tawagan ang Health Net at 1-800-675-6110 (TTY 711).

Gastos ng miyembro

Walang babayaran kapag isinaayos ng Health Net ang transportasyon.

Paano makakakuha ng hindi pangmedikal na transportasyon

Kabilang sa iyong mga benepisyo ang pagkuha ng masasakyan papunta sa iyong mga appointment kapag ang appointment ay para sa isang serbisyong sinasaklaw ng Medi-Cal at wala kang anumang access sa transportasyon. Makakakuha ka ng masasakyan, nang libre, kapag sinubukan mo na ang lahat ng ibang paraan para makakuha ng transportasyon at ikaw ay:

- Bibiyahe papunta at galing sa isang appointment para sa isang serbisyo ng Medi-Cal na pinahintulutan ng iyong provider, o
- Kukuha ng mga gamot at medikal na supply

Pinahihintulutan ka ng Health Net na gumamit ng kotse, taxi, bus o iba pang pampubliko/pribadong paraan ng pagpunta sa iyong medikal na appointment para sa mga serbisyong sinasakop ng Medi-Cal. Sasakupin ng Health Net ang pinakamurang uri ng hindi pangmedikal na transportasyon na nakakatugon sa iyong mga pangangailangan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Minsan, maaari kang i-reimburse (bayaran) ng Health Net para sa mga pagsakay sa mga pribadong sasakyan na maisasaayos mo. Dapat aprubahan ito ng Health Net bago mo makuha ang sasakyan. Dapat tumawag ka sa amin kung bakit hindi ka makakakuha ng masasakyan sa ibang paraan, tulad ng bus. Kung mayroon kang access sa transportasyon o maipagmamaneho mo ang iyong sarili papunta sa appointment, babayaran ka ng Health Net. Ang benepisyong ito ay para lang sa mga miyembrong walang access sa transportasyon.

Para sa pag-reimburse ng mileage para sa aprubadong pribadong sasakyan, dapat kang magsumite ng mga kopya ng:

- Valid na driver's license,
- Valid na rehistro ng sasakyan, at
- Valid na insurance ng sasakyan ng driver.

Para humiling ng sakay para sa mga serbisyo, tumawag sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) nang hindi bababa sa 24 na oras (Lunes-Biyernes) bago ang iyong appointment o tumawag sa lalong madaling panahon kapag mayroon kang agarang appointment. Ihanda ang iyong ID card ng miyembro ng Health Net bago ka tumawag.

Tandaan: Maaari ring kontakin ng mga American Indian ang kanilang lokal na Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indianpara humiling ng hindi pangmedikal na transportasyon.

Mga limitasyon ng hindi pangmedikal na transportasyon

Ibinibigay ng Health Net ang pinakamurang hindi medikal na transportasyong nakakatugon sa iyong mga pangangailangan sa pinakamalapit na tagapagkaloob mula sa iyong tahanan kung saan may available na appointment. Hindi maaaring ipagmaneho ng mga miyembo ang kanilang sarili o hindi maaaring direktang maibalik sa kanila ang ibinayad para sa hindi pangmedikal na transportasyon. Para malaman pa, tumawag sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Hindi naaangkop ang hindi pangmedikal na transportasyon kung:

- Medikal na nangangailangan ng ambulansya, litter van, wheelchair van, o iba pang paraan ng medikal na transportasyon upang makarating sa isang sinasakop na serbisyo ng Medi-Cal.
- Kailangan mo ng tulong mula sa driver papunta at mula sa tirahan, sasakyan, o lugar ng paggamot dahil sa pisikal o medikal na kondisyon.
- Nasa wheelchair ka at hindi ka makakasakay o makakababa sa sasakyan nang walang tulong mula sa driver.
- Hindi sinasakop ng Medi-Cal ang serbisyo



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Gastos ng miyembro

Walang babayaran kapag isinaayos ng Health Net ang hindi pangmedikal na transportasyon.

Mga Gastos sa pagbibiyah

Sa lang sitwasyon, kung kailangan mong magbiyah para sa mga appointment sa doktor na hindi available na malapit sa iyong tahanan, masasakop ng Health Net ang mga gastos sa pagbibiyah tulad ng mga pagkain, pamamalagi sa hotel, at iba pang kaugnay na gastos tulad ng parking, mga toll, atbp. Maaaring sakupin ang mga gastos sa pagbibiyah na ito para sa isang taong nagbibiyah na kasama mo para tulungan ka sa iyong appointment o isang taong nagdo-donate ng organ sa iyo para sa isang organ transplant. Kailangan mong humiling ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) para sa mga serbisyong ito sa pamamagitan ng pagtawag sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Mga serbisyo sa ngipin

Kung nakatira ka sa LA at mga county ng Sacramento, gumagamit ang Medi-Cal ng mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga para maibigay sa iyo ang mga serbisyo sa ngipin. Kung nakatira ka sa Sacramento County, dapat kang mag-enroll sa Dental Managed Care. Para alamin pa, pumunta sa Health Care Options sa <http://dhcs.ca.gov/myMedi-Cal>. Kung nakatira ka sa LA County, maaari kang manatili sa Fee-for-Service Dental, o maaari mong piliin ang Dental Managed Care. Para pumili o palitan ang iyong plano sa ngipin, tumawag sa Health Care Options sa 1-800-430-4263. Maaaring hindi ka mag-enroll sa planong PACE o SCAN at planong Dental Managed Care nang sabay.

Sinasakop ng Medi-Cal ang ilang serbisyo sa ngipin, kabilang ang:

- Diagnostic at pang-iwas sa mga problema sa ngipin tulad ng mga pagsusuri, X-ray, at paglilinis ng ngipin
- Pang-emergency na pangangalaga para sa pagkontrol ng pananakit
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga filling
- Mga paggamot ng root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratory)
- Scaling at root planing
- Mga kumpleto at hindi kumpletong pustiso
- Orthodontics para sa mga batang kwalipikado
- Topical fluoride

Kung nakatira ka sa mga county ng Los Angeles o Sacramento, at mayroon kang mga tanong o gusto mong alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin at naka-enroll sa isang plano ng Dental Managed Care, tawagan ang iyong itinalagang plano ng Dental Managed Care.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Iba pang benepisyo at programang sinasakop ng Health Net

Mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga

Sinasakop ng Health Net, para sa mga miyembro na kwalipikado, ang mga serbisyoserbisyo sa pangmatagalang pangangalaga sa mga sumusunod na uri ng mga pasilidad o home para sa pangmatagalang pangangalaga:

- Mga serbisyo ng pasilidad para sa skilled nursing facility kung inaprubahan ng Health Net
- Mga serbisyo ng subacute care facility (kabilang ang para sa mga nasa hustong gulang at bata) gaya ng inaprubahan ng Health Net
- Mga serbisyo ng intermediate care facility na inaprubahan ng Health Net, kabilang ang:
 - Pasilidad sa intermediate care/may kapansanan sa paglaki (ICF/DD)
 - Pasilidad para sa intermediate care/habilitasyon para sa may kapansanan sa paglaki (ICF/DD-H)
 - Pasilidad sa intermediate care/pag-aalaga sa may kapansanan sa paglaki (ICF/DD-N)

Kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo ng pangmatagalang pangangalaga, titiyakin ng Health Net na iaalgay ka sa isang pasilidad o home para sa pangangalaga ng kalusugan na ibinibigay ang pinaka naaangkop sa iyong mga medikal na pangangailangan.

Makikipagtulungan ang Health Net saiyong lokal na Regional Center para malaman kung kwalipikado ka para sa mga serbisyo ng ICF/DD, ICF/DD-H, or ICF/DD-N.

Kung mayroon kang mga tanong tungkol sa mga serbisyo sa pangmatagalang pangangalaga, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Pamamahala sa pangunahing pangangalaga

Mahirap makakuha ng pangangalaga mula sa maraming iba't ibang provider o mula sa magkaibang sistema ng kalusugan. Nais ng Health Net na tiyaking makakakuha ang mga miyembro ng lahat ng kinakailangang serbisyo, mga gamot, at mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali (mga serbisyo para sa sakit sa kalusugan ng isip at/o substance use).

Makakatulong ang Health Net sa pakikipag-uganayan at pamamahala ng iyong mga pangangailangan sa kalusugan nang libre. Maaaring makuha ang tulong na ito kahit na may ibang programang sumasakop sa mga serbisyo.

Kung mayroon kang mga tanong o alalahanin tungkol sa iyong kalusugan o sa kalusugan ng iyong anak, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.

Bumisita online sa www.healthnet.com.

Pamamahala sa Kumplikadong Pangangalaga (Complex Care Management o CCM)

Maaaring kwalipikado ang mga miyembro na may mas komplikadong pangangailangan sa kalusugan para sa karagdagang mga serbisyong nakatuon sa koordinasyon ng pangangalaga. Nagbibigay ang Health Net ng mga serbisyo sa CCM sa mga miyembro na napapabilang sa mga bata o nasa hustong gulang na may espesyal na pangangalagang pangkalusugan; ang may malubha, mataas na gastos, mataas na panganib, o co-morbid na mga kondisyon; ang mga hindi -sumusunod sa mga hindi gaanong masusing programa; ang mga mahina na, matanda, may kapansanan, o nasa huling yugto na ng kanilang buhay. Ang CCM ay para rin sa mga miyembro na nangangailangan ng karagdagang suporta para maiwasan ang masasamang resulta, at/o ang mga nakaranas ng kritikal na pangyayari o may mga komplikadong diagnosis na nangangailangan ng pagsubaybay at koordinasyon para matiyak na natatanggap ng miyembro ang naaangkop na mga serbisyo at pangangalaga.

Kung naka-enroll ka sa CCM o Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (basahin sa ibaba), titiyakin ng Health Net na may itininalaga kang case manager na makakatulong sa pamamahala ng pangunahing pangangalaga na inilarawan sa itaas at sa iba pang transitional na pangangalaga na mga suporta na available kung mag-discharge ka mula sa ospital, skilled nursing facility, psychiatric hospital, o residential treatment.

Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (Enhanced Care Management o ECM)

Sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo ng ECM para sa mga miyembro na may mataas na komplikadong pangangailangan. May mga karagdagang serbisyo ang ECM para matulungan kang makuha ang pangangalagang kailangan mo para manatiling malusog. Isinasaayos nito ang iyong pangangalaga mula sa mga doktor at iba pang provider. Tumutulong ang ECM sa pagsasaayos ng pangunahing pangangalaga at pangangalagang pang-iwas sa sakit, pangangalaga para sa malubhang sakit, kalusugan ng pag-uugali, (mga serbisyo sa kalusugan ng isip at/o sakit substance abuse), paglaki, kalusugan ng bibig, mga pangmatagalang serbisyo at suporta (long-term services and supports o LTSS), at mga referral sa mapagkukunan sa komunidad.

Kung kwalipikado ka, maaari kang kontakin tungkol sa mga serbisyo ng ECM. Matatawagan mo rin ang Health Net para malaman kung at kailan ka makakakuha ng ECM, o makipag-usap sa iyong provider ng pangangalang pangkalusugan. Maaari niyang alamin kung kwalipikado ka sa ECM o i-refer ka para sa mga serbisyo ng pamamahala sa pangangalaga.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga sakop na serbisyo ng ECM

Kung kwalipikado ka sa ECM, magkakaroon ka ng sarili mong team sa pangangalaga, kasama ang namumunong tagapamahala ng pangangalaga. Kakausapin ka nila at ang iyong mga doktor, espesyalista, pharmacist, tagapamahala ng kaso, provider ng mga serbisyong panlipunan, at iba pa. Titiyakin nilang nagtutulungan ang lahat para makuha mo ang pangangalagang kailangan mo. Matutulungan ka rin ng iyong namumunong tagapamahala ng pangangalaga na makahanap ng at makapag-apply sa iba pang serbisyo sa iyong komunidad. Kasama sa ECM ang:

- Outreach at pakikibahagi
- Komprehensibong pag-assess at pamamahala sa pangangalaga
- Pinahusay na pangangasiwa ng pangangalaga
- Pagtataguyod ng kalusugan
- Komprehensibong transitional na pangangalaga
- Mga serbisyo sa suporta sa miyembro at pamilya
- Pangangasiwa at referral sa mga suporta sa komunidad at lipunan

Para malaman kung angkop para sa iyo ang ECM, makipag-usap sa iyong kinatawan o provider ng pangangalagang pangkalusugan ng Health Net. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Gastos ng miyembro

Walang babayaran ang miyembro para sa mga serbisyo ng ECM.

Mga pansamantalang serbisyo sa paglipat ng pangangalaga

Matutulungan ka ng Health Net na i-manage ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan sa panahon ng paglilipat (pagbabago). Halimbawa, pag-uwi pagkatapos ang pamamalagi sa ospital ay isang paglipat kapag ang miyembro ay mayroong bagong mga pangangailangan sa kalusugan para sa mga gamot at appointment. Makakakuha ang mga miyembro ng suporta para magkaroon ng ligtas na paglipat. Matutulungan ka ng Health Net sa mga serbisyo sa paglilipat ng pangangalagang ito:

- Pag-iskedyul ng follow-up na appointment
- Pagkuha ng mga gamot
- Pagkuha ng mga libheng transportasyon sa isang appointment sa personal.

Ang Health Net ay mayroong nakalaan numero ng telepono na tinutulungan lang ang mga miyembro sa panahon ng mga paglipat ng pangangalaga. Ang Health Net ay mayroon ding care manager na para lang sa mga miyembro na may mas mataas na panganib, kasama ang mga buntis o post-partum, o mga na-admitted sa o na-discharge mula sa nursing home.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Ang care manager ito na kinokontak ang mga miyembro para sa tulong sa pangangasiwa ng mga serbisyo na maaaring maapektuhan ang kanilang kalusugan kasama ang serbisyo para sa pabahay at pagkain.

Para mga serbisyo sa paglilipat ng pangangalaga, kontakin ang iyong kinatawan ng Health Net. Tutulongan ka nila sa mga programa, provider o iba pang suporta sa iyong wika. Tumawag sa 1-866-801-6294.

Mga Suporta sa Komunidad

Maaari kang maging kwalipikado para makakuha ng ilang partikular na serbisyo sa Mga Suporta sa Komunidad, kung naaangkop. Ang mga Suporta sa Komunidad ay mga medikal na naaangkop at murang alternatibong serbisyo o setting para sa mga sinasakop sa ilalim ng Medi-Cal State Plan. Opsyonal para sa mga miyembro ang mga serbisyonang ito. Kung kwalipikado ka sa at sumasang-ayon kang matanggap ang mga serbisyonang ito, maaaring matulungan ka ng mga itong mamuhay nang malaya. Hindi pinapalitan ng mga ito ang mga benepisyong nakukuha mo na sa ilalim ng Medi-Cal.

Mga Serbisyo sa Pagtugon ng Kawalan ng Tirahan at Pabahay:

Mga Suporta sa Komunidad	Ang makukuha mo
Mga Serbisyo sa Paglilipat at Paghahanap ng Bahay	<p>Tulong na makakuha ng pabahay. Maaaring kabilang dito ang tulong sa:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Paghahanap ng pabahay: • Kung paano mag-apply para sa pabahay. • Paggawa ng plano ng suporta para sa pabahay. <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kulang na stable na pabahay at mayroong mga pangangailangan sa kalusugan. • Tumatanggap ng Transitional Rent. • Nakalista para sa tulong sa pabahay sa pamamagitan ng lokal na Sistema ng Pinangasiwang Paglista ng walang tirahan o katulad na sistema.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

<p>Mga Serbisyo sa Pag-upa at Pagpapanatili ng Pabahay</p>	<p>Tulong sa pagpapanatili ng iyong pabahay kapag lumipat ka. Maaaring isama dito ang tulong sa pagba-budget, tamang pagbabayad ng upa, at pag-unawa sa mga karapatan at responsibilidad sa iyong kasunduan sa pag-upa.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kulang na stable na pabahay at mayroong mga pangangailangan sa kalusugan. • Tumatanggap ng Transitional Rent. • Nakalista para sa tulong sa pabahay sa pamamagitan ng lokal na Sistema ng Pinangsiwaang Paglista ng walang tirahan o sistemang katulad nito.
<p>Mga Deposito sa Pabahay</p>	<p>Tulong na makakuha ng pabahay. Kasama rito ang:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mga panseguridad na deposito para makakuha ng paupahan. • Deposito at unang buwan para sa coverage para sa mga utility. • Mga item tulad ng air conditioner, heater, o iba pang bagay na tumutulong sa mga pangangailangan sa kalusugan. <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Kulang na stable na pabahay at mayroong mga pangangailangan sa kalusugan. • Tumatanggap ng Transitional Rent. • Nakalista para sa tulong sa pabahay sa pamamagitan ng lokal na Sistema ng Pinangsiwaang Paglista ng walang tirahan o sistemang katulad nito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga Serbisyo sa Pagpapagaling:

Mga Suporta sa Komunidad	Ang makukuha mo
Pangangalaga sa Pagpapagaling (medikal na pahinga)	<p>Panandaliang housing care para sa mga kailangang mapagaling mula sa pinsala o sakit.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa mga piling county.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Gumagaling mula sa pinsala o sakit at nakakaranas ng walang ng tirahan.
Pahinga	<p>Panandaliang tulong na ibinibigay sa mga tagapag-alaga ng mga nangangailangan ng pangangalagae o suporta sa panandaliang panahon.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakatira sa lugar na naglilimita sa iyong araw-araw na aktibidad. • Nangangailangan ng tagapag-alaga para makapagbigay ng karamihan ng iyong suporta. • Nangangailangan ng tulong mula sa tagapag-alaga para maiwasan na ilagay sa nursing home o sa ibang lugar na tulad nito.
Panandaliang Pabahay Pagkatapos ng Pagpapaospital	<p>Lugar kung saan patuloy na makakakuha ka ng pangangalaga para sa medikal, mga sakit sa kalusugan ng isip o substance use.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa mga piling county.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Aalis sa medical center at nagpapagaling pa rin. • Kulang na stable housing. • Mayroong malubhang kondisyon sa kalusugan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Sobering Centers	<p>Lugar kung saan maaari kang makakuha ng tulong para sa alak o mga droga kaysa dalhin sa emergency department o kulungan.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa mga piling county.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • 18 taong gulang o mas mataas at lasing. • Gising, kalmado, at hindi kumikilos sa isang mapinsalang paraan.
------------------	---

Mga Serbisyo para sa Pangmatagalang Home-Like na mga Setting:

Mga Suporta sa Komunidad	Paglalarawan
Lunas sa Hika	<p>Mga pagbabago sa tahanan para mawala ang mga mapinsalang trigger ng hika.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nagkaroon ng pag-check sa tahanan para sa mga trigger ng hika sa nakalipas na 12 buwan sa pamamagitan ng programang Asthma Preventive Services (APS). • Ipinakita ng pag-check anong mga pagbabago ang kailangan para tulungan ka sa iyong hika at ipaliwanag kung paano makakatulong sa iyo ang mga pagbabagong iyon. • Maaari ka pa ring timira sa parehong tahanan kung saan ginawa ang pag-check. • Ang lahat ng mga ito ay totoo, ang bilang ng pag-check bilang katunayan na kinakailangan ang tulong sa hika.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

<p>Pang-umagang Habilitasyon</p>	<p>Mga programang ibinibigay para matulungan kang malaman ang mga kasanayang kinakailangan para mamuhay sa mga lugar na parang tirahan. Maaaring kasama rito ang pagsasanay sa paggamit ng pampublikong transportasyon o kung paano maghahanda ng mga pagkain.</p> <p>Ang mga serbisyo ay available sa lahat ng county.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakakaranas ng walang tirahan. • May tirahan na at nakakuha ng pabahay sa nakaraang 24 na buwan. • Nanganganib na mawalan ng tirahan.
<p>Pag-aakma para sa Accessibility ng Kapaligiran</p>	<p>Mga pagbabago sa tahanan para sa iyong kalusugan at kaligtasan. At, ang mga pagbabago na pinapahintulutan kang makakilos nang malaya sa tahanan. Maaaring kabilang sa mga ito ang mga rampa at grab bar.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasa panganib dahil sa pamamalagi sa nursing home.
<p>Mga Pagkain na Ininakma sa Medikal na Kondisyon</p>	<p>Mga pagkaing inihahatid sa iyong tahanan na hinanda at niluto batay sa iyong nutrisyon para sa sensitibong kondisyon ng kalusugan at pangangailangan sa pagkain.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Mayroong mga kondisyon sa kalusugan na sensitibo sa nutrisyon (hal. kanser, diabetes, sakit sa puso at marami pa). • Na-assess ng registered Dietitian o iba pang naaangkop na clinician.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

<p>Paglipat sa Assisted Living Facility</p>	<p>Mga serbisyong ibinibigay para tulungan kang lumipat mula sa nursing home patungo sa mga setting ng komunidad, tulad ng pasilidad para sa assisted living facility. Maaaring mga serbisyo rin ito para maiwasang mailagay ka sa nursing home.</p> <p>Ang mga serbisyo ay available sa lahat ng county.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nakatira nang 60+ araw sa nursing home. • Pumapayag na manirahan sa assisted living facility (lugar para tulungan ka sa iyong mga pang-araw-araw na medikal na pangangailangan) bilang isang opsyon sa nursing home. • Maaaring mamuhay nang ligtas sa assisted living facility na may suporta. • Gustong manatili sa komunidad. • Handa at may kakayahang mamuhay nang ligtas sa assisted living facility na may suporta. • Kasalukuyang tumatanggap ng mga serbisyo ng nursing home o nakakatugon sa pinakamababang pamantayan para makatanggap ng mga serbisyo ng nursing home.
<p>Pangangalaga sa Sarili at Mga Serbisyo ng Maybahay</p>	<p>Mga serbisyong binibigay para tulungan ka sa mga pang-araw-araw mong pangangailangan, gaya ng pagligo, pagbibihis, paglilinis ng bahay, at pamimili ng grocery.</p> <p>Available ang mga serbisyo sa lahat ng county.</p> <p>Maaari kang makakuha ng mga serbisyo kung ikaw ay:</p> <ul style="list-style-type: none"> • Nasa panganib na ma-admit sa ospital o mailagay sa nursing home. • Isang taong nangangailangan ng araw-araw na tulong at walang ibang sistema ng suporta. • Naaprubahan para sa In-Serbisyong Pansuporta sa Bahay.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Nagbibigay ang Health Net ng Transitional Rent sa mga limitadong sitwasyon at ginawa para suportahan ang circumstances housing stability para sa mga eligible na miyembro. Kung kailangan mo ng tulong o gustong malaman kung anong Mga Suporta sa Komunidad na maaaring available para sa iyo, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). O tumawag sa iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Organ at bone marrow transplant

Mga transplant para sa mga batang wala pang 21 taong gulang

Hinihiling ng batas ng Estado na i-refer ang mga batang nangangailangan ng mga transplant sa programang Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (CCS) para matukoy kung kwalipikado ang bata sa CCS. Kung kwalipikado ang bata sa CCS, sasakupin ng programa ng CSS ang mga gastos para sa transplant at mga kaugnay na serbisyo.

Kung hindi kwalipikado ang bata para sa CCS, ire-refer ng Health Net ang bata sa kwalipikadong transplant center para sa isang pagsusuri. Kung kukumpirmahin ng transplant center na ligtas at kailangan ang transplant para sa medikal na kondisyon ng bata, sasakupin ng Health Net ang transplant at iba pang may kaugnay na serbisyo.

Mga transplant para sa mga nasa hustong gulang na 21 taong gulang at mas matanda

Kung mapagpasyahan ng iyong doktor na maaaring mangailangan ka ng transplant ng organ at/o bone marrow, ire-refer ka ng Health Net sa isang kwalipikadong transplant center para sa isang pagsusuri. Kung kukumpirmahin ng transplant center na kailangan at ligtas ang transplant para sa iyong medikal na kondisyon, sasakupin ng Health Net ang transplant at iba pang kaugnay na mga serbisyo.

Ang mga organ at bone marrow transplant na sinasakop ng Health Net kasama ang, ngunit hindi limitado sa:

- Bone marrow
- Puso
- Puso/baga
- Kidney
- Kidnay/lapay
- Atay
- Atay/maliit na bituka
- Baga
- Maliit na bituka

Mga serbisyo ng street medicine

Ang mga miyembrong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ay maaaring makatanggap ng mga sakop na serbisyo mula sa mga provider ng street medicine sa loob ng network ng provider ng Health Net. Ang mga miyembrong nakakaranas ng kawalan ng tirahan ay maaaring pumili ng provider ng street medicine ng Health Net para maging kanilang provider ng pangunahing



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

pangangalaga (PCP), kung natutugunan ng provider ng street medicine ang pagiging kwalipikado ng PCP at pumapayag na maging PCP ng miyembro. Para malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo para sa street medicine ng Health Net's tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Programang sa pagtigil sa paggamit ng tabako

Available sa mga miyembro ng Health Net ang programang Kick It California para sa pagtigil sa paggamit ng tabako. Nagbibigay ang programa ng libreng pagpapayo sa telepono, mga babasahin na pantulong sa sarili at online na tulong sa anim na wika (Ingles, Espanyol, Cantonese, Mandarin, Korean, at Vietnamese). Available ang mga may espesyalidad na serbisyo sa mga teenager, mga miyembrong buntis, at mga ngumunguya ng tabako para matulungan ang mga miyembro na tumigil sa paninigarilyo o pagve-vape at manatiling walang tabako. May mga available ring programa sa pagte-text, mga mobile app at live chat na feature. Ang mga miyembro ng Health Net na may edad na 13 at mas matanda ay maaaring mag-enroll sa programa sa telepono na pagtigil sa paggamit ng tabako nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot) pipiliin man nila na gumamit ng mga gamot para sa pagtigil sa paggamit ng tabako. Para mag-enroll, tumawag sa Kick It California sa 1-800-300-8086 o bisitahin ang online sa www.kickitca.org. Available ang pagtuturo sa telepono Lunes hanggang Biyernes mula 7:00 a.m. hanggang 9:00 p.m., at Sabado mula 9:00 a.m. hanggang 5:00 p.m. Sasakupin ng Health Net ang pagpapayo para sa pagtigil sa paggamit ng tabako nang hindi bababa sa dalawang magkahiwalay na pagtatangkang pagtigil kada taon, nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot), at nang walang sapilitang pagtigil sa pagitan ng mga pagtatangkang tumigil. Ang mga miyembro ay maaaring humiling ng mga libreng babasahin para sa edukasyong pangkalusugan tungkol sa aming programa sa pagtigil sa paninigarilyo o impormasyon tungkol sa iyong mga benepisyo sa Medi-Cal sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110.

Available ang mga interbensyon at mapagkukunan sa edukasyong pangkalusugan sa mga miyembro ng Health Net nang wala kang kailangang bayaran sa pamamagitan ng pag-refer sa sarili o referral mula sa kanilang doktor ng pangunahing pangangalaga (primary care physician o PCP). Ang mga miyembro ay maaaring humingi ng mga edukasyonal na mapagkukunan tungkol sa mga paksang pangkalusugan gaya ng, ngunit hindi limitado sa nutrisyon, pag-iwas sa HIV/STD, pagpapalano ng pamilya, ehersisyo, pangangalaga bago manganak, hika, pag-abuso sa paggamit ng droga at alak at marami pa. Maaaring makakuha ng higit pang impormasyon ang mga miyembro sa pamamagitan ng pagkontak sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Maagang Pagsisimula/maagang Interbensyon

Ang programa ng maagang Pagsisimula ay para sa mga sanggol at toddler mula sa kapanganakan hanggang 3 taong gulang na nangangailangan ng mga serbisyo sa maagang interbensyon at may mga problemang maaaring magresulta sa mga pagkaantala sa paglaki, o nagpapakita ng mga senyales ng pagkaantala sa paglaki. Ang ilan sa kondisyong nagdudulot ng panganib ay:

- Asphyxia
- Impeksyon sa central nervous system
- Prematurity

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa maagang pagsisimula/maagang interbensyon o sa referral sa sentrong panrehiyon para sa maagang pagsisimula/maagang interbensyon, makipag-usap sa iyong doktor o sa aming plano.

Mga serbisyo ng pag-assess ng Local Education Agency (LEA)

Nagbibigay ang LEA ng ilang partikular na serbisyo ng pag-assess ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng mga programa sa paaralan. Ang LEA ay ang iyong lokal na pampublikong paaralan. Maaaring makatanggap ng mga serbisyo ang mga batang 3 hanggang 21 taong gulang nang walang referral mula sa kanilang PCP. Dapat pangasiwaan ng PCP ang mga kinakailangang serbisyong medikal sa LEA. Maaaring kabilang sa mga serbisyo ng LEA ang:

- Mga pagsusuri sa kalusugan ng katawan at isip
- Mga pang-edukasyon at psychosocial na pag-assess
- Edukasyong pangkalusugan at nutrisyon
- Mga pag-assess sa paglaki
- Physical at occupational therapy
- Speech therapy at audiology (mga pagsusuri sa pandinig)
- Pagpapayo
- Mga serbisyo sa pag-aalaga
- Mga serbisyo ng katulong sa kalusugan sa paaralan
- Medikal na transportasyon



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga miyembrong may kapansanan sa paglaki

MGA SENTRONG PANREHIYON

Ginawa ang mga sentrong panrehiyon upang tugunan ang mga pangangailangan ng mga taong may kapansanan sa paglaki. Kabilang sa mga kondisyong ito ang kapansanan sa pag-iisip, epilepsy, autism, cerebral palsy, Down's Syndrome, mga pagkaantala sa pagsasalita at wika. Tinutulungan ng mga panrehiyong Sentro ang kanilang mga kliyente at pamilyang makahanap ng pabahay, mga pang-araw na programa para sa mga nasa hustong gulang, transportasyon, pangangalagang pangkalusugan at panlipunang aktibidad. Libre sa mga kwalipikadong kliyente ang karamihan sa kanilang mga serbisyo. Kung mayroon kang kapamilyang na-diagnose na may kondisyon na maykapansanan bago ang edad na 18, iuugnay ka ng iyong PCP sa lokal na panrehiyong sentro.

Iba pang programa at serbisyo ng Medi-Cal

Iba pang serbisyong maaari mong makuha sa pamamagitan ng Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal

Hindi sinasakop ng Health Net ang ilang serbisyo, pero maaari mo pa ring makuha ang mga ito sa pamamagitan ng FFS Medi-Cal o iba pang programa ng Medi-Cal. Makikipag-coordinate ang Health Net sa iba pang programa para matiyak na nakukuha mo ang lahat ng serbisyo na medikal na kinakailangan, kasama ang mga sakop ng iba pang programa at hindi Health Net. Nakalista sa seksyong ito ang ilan sa mga serbisyong ito. Para alamin pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Mga inireresetang gamot para sa outpatient

Mga inireresetang gamot na sakop ng Medi-Cal Rx

Sakopng Medi-Cal Rx ang mga inireresetang gamot na ibinibigay ng parmasya, na bahagi ng FFS Medi-Cal. Maaaring saklawin ng Health Net ang ilang gamot na ibinibigay ng provider sa isang tanggapan o klinika. Kung magrereseta ang iyong provider ng mga gamot na ibinibigay sa tanggapan ng doktor o infusion center, maaaring ituring ang mga ito na mga gamot na ibinibigay ng doktor.

Kung magbibigay ng gamot ang isang propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na hindi mula sa parmasya, sakop ito sa ilalim ng medikal na benepisyo. Maaari kang resetahan ng iyong provider ng mga gamot na nasa Listahan ng mga Gamot ayon sa Kontrata ng Medi-Cal Rx.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Kung minsan, kailangangan mo ng gamot na wala sa Listahan ng Gamot ayon sa Kontrata. Nangangailangan ang mga gamot na ito ng pahintulot bago mo mapunan ang reseta sa parmasya. Susuriin at pagpapasyahan ng Medi-Cal Rx ang mga kahilingang ito sa loob ng 24 na oras.

- Posibleng bigyan ka ng pharmacist sa iyong parmasya para sa outpatient ng pang-14 na araw na pang-emergency na supply kung sa tingin niya ay kailangan mo ito. Babayaran ng Medi-Cal Rx ang pang-emergency na gamot na ibinibigay ng parmasya para sa outpatient.
- Maaaring tumanggi ang Medi-Cal Rx sa isang kahilingang hindi pang-emergency. Kung gagawin nila ito, padadalhan ka nila ng sulat para sabihin sa iyo kung bakit. Sasabihin nila sa iyo kung ano ang mga pagpipilian mo. Para alamin pa, basahin ang “Mga Reklamo” sa Kabanata 6 ng handbook na ito.

Para malaman kung ang isang gamot ay nasa Listahan ng mga Gamot ayon sa Kontrata o para makakuha ng kopya ng Listahan ng mga Gamot ayon sa Kontrata, tawagan ang Medi-Cal Rx at 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711. O pumunta sa website ng Medi-Cal Rx sa <https://Medi-Calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Mga Parmasya

Kung papupunan o pare-refill mo ang isang gamot, dapat mong kunin ang iyong mga inireresetang gamot mula sa parmasyang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx. Makakahanap ka ng listahan ng mga parmasyang nakikipagtulungan sa Medi-Cal Rx sa Direktoryo ng Parmasya ng Medi-Cal Rx sa <https://Medi-Calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Maaari ka ring maghanap ng parmasyang malapit sa iyo o parmasyang maaaring ipadala sa iyo ang iyong gamot sa koreo sa pamamagitan ng pagtawag sa Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711.

Kapag nakapili ka na ng parmasya, maaaring magpadala ng reseta ang iyong provider sa parmasya mo sa elektronikong paraan. Maaari ka ring bigyan ng iyong provider ng nakasulat na reseta para dalhin sa iyong parmasya. Ibigay sa parmasya ang iyong reseta kasama ng iyong Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC). Tiyaking alam ng parmasya ang lahat ng gamot na iniinom mo at anumang allergy na mayroon ka. Kung may anumang tanong ka tungkol sa iyong reseta, magtanong sa pharmacist.

Maaari ding makakuha ang mga miyembro ng mga serbisyo sa transportasyon mula sa Health Net para makapunta sa mga parmasya. Para malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa transportasyon, basahin ang “Mga benepisyo sa transportasyon para sa mga sitwasyon na hindi emergency” sa Kabanata 4 ng handbook na ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga serbisyo sa kalusugan ng sip na kailangan ng espesyalidad (SMHS)

Ang ilang serbisyo para sa kalusugan ng isip ay ibinibigay ng mga plano sa kalusugan ng isip ng county sa halip ng Health Net. Kasama sa mga ito ang mga serbisyong may espesyalidad sa kalusugan ng isip (SMHS) para sa mga miyembro ng Medi-Cal na nakakatugon sa mga panuntunan ng mga serbisyo ng SMHS. Maaaring kabilang sa SMHS ang mga outpatient, residensyal, at inpatient na serbisyong:

Mga serbisyo para sa outpatient:

- Mga serbisyo sa kalusugan ng isip
- Mga serbisyo sa suporta sa gamot
- Mga masusing serbisyo ng pang-umagang paggamot
- Mga serbisyo ng pang-umagang rehabilitasyon
- Mga serbisyo ng interbensyon sa krisis
- Mga serbisyo ng pagpapahupa ng krisis
- Pamamahala sa partikular na kaso
- Mga serbisyo sa pagpapabuti ng pag-uugali na sinasakop para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Koordinasyon ng masusing pangangalaga (intensive care coordination o ICC) na sinasakop para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Mga masusing serbisyo sa bahay (intensive home-based services o IHBS) na sinasakop para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Therapeutic foster care (TFC) na sinasakop para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang
- Mga mobile na serbisyo para sa krisis
- Mga Serbisyo ng Suporta ng mga Kasamahan (Peer Support Services o PSS) (opsyonal)

Mga residensyal na serbisyo:

- Mga residensyal na serbisyo ng paggamot sa nasa hustong gulang
- Mga residensyal na serbisyo ng paggamot para sa krisis

Mga serbisyo para sa inpatient:

- Mga serbisyo ng ospital para sa karamdamang kaugnay ng isip para sa inpatient
- Mga serbisyo ng pasilidad sa kalusugan na kaugnay sa isip

Para alamin pa ang tungkol sa SMHS na ibinibigay ng plano sa kalusugan ng isip ng county, maaari mong tawagan ang plano sa kalusugan ng isip sa iyong county.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Para makita sa online ang mga numero ng telepono sa lahat ng county na walang bayad, pumunta sa [dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx](https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/MHPContactList.aspx). Kung malalaman ng Health Net na kailangan mo ng mga serbisyo mula sa planong pangkalusugan ng county para sakalusugan ng isip, tutulungan ka ng Health Net na kumonekta sa mga serbisyo ng planong pangkalusugan ng isip ng county.

Mga serbisyo para sa paggamot sa sakit ng substance use

Hinihikayat ng Health Net ang mga miyembro na gusto ng tulong sa paggamit ng alak o iba pang substance use para makakuha ng pangangalaga. Ang mga serbisyo para sa substance use ay available mula sa mga provider tulad ng pangunahing pangangalaga, mga ospital ng inpatient, mga emergency room, at mga provider ng serbisyo para sa substance abuse. Ibinibigay ang mga serbisyo ng SD sa pamamagitan ng mga county. Depende sa kung saan ka nakatiram nagbibigay ang ilang county ng maraming mga opsyon sa paggamot at mga serbisyo para sa pagpapagaling.

Para alamin pa ang tungkol sa mga opsyon sa paggamot para sa SUD, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Maaaring magkaroon pag-assess ang mga miyembro ng Health Net para maitugma ang mga ito sa mga serbisyong pinakaaakma sa kanilang mga pangangailangan sa kalusugan at kagustuhan. Maaaring humiling ang miyembro ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali, kasama ang mga SUD assessment, sa pamamagitan ng pagkontak sa Health Net. Maaari ring bisitahin ng mga miyembro ang kanilang PCP na maaaring i-refer sila sa isang SUD provider para sa assessment. Kapag medikal na kinakailangan, kinabibilangan ang mga serbisyong available tulad ng paggamot sa outpatient, residensyal na paggamot, at mga gamot para sa pagkakulong sa droga o alak (tinatawag ding Mga Gamot para sa Paggamot ng Pagkalulong o MAT) tulad ng buprenorphine, methadone, at naltrexone.

Mga miyembro na natukoy para sa mga serbisyo ng paggamot ng SUD ay nire-refer sa kanilang substance use disorder program ng county para sa paggamot. Maaaring i-refer ang mga miyembro ng kanilang PCP o self-refer sa pamamagitan ng pagkontak nang direkta ng isang SUD provider. Kung mag-self refer ang miyembro, magsasagawa ang provider ng inisyala na screening at assessment para magpasya kung kwalipikado siya at ang antas ng pangangalagang kailangan niya. Para sa listahan ng lahat ng numero ng telepono ng mga county pumunta sa:

https://www.dhcs.ca.gov/individuals/Pages/SUD_County_Access_Lines.aspx.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Magbibigay o mag-aayos ang Health Net oara sa MAT na ibibigay sa pangunahing pangangalaga, ospital para sa mga inpatient, emergency room, at iba pang pangmedikal na setting.

Maliban sa ipinapakita sa ilalim ng subseksyong “Mga benepisyo sa Medi-Cal na sinasaklaw ng Health Net,” ang lahat ng iba pang serbisyo ng gamutan sa labis na pag-inom ng alak at paggamit ng droga at serbisyo ng heroin detoxification para sa outpatient ay hindi sinasaklaw ng Health Net. Ang mga miyembrong nangangailangan ng mga serbisyong ito ay ire-refer sa provider ng Voluntary Inpatient Detox (VID) o sa programa ng paggamot sa sakit kaugnay ng paggamit ng alak at droga sa kanilang country para sa paggamot. Patuloy na makikipagtulungan ang Health Net sa iyong PCP para sakupin ang mga pangunahing pangangalaga at iba pang serbisyong walang kaugnayan sa paggamot para sa pagkalulong sa paggamit ng droga at alak, at pangangasiwaan nito ang mga serbisyo sa (mga) programa ng paggamot, kung kinakailangan.

Mga serbisyo sa ngipin

Ang FFS na Medi-Cal Dental ay kapareho ng FFS na Medi-Cal para sa mga serbisyo sa ngipin mo. Bago ka makakuha ng mga serbisyo sa ngipin, kailangan mong ipakita mo ang iyong BIC card ng Medi-Cal sa dentista. Tiyakin na tumatanggap ang iyong provider ng serbisyo ng FFS Dental at na hindi ka bahagi sa isang plano sa pinamamahalaang pangangalaga na sinasakop ang mga serbisyo sa ngipin.

Sinasakop ng Medi-Cal ang malawak na hanay ng mga serbisyo sa ngipin sa pamamagitan ng Medi-Cal Dental, kabilang ang:

- Diagnostic at pang-iwas sa mga problema sa ngipin tulad ng mga pagsusuri, X-ray, at paglilinis ng ngipin
- Pang-emergency na pangangalaga para sa pagkontrol ng pananakit
- Mga pagbunot ng ngipin
- Mga filling
- Mga paggamot ng root canal (anterior/posterior)
- Mga crown (prefabricated/laboratory)
- Scaling at root planing
- Mga kumpleto at hindi kumpletong pustiso
- Orthodontics para sa mga batang kwalipikado
- Topical fluoride

Kung mayroon kang mga tanong o gusto mong malaman pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 o 711).

Maaari ka ring pumunta sa website ng Medi-Cal Dental at <https://www.dental.dhcs.ca.gov>.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.

Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga Serbisyo para sa mga Bata ng California (CCS)

Ang CCS ay isang programa ng Medi-Cal na gumagamot sa mga batang wala pang 21 taong gulang na may ilang partikular na kondisyon sa kalusugan, sakit, o pangmatagalang problemang pangkalusugan at nakakatugon sa mga panuntunan ng programang CCS. Kung naniniwala ang Health Net o ang iyong PCP na may kondisyon ang iyong anak na kwalipikado sa CCS, ire-refer siya sa programang CCS ng county para masuri kung kwalipikado siya.

Pagpapasyahan ng mga kawani ng programang CCS kung kwalipikado ka o ang iyong anak para sa mga serbisyo ng CCS. Hindi ang Health Net ang nagpapasya sa pagiging kwalipikado sa CCS. Kung magiging kwalipikado ang iyong anak na makuha ang ganitong uri ng pangangalaga, gagamutin siya ng mga paneled provider ng CCS para sa kondisyong kwalipikado sa CCS. Patuloy na sasakupin ng Health Net ang mga uri ng serbisyo na walang kinalaman sa kondisyon sa CCS tulad ng mga pisikal na eksaminasyon, bakuna, at mga pag-check ng well-child.

Hindi sinasakop ng Health Net ang mga serbisyong sinasakop ng programang CCS. Para sakupin ng CCS ang mga serbisyong ito, dapat aprubahan ng CCS ang provider, ang mga serbisyo, at kagamitan.

Sinasaklaw ng CCS ang karamihan sa mga kundisyon ng kalusugan. Mga halimbawa ng mga kondisyon na eligible sa CCS kasama ang, ngunit hindi limitado sa:

- Mga sakit sa puso mula pagkasilang
- Mga kanser
- Mga tumor
- Hemophilia
- Sickle cell anemia
- Mga problema sa thyroid
- Diabetes
- Mga malubha at hindi gumagaling na problema sa kidney
- Sakit sa atay
- Sakit sa bituka
- Cleft lip/palate o pagkabungot
- Spina bifida
- Paghina ng pandinig o pagkabingi
- Mga katarata
- Cerebral palsy
- Mga seizure sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon
- Rheumatoid arthritis
- Muscular dystrophy
- HIV/AIDS
- Malulubhang pinsala sa ulo, utak, o gulugod
- Malulubhang pagkapaso
- Malubhang pagkasungki ng ngipin

Nagbabayad ang Medi-Cal para sa mga serbisyo ng CCS sa mga county na lumalahok sa programang Whole Child Model (WCM), Kung hindi kwalipikado ang iyong anak para sa mga serbisyo ng programang CCS, patuloy siyang makakakuha ng pangangalagang medikal na kinakailangan mula sa Health Net.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Para malaman pa ang tungkol sa CCS, pumunta sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/ccs>. O tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Mga gastos sa transportasyon at pagbibiyaha para sa CCS

Maaari kang makakuha ng transportasyon, mga pagkain, matutuluyan, at iba pang gastos tulad ng paradahan, mga toll, atbp. kung kailangan mo o ng iyong pamilya ng tulong para makapunta sa medikal na appointment na augnay sa kondisyon na kwalipikado sa CCS at walang ibang available na mapagkukunan. Tumawag sa Health Net at humingi ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot) bago ka magbayad nang mula sa sariling bulsa para sa transportasyon, mga pagkain at matutuluyan. Ang Health Net ay nagbibigay ng hindi medikal a hindi emergency na medikal na transportasyon gaya ng nabanggit sa Kabanata 4, “Mga benepisyo at serbisyo” ng handbook na ito.

Kung malalaman na kinakailangan ang iyong mga gastos sa transportasyon at pagbibiyaha na binayaran mo para sa iyong sarili at makumpirma ng Health Net na sinubukan mong makakuha ng transportasyon sa pamamagitan ng Health Net, babayaran ka ng Health Net.

Mga serbisyo sa tahanan at komunidad (home and community-based services o HCBS) na hindi kasama sa mga serbisyo ng CCS

Kung kwalipikado kang mag-enroll sa 1915(c) waiver, (espesyal na programa ng gobyerno), maaari kang makakuha ng mga serbisyo sa tahanan at komunidad na hindi kaugnay sa kondisyon na kwalipikado sa CCS ngunit kinakailangan para manatili ka sa komunidad sa halip na sa isang institusyon. Halibawa, kung kailangan mo ng mga pagbabago sa tahanan para matugunan ang iyong mga pangangailangan sa isang komunidad, hindi mababayaran ng Health Net ang mga gastos na iyon bilang kondisyon na may kaugnayan sa CCS. Ngunit kung naka-enroll ka sa isang 1915(c) waiver, maaaring sakupin ang mga pagbabago sa tahanan kung medikal na kinakailangan ang mga ito para maiwasang mailagay sa institusyon.

Kapag naging 21 taong gulang ka na, ang iyong paglipat (pagbabago) mula sa programa ng CCS hanggang sa pangangalaga ng kalusugan ng nasa hustong gulang. Sa panahong iyon, maaaring kailangan mong mag-enroll sa 1915(c) waiver para patuloy na makatanggap ng mga serbisyo na mayroon ka sa pamamagitan ng CCS, tulad ng private duty nursing.

Mga 1915(c) waiver ng Mga Serbisyonang Nakabatay sa Tahanan at Komunidad (HCBS)

Ang anim na Medi-Cal 1915(c) waiver ng California (mga espesyal na programa ng gobyerno) ay pinapahintulutan ang estado na magbigay ng mga pangmatagalang serbisyo at suporta (LTSS) sa mga taong nasa isang setting ng batay sa komunidad ng kanilang pagpipilian,



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

sa halip ng pagkuha ng pangangalaga sa isang nursing facility o ospital. May kasunduan ang Medi-Cal sa Pederal na Pamahalaan na nagpapahintulot sa mga waiver service na ibibigay sa pribadong tahanan o sa setting na komunidad na parang tahanan. Ang mga serbisyong ibinigay na nasa ilalim ng mga waiver ay dapat hindi magkakahalaga nang mahigit sa pagkuha ng parehong pangangalaga sa institusyon. Dapat maging kwalipikado ang mga tatanggap ng Waiver ng HCBS para sa kabuuang scope ng Medi-Cal. Ang ilan sa mga 1915(c) waiver ay may limitadong availability sa buong Estado ng California at/o maaaring may waitlist. Ang anim na Medi-Cal 1915(c) waiver ay:

- Assisted Living Waiver (ALW)
- Waiver ng Self-Determination Program (SDP) ng California para sa Mga Indibidwal na may mga Kapansanan sa Paglaki
- Waiver ng HCBS para sa mga taga-California na may mga Kapansanan sa Paglaki (HCBS-DD)
- Waiver ng Mga Alternatibo para sa Bahay at Komunidad (HCBA)
- Medi-Cal Waiver Program (MCWP), dating kilala bilang Waiver ng Human Immunodeficiency Virus/Acquired Immune Deficiency Syndrome (HIV/AIDS)
- Programa ng Maraming Serbisyo para sa Senior (Multi-Purpose Senior Services Program o MSSP)

Para alamin pa tungkol sa mga Waiver ng Medi-Cal, pumunta sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/Pages/Medi-CalWaivers.aspx>. O tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Mga Pansuportang Serbisyo sa Tahanan (IHSS)

Ang programang Mga Pansuportang Serbisyo sa Tahanan (IHSS) ay nagbibigay ng personal na pangangalagana tulong sa tahanan bilang alternatibo sa pangangalaga sa labas ng tahanan sa mga kwalipikadong tao na kwalipikado sa Medi-Cal, kabilang ang mga matanda, bulag, at/o may kapansanan. Nagbibigay-daan ang IHSS sa mga tumatanggap nito na manatili nang ligtas sa kanilang mga sariling bahay. Dapat sumang-ayon ang iyong provider ng pangangalagang pangkalusugan na kailangan mo ng tulong sa personal na pangangalaga sa loob ng bahay at na manganganib kang mailagay sa pangangalaga sa labas ng bahay kung hindi ka makakakuha ng mga serbisyo ng IHSS. Magsasagawa rin ang programang IHSS ng assessment ng mga pangangailangan.

Para alamin pa tungkol sa IHSS na available sa iyong county, pumunta sa <https://www.cdss.ca.gov/in-home-supportive-services>. O tumawag sa iyong lokal na ahensya para sa mga serbisyong panlipunan ng county.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga Serbisyon hindi mo makukuha sa pamamagitan ng Health Net o Medi-Cal

Hindi sasakupin ng Health Net at Medi-Cal ang ilang serbisyo. Kabilang sa mga serbisyon hindi sinasaklaw ng Health Net at Medi-Cal, ngunit hindi limitado sa:

- In vitro fertilization (IVF), kabilang ang ngunit hindi limitado sa mga pag-aaral sa pagkabaog o mga pamamaraan para ma-diagnose o magamot ang pagkabaog
- Fertility preservation
- Pagkabaog
- Custodial na pangangalaga
- Mga pagbabago sa sasakyan
- Mga serbisyon sinusubukan pa lang
- Operasyon para sa pampaganda
- Mga Serbisyo para sa mga Bata ng California (CCS)
- Lahat ng serbisyon hindi kabilang sa Medi-Cal sa ilalim ng batas ng estado at/o pederal na batas
- Pagtutuli sa mga miyembrong 31 araw o mas matanda, maliban kung medikal na kinakailangan
- Mga serbisyo sa Kalusugan ng Isip o pagpapayo para sa mga couple o pamilya para sa mga problema sa relasyon
- Mgabakunang hindi inirerekomenda ng Tagapayong Komite para sa mga Kasanayan sa Pagbabakuna (ACIP) ng Centers for Disease Control and Prevention (CDC)
- Mga item para sa personal na kaginhawaan (tulad ng mga telepono, telebisyon, at guest tray) kapag nasa ospital
- Paggamot para sa matitinding problema sa alak. Kung kailangan mo ng mga serbisyo para sa mga pangunahing problema sa alak, maaaring i-refer ka sa programa ng county para sa alak at droga.
- Mga serbisyo para sa paningin:
 - Mga salamin sa mata na ginagamit para sa proteksyon, pampaganda, o trabaho
 - Mga salamin sa mata na inirereseta para sa layunin maliban sa pagtatama ng mga refractive error o ng mga problema sa binocular vision
 - Mga progressive lens
 - Mga multifocal na contact lens
 - Vision therapy o pagsasanay ng paningin
- Mga inireresetang salamin sa mata para sa isang taong nakapagsuot na at may kakayahang magsuot ng contact lens
- Mga serbisyon ibinibigay sa ilalim ng State Prenatal Screening Program na pinangangasiwaan ng Division of Genetic Disease Screening ng California Department of Public Health (CDPH)

Para alamin pa, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Pagsusuri sa mga bago at kasalukuyang teknolohiya

Kabilang sa mga bagong teknolohiya ang mga procedure, gamot, produktong biyolohikal, o mga gamit na kamakailan lang ginawa para sa paggamot ng mga partikular na karamdaman o kondisyon, at mga bagong paraan ng paggamit ng mga kasalukuyang teknolohiya.

Sumasabay ang Health Net sa pagbabago sa mga teknolohiya at paggamot. Para makatulong na magpasya kung dapat idagdag ang isang bagong paggamot o pangangalaga sa iyong plano ng benepisyo, sinusuri namin ang:

- Mga pinakabagong medikal at scientific writing
- Mga rekomendasyon ng mga nanggagamot na doktor o mga medikal na asosasyon na kinikilala sa bansa
- Mga ulat at paglalathala ng mga ahensya ng pamahalaan

Ginagawa ito para matiyak na may access ka sa ligtas at mabisang pangangalaga.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

5. Pangangalaga well care ng bata at kabataan

Ang mga bata at kabataang miyembro na wala pang 21 taong gulang ay makakakuha ng mga espesyal na serbisyo sa kalusugan sa sandaling naka-enroll na sila. Tinitiyak nitong makakatanggap sila ng tamang serbisyong pang-iwas sa sakit, serbisyo sa ngipin, at serbisyo para sa kalusugan ng isip, kabilang ang mga serbisyo sa paglaki at serbisyong may espesyalidad. Ipinapaliwanag sa kabanatang ito ang mga serbisyong ito.

Medi-Cal para sa mga Bata at Teenager

ang kinakailangan mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ay sakop at libre para sa mga miyembrong wala pang 21 taong gulang. Kabilang sa listahan sa ibaba ang mga serbisyong medikal na kinakailangan para magamot o mapangalagaan ang anumang depekto at diagnosis sa katawan o isip. Kabilang sa mga sakop na serbisyo ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagpapatingin ng well-child at mga check-up ng teenager (mahahalagang pagpapatingin na kailangan ng mga bata)
- Mga pagbabakuna (mga shot)
- Assessment at paggamot ng kalusugan ng pag-uugali (sakit sa kalusugan ng isip at/or substance use)
- Pagsusuri at paggamot sa kalusugan ng isip, kabilang ang psychotherapy sa indibidwal, grupo, at pamilya (ang mga serbisyo sa kalusugan ng isip na kailangan ng espesyalidad (SMHS) ay sinasakop ng county)
- Screening para sa adverse childhood experiences (ACE)
- Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (ECM) para sa Mga Bata at Kabataan na Pinagtutuunan ng Pansin (mga POF) (isang benepisyo sa plano sa pinamamahalaang pangangalaga (MCP) ng Medi-Cal)
- Mga pagsusuri sa laboratoryo, kabilang ang screening para sa lead poisoning sa dugo



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

5 | Pangangalaga well care ng bata at kabataan

- Edukasyong pangkalusugan at pang-iwas sa sakit
- Mga serbisyo para sa paningin
- Mga serbisyo sa ngipin (sinasakop sa ilalim ng Medi-Cal Dental)
- Mga serbisyo para sa pandinig (sinasakop ng Mga Serbisyo para sa mga Bata ng California (CCS) para sa mga batang kuwalipikado. Sasakupin ng Health Net ang mga serbisyo para sa mga batang hindi kwalipikado sa CCS)
- Mga Serbisyo sa Kalusugan sa Tahanan, tulad ng private duty nursing (PD), occupational therapy, physical therapy, at mga medikal na kagamitan at supply

Ang mga serbisyong ito ay tinatawag na mga serbisyo sa Medi-Cal for Kids and Teens (kilala rin bilang Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot (EPSDT)). Mahahanap dito ang karagdagang impormasyon para sa mga miyembro tungkol sa Medi-Cal for Kids and Teens sa <https://www.dhcs.ca.gov/services/Medi-Cal-For-Kids-and-Teens/Pages/Member-Information.aspx>. Ang mga serbisyo ng Medi-Cal for Kids and Teens na inirerekomenda ng mga alituntunin ng Bright Futures ng mga pediatrician para matulungan ka o ang iyong anak na manatiling malusog ay sinasaklaw nang libre. Para basahin ang mga alituntunin ng Bright Futures, pumunta sa https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf.

Ang Pinahusay na Pamamahala sa Pangangalaga (ECM) ay isang benepisyong plano sa pinamamahalaang pangangalaga (MCP) ng Medi-Cal na available sa lahat ng county ng California para suportahan ang komprehensibong pamamahala sa pangangalaga para sa mga miyembro ng MCP na may mga kumplikadong pangangailangan. Dahil ang mga bata at kabataan na may mga kumplikadong pangangailangan ay madalas na pinaglilingkuran na ng isa o higit pang tagapamahala ng kaso o ng ibang provider ng serbisyo sa loob ng fragmented delivery system, nagbibigay ang ECM ng koordinasyon sa pagitan ng mga sistema. Kabilang ang mga populasyon ng mga bata at kabataan na nakatuon na kwalipikado para sa benepisyong ito ang:

- Mga bata at kabataan na nakakaranas ng kawalan ng tirahan
- Mga bata at kabataan na nasa panganib para sa sa maiwasang paggamit ng opsital o emergency room
- Mga bata at kabataan na ay mga malubhang pangangailangan sa kalusugan sa isip at/o sakit sa substance use (SUD)
- Mga bata at kabataan na naka-enroll sa Mga Serbisyo para sa Mga Bata ng California (CCS) o Whole Child Model (WCM) ng CSS na may mga karagdagang pangangailangan nang higit sa kondisyong angkop sa CCS
- Mga bata at kabataan na kabilang sa child welfare
- Mga bata at kabataan na lumilipat mula sa correctional facility ng kabataan



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Makikita rito ang karagdagang impormasyon sa ECMt <https://www.dhcs.ca.gov/CalAIM/ECM/Documents/ECM-Children-And-Youth-POFs-Spotlight.pdf>

Bilang karagdagan, mahigpit na hinihikayat ang mga Namumunong Tagapamahala ng Pangangalaga ng ECM na i-screen ang mga miyembro ng ECM para sa mga pangangailangan para sa mga serbisyo ng Mga Suporta sa Komunidad na ibinibigay ng mga MCP bilang mga matipid na alternatibo sa mga karaniwang medikal na serbisyo o setting at i-refer sila sa Mga Suporta sa Komunidad na iyon kapag kwalipikado at available. Maaaring makinabang ang mga bata at kabataan mula sa maraming serbisyo ng Mga Suporta sa Komunidad, kasama ang pagreremedyo sa hika, paghahanap ng pabahay, medikal na pagpapahinga, at mga sobering center.

Ang Mga Suporta sa Komunidad ay mga serbisyong ibinibigay ng mga plano sa pinamamahalaang pangangalaga (mga MCP) ng Medi-Cal at available sa mga kwalipikadong miyembro ng Medi-Cal kwalipikado man sila sa mga serbisyo ng ECM.

Makikita rito ang higit pang impormasyon tungkol sa Mga Suporta sa Komunidad sa <https://www.dhcs.ca.gov/CalAIM/Documents/DHCS-Medi-Cal-Community-Supports-Supplemental-Fact-Sheet.pdf>

Ang ilan sa mga serbisyong available sa pamamagitan ng Medi-Cal for Kids and Teens, tulad ng PDN, ay itinuturing na mga karagdagang serbisyo. Hindi available ang mga ito sa mga miyembro ng Medi-Cal na may edad na 21 at mas matanda Para patuloy na makuha nang libre ang mga serbisyong ito, posibleng kailanganin mo o ng iyong anak na magpatala sa isang 1915(c) waiver ng Mga Serbisyo sa Bahay at Komunidad (HCBS) o iba pang Pangmatagalang Serbisyo at Suporta (LTSS) pagsapit ng o bago ang edad na 21. Kung ikaw o ang iyong anak ay nakakatanggap ng mga karagdagang serbisyo sa pamamagitan ng Medi-Cal for Kids and Teens at magiging 21 taong gulang na, kontakin ang Health Net para pag-usapan ang mga mapagpipilian para sa patuloy na pangangalaga.

Mga check-up sa kalusugan at pangangalagang pang-iwas sa sakit ng walang sakit na bata

Kasama sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga regular na check-up sa kalusugan, screening para matulungan ang iyong doktor na mahanap nang maaga ang mga problema, at serbisyo sa pagpapayo para matukoy ang mga karamdaman, sakit, o medikal na kundisyon bago magdulot ng problema ang mga ito. Nakakatulong ang mga regular na check-up sa doktor mo o ng iyong anak na matukoy ang anumang problema. Posibleng kasama sa mga problema ang medikal, paningin, pandinig, kalusugan ng pag-iisip, at anumang sakit sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

5 | Pangangalaga well care ng bata at kabataan

paggamit ng droga (alak o gamot) at alak. Sinasakop ng Health Net ang mga check-up para mag-screen ng mga problema (kabilang ang pag-assess ng level ng lead sa dugo) anumang oras na kailangan ang mga ito, kahit na hindi ito gawin sa regular na check-up mo o ng iyong anak.

Kasama rin sa pangangalagang pang-iwas sa sakit ang mga pagbabakuna (mga shot) na kailangan mo o ng iyong anak. Dapat tiyakin ng Health Net na ang lahat ng batang naka-enroll ay napapanahon sa lahat ng pagbabakuna (mga shot) kapag pumunta sila sa kanilang doktor. Available ang mga serbisyo at screening sa pangangalagang pang-iwas sa sakit nang libre at nang walang paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Dapat magpa-check up ang iyong anak sa ganitong mga edad:

- 2-4 na araw pagkapanganak
- 1 buwan
- 2 buwan
- 4 na buwan
- 6 na buwan
- 9 na buwan
- 12 buwan
- 15 buwan
- 18 buwan
- 24 na buwan
- 30 buwan
- Isang beses sa isang taon mula 3 hanggang 20 taong gulang

Kabilang sa mga check-up sa kalusugan habang walang sakit ang bata ang:

- Isang kumpletong history at pisikal na eksaminasyon mula ulo hanggang paa
- Mga pagbabakuna (mga shot) na naaangkop sa edad (Sinusunod ng California ang iskediyul ng Bright Futures ng American Academy of Pediatrics: https://downloads.aap.org/AAP/PDF/periodicity_schedule.pdf)
- Mga pagsusuri ng labortoryo, kasama ang screening para sa pagkalason sa lead sa dugo, kung naaangkop sa edad o kinakailangan
- Edukasyong pangkalusugan
- Screening para sa paningin at pandinig
- Screening para sa kalusugan ng bibig
- Pag-assess sa kalusugan ng pag-uugali

Kung makakita ang doktor ng anumang problema sa kalusugan ng katawan o pag-iisip mo o ng iyong anak sa panahon ng check-up o screening, maaaring kailanganin mo o ng iyong anak na makakuha ng karagdagang pangangalagang medikal. Sasakupin ng Health Net ang pangangalagang iyon nang libre, kabilang ang:

- Doktor, nurse practitioner, at pangangalaga sa ospital
- Mga pagbabakuna (mga shot) para mapanatili kang malusog
- Mga physical, speech/language, at occupational therapy



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

5 | Pangangalaga well care ng bata at kabataan

- Mga serbisyo sa kalusugan sa bahay, kabilang ang mga medikal na kagamitan, supply, at appliance
- Paggamot para sa mga problema sa paningin, kabilang ang mga salamin sa mata
- Paggamot para sa mga problema sa pandinig, kasama ang mga hearing aid kapag hindi sinasakop ng California Children's Services (CCS)
- Paggamot sa Kalusugan ng Pag-uugali para sa mga kondisyon ng kalusugan tulad ng mga autism spectrum disorder at iba pang kapansanan sa paglaki
- Pamamahala sa kaso at edukasyong pangkalusugan
- Reconstructive na operasyon, na isang operasyon para maitama o maayos ang mga hindi normal na bahagi ng katawan na dulot ng mga depekto mula sa pagkasilang, abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksiyon, tumor, o sakit para mapahusay ang paggana o gumawa ng normal na hitsura

Screening para sa lead poisoning sa dugo

Dapat na sumailalim sa screening sa pagkalason sa lead sa dugo ang lahat ng batang naka-enroll sa Health Net sa edad na 12 at 24 na buwan o sa pagitan ng edad na 24 at 72 buwan kung hindi sila nasuri nang mas maaga. Maaaring makakuha ng screening para sa lead sa dugo ang mga bata kung hihiling nito ang magulang o tagapag-alaga. Dapat ding isailalim ang mga bata sa screening kapag naniniwala ang doktor na nagdadala ng peligro sa bata ang isang pagbabago sa buhay.

Tulong sa pagkuha ng mga serbisyo sa pangangalaga habang walang sakit ang bata at kabataan

Tutulungan ng Health Net ang mga miyembrong wala pang 21 taong gulang at ang kanilang mga pamilya na makuha ang mga serbisyong kailangan nila. Magagawa ng tagapangasiwa ng pangangalaga ng Health Net na:

- Sabihan ka tungkol sa mga available na serbisyo
- Tumulong sa paghahanap ng mga provider na nasa network o mga provider na wala sa network, kung kinakailangan
- Tumulong sa pagpapaiskedyul ng appointment
- Mag-ayos ng medikal na transportasyon para makapunta ang mga bata sa kanilang mga appointment



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Tumulong sa pangangasiwa ng pangangalaga para sa mga serbisyong hindi sakop ng Health Net, pero maaaring available sa pamamagitan ng Fee-for-Service (FFS) Medi-Cal, tulad ng:
 - Mga serbisyo ng paggamot at rehabilitasyon para sa mga sakit sa kalusugan ng isip at sakit sa substance use (SUD)
 - Paggamot sa mga problema sa ngipin, kabilang ang orthodontics

Iba pang serbisyong maaari mong makuha sa pamamagitan ng Fee-for-Service (FFS) na Medi-Cal o iba pang programa

Mga check-up sa ngipin

Panatilihing malinis ang gilagid ng iyong sanggol sa pamamagitan ng dahan-dahang pagpunas dito sa pamamagitan ng bimpo araw-araw. At mga apat hanggang anim na buwan, magsisimula ang “pangingipin” kapag nagsimulang lumabas ang mga ngipin ng sanggol. Dapat kang magpa-appointment para sa unang pagbisita sa dentista ng iyong anak pagkalabas ng kanyang unang ngipin o pagsapit ng kanyang unang kaarawan, alinman ang mauna.

Ang mga serbisyo sa ngipin ng Medi-Cal na ito ay mga libreng serbisyo para sa:

Mga sanggol edad 0-3

- Unang pagbisita ng bata sa dentista
- Unang pagsusuri sa ngipin ng sanggol
- Mga pagsusuri sa ngipin (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Mga X-ray
- Paglilinis ng ngipin (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Fluoride varnish (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Mga filling
- Mga pagbunot (pagbunot ng ngipin)
- Mga serbisyong pang-emergency para sa ngipin
- *Sedation (kung medikal na kinakailangan)

Mga batang edad 4-12

- Mga pagsusuri sa ngipin (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Paglilinis ng ngipin (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Mga molar sealant
- Mga pasta
- Mga root canal
- Mga pagbunot (pagbunot ng ngipin)
- Mga serbisyong pang-emergency para sa ngipin
- *Sedation (kung medikal na kinakailangan)



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga kabataang edad 13-20

- Mga pagsusuri sa ngipin (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Mga X-ray
- Fluoride varnish (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Paglilinis ng ngipin (kada anim na buwan, at higit pa kung minsan)
- Orthodontics (braces) para sa mga kwalipikado
- Mga pasta
- Mga crown
- Mga root canal
- Mga hindi kumpleto at buong pustiso
- Scaling at root planing
- Mga pagbunot (pagbunot ng ngipin)
- Mga serbisyong pang-emergency para sa ngipin
- *Sedation (kung medikal na kinakailangan)

*Dapat isaalang-alang ng mga provider ang sedation at general anesthesia kapag tinitiyak at idinodokumento nila ang dahilan kung bakit ang local anesthesia ay hindi medikal na naaangkop, at ang paggamot sa ngipin ay paunang inaprubahan o hindi nangangailangan ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Narito ang ilang dahilan kung bakit hindi maaaring gamitin ang local anesthesia at maaaring gamitin na lang ang sedation o general anesthesia:

- Kondisyong kaugnay ng katawan, pag-uugali, paglaki, o emosyong humahadlang sa pasyente na tumugon sa mga pagtatangka ng provider na magsagawa ng paggamot
- Mga pangunahing restorative o surgical na procedure
- Batang hindi nakikipagtulungan
- Malubhang impeksiyon sa bahagi kung saan binigyan ng iniksyon
- Hindi nakontrol ng lokal na anesthetic ang pananakit

Kung mayroon kang mga tanong o gustong alamin pa ang tungkol sa mga serbisyo sa ngipin, tawagan ang Medi-Cal Dental Customer Service Line sa 1-800-322-6384 (TTY 1-800-735-2922 or 711), opumunta sa <https://smilecalifornia.org/>.

Mga karagdagang serbisyo sa referral para sa edukasyon para sa pag-iwas sa sakit

Kung nag-aalala kang hindi nakikibahagi at hindi natututo nang maayos ang iyong anak sa paaralan, makipag-usap sa doktor, mga guro o administrator ng paaralan ng iyong anak. Bukod pa sa iyong mga medikal na benepisyo na sinasakop ng Health Net, may mga serbisyong dapat ibigay ng paaralan para matulungan ang iyong anak na matuto at hindi



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

5 | Pangangalaga well care ng bata at kabataan

mahuli. Kabilang sa mga serbisyong maaaring ibigay para matulungan ang iyong anak na matuto ang:

- Mga serbisyo sa pagsasalita at wika
- Mga serbisyong may kaugnayan sa isip
- Physical therapy
- Occupational therapy
- Assistive technology
- Mga serbisyo sa Gawaing Panlipunan
- Mga serbisyo sa pagpapayo
- Mga serbisyo ng nars ng paaralan
- Transportasyon papunta at mula sa paaralan

Ang Departamento ng Edukasyon ng California ang nagbibigay at nagbabayad para sa mga serbisyong ito. Kasama ng mga doktor at guro ng iyong anak, makakagawa ka ng custom na plano na pinakamakakatulong sa iyong anak.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

6. Pag-uulat at pagresolba ng mga problema

May dalawang paraan upang maiulat at malutas ng mga problema:

- Gumamit ng **reklamo (karaingan)** kapag may problema ka o hindi ka nasiyahan sa Health Net o sa isang provider, o sa pangangalagang pangkalusugan o paggamot na natanggap mo mula sa isang provider.
- Gumamit ng **apela** kapag hindi ka sumasang-ayon sa desisyon ng Health Net na baguhin ang iyong mga serbisyo o huwag sakupin ang mga ito.

May karapatan kang maghain ng mga karaingan at apela sa Health Net para maipalam sa amin ang tungkol sa iyong mga problema. Hindi nito aalisin ang alinman sa iyong mga ligal na karapatan at remedyo. Hindi ka namin idiskrimina o gagantihan dahil sa paghahain mo ng reklamo sa amin o pag-uulat ng mga isyu. Ang pagpapaalam sa amin ng iyong problema ay makakatulong sa aming pahasayin ang pangangalaga para sa lahat ng miyembro.

Maaari ka munang makipag-ugnayan sa Health Net para ipaalam sa amin ang tungkol sa iyong problema. Tawagan kami 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo 1-800-675-6110 (TTY 711). Sabihin sa amin ang tungkol sa iyong problema.

Kung hindi mareresolba ang iyong karaingan o apela pagkatapos ng 30 araw, o hindi ka nasisiyahan sa resulta, maaari mong tawagan ang Departamento ng Pinapamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California (California Department of Managed Health Care o DMHC). Hilingin sa DMHC na suriin ang iyong reklamo o magsagawa ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR). Kung agaran ang iyong problema, tulad ng mga seryosong banta sa iyong kalusugan, maaari kang tumawag kaagad sa DMHC nang hindi muna naghahain muna ng karaingan o apela sa Health Net. Matatawagan mo ang DMHC nang libre sa 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891 or 711), o pumunta sa: <https://www.dmhc.ca.gov>.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Makakatulong din ang California Department of Health Care Services (DHCS) Medi-Cal Managed Care Ombudsman. Makakatulong sila kung may problema ka sa pagsali sa, pagpapalit ng, o pag-alis sa isang planong pangkalusugan. Makakatulong din sila kung lumipat ka at nahihirapan kang maipalipat ang iyong Medi-Cal sa iyong bagong county. Maaari mong tawagan ang Ombudsman mula Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa 1-888-452-8609. Libre ang pagtawag.

Maaari ka ring maghain ng karaingan sa tanggapan para sa pagiging kuwalipikado ng iyong county tungkol sa iyong pagiging kuwalipikado sa Medi-Cal. Kung hindi ka sigurado kung kanino ka maaaring magsampa ng iyong karaingan, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Para mag-ulat ng maling impormasyon tungkol sa iyong insurance sa kalusugan, tawagan ang Medi-Cal mula Lunes hanggang Biyernes, 8 a.m. hanggang 5 p.m. sa 1-800-541-5555.

Mga Reklamo

Ang reklamo (karaingan) ay kapag may problema ka o hindi ka nasisiyahan sa mga serbisyong nakukuha mo mula sa Health Net o isang provider. Walang limitasyon sa oras para maghain ng reklamo. Maaari kang maghain ng reklamo sa Health Net anumang oras sa pamamagitan ng telepono, sa sulat sa pamamagitan ng koreo, o online. Maaring maghain ng reklamo para sa iyo ang iyong awtorisadong kinatawan o provider ng serbisyo kasama ang iyong pahintulot.

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ibigay ang iyong numero ng ID sa planong pangkalusugan, ang iyong pangalan, at ang dahilan ng iyong reklamo.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Tumawag sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) at hilingin na ipadala sa iyo ang form. Kapag natanggap mo ang form, sagutan ito. Tiyaking isama ang iyong pangalan, numero ng ID sa planong pangkalusugan, at ang dahilan ng iyong reklamo. Sabihin sa amin kung ano ang nangyari at kung paano ka namin matutulungan.

Ipadala ang form sa:

Mga Apela at Karaingan sa Health Net

P.O. Box 10348

Van Nuys, CA 91410-0348

May mga form para sa reklamo ang tanggapan ng iyong doktor.

- **Online:** Pumunta sa Health Net website sa www.healthnet.com.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

Kung kailangan mo ng tulong sa paghahain ng iyong reklamo, matutulungan ka namin. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Sa loob ng 5 araw sa kalendaryo pagkatanggap ng iyong reklamo, padadalhan ka ng Health Net ng sulat na sinasabi na natanggap namin ito. Sa loob ng 30 araw, padadalhan ka namin ng isa pang sulat na magsasabi sa iyo kung paano namin naresolba ang iyong problema. Kung tatawag ka sa Health Net tungkol sa isang karaingang hindi tungkol sa pagsakop ng pangangalagang pangkalusugan, medikal na pangangailangan, o sinusubukan pa lang o sinisiyasat na paggamot, at nalutas ang iyong karaingan sa katapusan ng susunod na araw ng negosyo, maaaring hindi ka makatanggap ng sulat.

Kung may mahalaga kang alalahanin tungkol sa isang malubhang kondisyon sa kalusugan, sisimulan namin ang expedited (mabilis) na pagsusuri. Ibibigay namin sa iyo ang desisyon sa loob ng 72 oras. Upang humiling ng pinabilis na pagsusuri, tumawag sa amin sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Sa loob ng 72 oras pagkatanggap ng iyong reklamo, magpapasya kami tungkol sa kung paano namin pangangasiwaan ang iyong reklamo at kung pabibilisin namin ito. Kung makikita naming hindi namin pabibilisin ang iyong reklamo, ipapaalam namin sa iyong reresolbahin namin ang iyong reklamo sa loob ng 30 araw. Maaari kang direktang makipag-ugnayan sa DMHC sa anumang dahilan, kung naniniwala kang kwalipikado ang iyong alalahanin para sa pinabilis na pagsusuri, hindi tutugon sa iyo ang Health Net sa loob ng 72 oras na panahon, o kung hindi ka masaya sa desisyon ng Health Net.

Ang mga reklamo na kaugnay sa mga benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi sasailalim sa proseso ng karaingan ng Health Net o eligible para sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri sa Department of Managed Health Care (DMHC). Maaaring magsumite ng mga reklamo ang mga miyembro tungkol sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) and pressing 7 or 711. O pumunta sa <https://Medi-Calrx.dhcs.ca.gov/home/>.

Ang mga reklamo kaugnay sa mga benepisyo ng parmasya na hindi sasailalim sa Medi-Cal Rx ay maaaring maging eligible para sa pagsusuri sa pamamagitan ng proseso sa apela at karaingan ng Health Net at Hiwalay na Medikal na Pagsusuri sa DMHC. Ang walang bayad na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891). Mahahanap mo ang form ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Reklamo at mga instruksyon online sa <https://www.dmhc.ca.gov/>.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga Apela

Ang apela ay iba sa reklamo. Ang apela ay isang kahilingan para suriin ng Health Net at baguhin ang isang desisyon na ginawa namin tungkol sa iyong mga serbisyo. Kung pinadalhan ka namin ng liham ng Abiso ng Pagkilos (Notice of Action o NOA) na nagpapaalam sa iyo na tinatanggihan, inaantala, binabago, o winawakasan namin ang mga serbisyo, at hindi ka sang-ayon sa aming pasya, maaari kang humiling ng apela sa amin. Maaari ring humiling ng apela sa amin ang iyong awtorisadong kinatawan o provider sa ngalan mo nang may nakasulat na pahintulot mo.

Dapat kang humiling ng apela sa loob ng 60 araw mula sa petsa sa NOA na nakuha mo mula sa Health Net. Kung nagpasya kaming bawasan, suspindihin, o itigil ang isang serbisyong natatanggap mo ngayon, maaari mong patuloy na makuha ang serbisyong iyon habang naghihintay kang mapagpasyahan ang iyong apela. Tinatawag itong Aid Paid Pending. Para makatanggap ng Aid Paid Pending, dapat kang humiling sa amin ng apela sa loob ng 10 araw mula sa petsa na nasa NOA o bago ang petsang sinabi naming ititigil ang iyong serbisyo, alinman ang mas huli. Kapag humiling ka ng apela sa ilalim ng mga sitwasyong ito, magpapatuloy ang iyong serbisyo habang naghihintay ka ng desisyon sa apela mo.

Maaari kang maghain ng apela sa pamamagitan ng telepono, sa pamamagitan ng pagsulat, o online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Ibigay ang iyong pangalan, numero ng ID sa planong pangkalusugan, at ang serbisyong iyon inaapela.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Tumawag sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711) at hilingin na ipadala sa iyo ang form. Kapag natanggap mo ang form, sagutan ito. Tiyaking isama ang iyong pangalan, numero ng ID sa planong pangkalusugan, at ang serbisyong iyon inaapela.

Ipadala ang form sa:

Health Net Appeals & Grievances

P.O. Box 10348

Van Nuys, CA 91410-0348

Magkakaroon ng mga form ng apela ang tanggapan ng iyong doktor.

- **Online:** Bisitahin ang website ng Health Net. Pumunta sa www.healthnet.com.

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng apela o sa Aid Paid Pending, matutulungan ka namin. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.

Bumisita online sa www.healthnet.com.

Sa loob ng limang araw mula nang makuha ang iyong apela, padadalhan ka ng sulat ng Health Net na sinasabing natanggap na namin ito. Sa loob ng 30 araw, ipapaalam namin sa iyo ang aming pasya sa apela at papadalhan ka namin ng liham ng Abiso ng Pagpapasya sa Apela (Notice of Appeal Resolution o NAR). Kung hindi namin ibibigay sa iyo ang aming desisyon sa apela sa loob ng 30 araw, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado mula sa Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan ng California (California Department of Social Services o CDSS) at isang Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) sa DMHC.

Ngunit kung hihiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig upang tugunan ang iyong mga partikular na isyu, hindi ka na maaaring humiling ng IMR sa DMHC sa mga parehong isyu. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang may huling pasya. Ngunit maaari ka pa ring maghain ng reklamo sa DMHC kung hindi kuwalipikado sa IMR ang iyong mga isyu, kahit na naganap na ang Pagdinig ng Estado.

Kung gusto mo o ng iyong doktor na gumawa kami ng mabilis na desisyon dahil malalagay sa panganib ang iyong buhay, kalusugan, o kakayahang kumilos dahil sa oras na gugugulin para pagpasyahan ang iyong apela, maaari kang humiling ng isang pinabilis (mabilis) na pagsusuri. Para humiling ng pinabilis na pagsusuri, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Magdedesisyon kami sa loob ng 72 oras pagkatapos matanggap ang iyong apela. Kung mayroong alalahanin sa agarang pangangalagang pangkalusugan, tulad ng malubhang banta sa iyong kalusugan, hindi mo kailangang maghain ng apela sa Health Net bago ang paghain ng reklamo sa DMHC.

Ano ang dapat gawin kung hindi ka sumasang-ayon sa isang desisyon sa apela

Kung humiling ka ng isang apela at nakatanggap ka ng sulat ng NAR na nagsasabi sa iyong hindi namin binago ang aming desisyon, o hindi ka nakatanggap ng sulat ng NAR at 30 araw na ang lumipas, maaari kang:

- Humiling ng **Pagdinig ng Estado** mula sa Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan ng California (CDSS), at susuriin ng isang hukom ang iyong kaso. Ang walang bayad na numero ng telepono ng CDSS ay 1-800-743-8525 (TTY 1-800-952-8349). Maaari ka ring humiling ng Pagdinig ng Estado online sa <https://www.cdss.ca.gov>. Mas maraming paraan ng paghiling ng Pagdinig ng Estado ay makikita sa “Mga pagdinig ng estado” sa huling bahagi ng kabanatang ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Magsumite ng form para sa Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Reklamo sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC) para maipasuri ang desisyon ng Health Net. Kung kwalipikado ang iyong reklamo sa proseso ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri (IMR) ng DMHC, susuriin ng isang doktor na hindi bahagi ng Health Net ang iyong kaso at gagawa ng desisyon na kailangang sundin ng Health Net. Ang toll-free na numero ng telepono ng DMHC ay 1-888-466-2219 (TTY 1-877-688-9891). Mahahanap mo ang form ng Hiwalay na Medikal na Pagsusuri/Reklamo at mga instruksyon online sa: <https://www.dmhc.ca.gov>.

Hindi mo kailangang magbayad para sa isang Pagdinig ng Estado o IMR.

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado at IMR. Ngunit kung hihiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig para tugunan ang iyong mga partikular na isyu, hindi ka na maaaring humiling ng IMR sa DMHC sa mga parehong isyu. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang may huling desisyon. Ngunit maaari ka pa ring maghain ng reklamo sa DMHC kung hindi kuwalipikado sa IMR ang mga isyu, kahit na naganap na ang Pagdinig ng Estado.

May higit pang impormasyon ang mga seksyon sa ibaba tungkol sa kung paano humiling ng Pagdinig ng Estado at IMR.

Ang mga reklamo at apelang nauugnay sa mga benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx ay hindi pinapangasiwaan ng Health Net. Para magsumite ng mga reklamo at apela tungkol sa mga benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx, tumawag sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) and press 7 or 711. Maaaring kuwalipikado para sa Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (IMR) sa DMHC ang mga reklamo at apelang may kaugnayan sa mga benepisyo sa parmasya na hindi napapailalim sa Medi-Cal Rx.

Kung hindi ka sumasang-ayon sa isang pasyang nauugnay sa iyong benepisyo ng parmasya ng Medi-Cal Rx, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado. Hindi ka maaaring humiling sa DMHC ng IMR para sa mga desisyon sa benepisyo sa parmasya ng Medi-Cal Rx.

Mga Reklamo at Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (IMR) sa Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC)

Ang IMR ay kapag sinuri ng doktor sa labas na walang kaugnayan sa Health Net ang kaso mo. Kung gusto mo ng IMR, dapat ka munang maghain ng apela sa Health Net para sa mga hindi agarang alalahanin. Kung wala kang matatanggap na tugon mula sa Health Net sa lob ng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

6 | Pag-uulat at paglutas ng mga problema

30 araw ng kalendaryo, o kung hindi ka masaya sa desisyon ng Health Net, maaari kang humiling ng IMR. Kailangan mong humiling ng IMR sa loob ng animna buwan mula sa petsang nasa abiso na nagsasabi sa iyo ng desisyon sa apela, ngunit mayroon ka lang 120 araw para humiling ng Pagdinig ng Estado. Kaya, kung gusto mo ng IMR at Pagdinig ng Estado, ihain ang iyong reklamo sa lalong madaling panahon.

Tandaan, kung hihiling ka muna ng Pagdinig ng Estado, at naganap na ang pagdinig upang tugunan ang iyong mga partikular na isyu, hindi ka na maaaring humiling ng IMR sa DMHC sa mga parehong isyu. Sa ganitong sitwasyon, ang Pagdinig ng Estado ang may huling pasya. Ngunit maaari ka pa ring maghain ng reklamo sa DMHC kung hindi kuwalipikado sa IMR ang mga isyu, kahit na naganap na ang Pagdinig ng Estado.

Maaari kang makakuha kaagad ng IMR nang hindi muna naghahain ng apela sa Health Net. Ito ay sa mga kaso kung saan agaran ang iyong problemang pangkalusugan, katulad ng mga seryosong banta sa iyong kalusugan.

Kung hindi kwalipikado para sa IMR ang iyong reklamo sa DMHC, susuriin pa rin ng DMHC ang reklamo mo para matiyak na ginawa ng Health Net ang tamang desisyon noong inapela mo ang pagtangi nito ng mga serbisyo.

Responsibilidad ng Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California ang pagkontrol sa mga plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung mayroon kang karaingan laban sa iyong planong pangkalusugan, dapat mo munang tawagan ang iyong planong pangkalusugan sa 1-800-675-6110 (TTY 711) at gamitin muna ang proseso ng karaingan ng iyong planong pangkalusugan bago ka makipag-ugnayan sa departamento. Ang paggamit sa pamamaraan ng karaingang ito ay hindi nagbabawal sa anumang potensyal na legal na karapatan o remedyong maaari ninyong magamit. Kung kailangan mo ng tulong sa karaingang nauugnay sa isang emergency, karaingang hindi kasiya-siyang naresolba ng iyong planong pangkalusugan, o karaingang nananatiling hindi pa nareresolba nang mahigit 30 araw, maaari mong tawagan ang departamento para sa tulong. Maaari rin kayong maging kuwalipikado para sa isang Independiyenteng Medikal na Pagsusuri (Independent Medical Review o IMR). Kung kwalipikado kayo para sa IMR, magbibigay ang proseso ng IMR ng walang pinapanigang pagsusuri ng mga medikal na pasyang ginawa ng isang planong pangkalusugan na nauugnay sa medikal na pangangailangan ng isang iminumungkahing serbisyo o paggamot, mga pasya sa saklaw para sa mga paggamot na eksperimental o sinisiyasat pa lang, at mga hindi pagkakaunawaan sa pagbabayad para sa mga medikal na serbisyong pang-emerhensya o agarang kinakailangan. Mayroon ding libreng numero ng telepono ang departamento (**1-888-466-2219**) at linya ng TDD (**1-877-688-9891**) para sa mga may kapansanan sa pandinig at pagsasalita. Ang internet website ng departamento na www.dmhc.ca.gov ay mayroong mga form para sa reklamo, mga form para sa IMR application at instruksyon online.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga Pagdinig ng Estado

Ang Pagdinig ng Estado ay isang pagpupulong sa Health Net at hukom mula sa Departamento ng mga Serbisyon Panlipunan ng California (CDSS). Tutulong ang isang hukom na lutasin ang iyong problema o magdedesiyon kung gumawa ng tamang desisyon o hindi ang Health Net. May karapatan kang humiling ng Pagdinig ng Estado kung humiling ka na ng apela sa Health Net at hindi ka pa rin nasisiyahan sa aming desisyon, o kung hindi ka nakatanggap ng desisyon sa iyong apela pagkalipas ng 30 araw.

Dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 120 araw mula sa petsa ng aming liham ng NAR. Kung bibigyan ka namin ng Aid Paid Pending sa panahon ng iyong apela at gusto mo itong magpatuloy hanggang sa magkaroon ng desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, dapat kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa loob ng 10 araw mula sa petsa ng aming sulat ng NAR, o bago ang petsa kung kailan namin sinabing ititigil ang iyong mga serbisyo, alinman ang mas huli.

Kung kailangan mo ng tulong para matiyak na magpapatuloy ang Aid Paid Pending hanggang sa magkaroon ng pinal na desisyon sa iyong Pagdinig ng Estado, kontakin ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110. Kung hindi ka nakakarinig o nakakapagsalita nang maayos, tumawag sa TYY 711). Maaaring humiling ng Pagdinig ng Estado ang iyong awtorisadong kinatawan o provider para sa iyo nang may nakasulat na pahintulot mo.

Kung minsan, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi kinukumpleto ang aming proseso ng apela.

Halimbawa, kung hindi ka inabisuhan nang tama o sa tamang oras ng Health Net, maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado nang hindi muna kinukumpleto ang aming proseso ng apela. Tinatawag itong Deemed Exhaustion. Narito ang ilang halimbawa ng Deemed Exhaustion:

- Hindi naming ginawang available ang sulat ng NOA o NAR sa iyong mas gustong wika.
- Nagkamali kami na nakakaapekto sa alinman sa iyong mga karapatan
- Hindi ka namin binigyan ng sulat ng NOA
- Hindi ka namin binigyan ng sulat ng NAR
- Nagkamali kami sa aming liham ng NAR
- Hindi namin pinagpasyahan ang iyong apela sa loob ng 30 araw
- Nagdesisyon kaming apurahan ang iyong kaso, ngunit hindi kami tumugon sa iyong apela sa loob ng 72 oras



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Maaari kang humiling ng Pagdinig ng Estado sa mga paraang ito:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tawagan ang Sangay ng Mga Pagdinig ng Estado ng CDSS sa 1-800-743-8525 (TTY 1-800-952-8349 o 711)
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sagutan ang form na ibinigay kasama ng abiso sa resolusyon ng iyong mga apela at ipadala ito sa:

California Department of Social Services
State Hearings Division
744 P Street, MS 9-17-433
Sacramento, CA 95814
- **Online:** Humiling ng pagdinig online sa www.cdss.ca.gov
- **Sa pamamagitan ng email:** Sagutan ang form na kasama ng iyong abiso sa resolusyon ng mga apela at i-email ito sa Scopeofbenefits@dss.ca.gov
 - Tandaan: Kung ipapadala mo ito sa email, may panganib na maaaring pigilan ng isang tao maliban sa State Hearings Division ang iyong email. Pag-isipang gumamit ng mas ligtas na paraan para ipadala ang iyong kahilingan.
- **Sa pamamagitan ng Fax:** Sagutan ang form kasama ng abiso sa resolusyon ng mga apela mo at i-fax ito sa Sangay ng Mga Pagdinig ng Estado nang walang bayad sa 1-833-281-0903

Kung kailangan mo ng tulong sa paghiling ng Pagdinig ng Estado, matutulungan ka namin. Mabibigyan ka namin ng mga libreng serbisyo sa wika. Tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Sa pagdinig, sasabihin namin sa hukom kung bakit ka hindi sumasang-ayon sa desisyon ng Health Net. Sasabihin ng Health Net sa hukom kung paano namin ginawa ang aming desisyon. Maaaring tumagal nang hanggang 90 araw bago mapagdesisyunan ng hukom ang iyong kaso. Dapat sundin ng Health Net ang magiging pasya ng hukom.

Kung gusto mong gumawa ang CDSS ng mabilis na pasya dahil mailalagay sa peligro ang iyong buhay, kalusugan o kakayahang kumilos dahil sa haba ng panahong itatagal bago magkaroon ng Pagdinig ng Estado, magagawa mo, ng iyong awtorisadong kinatawan, o ng iyong provider na makipag-ugnayan sa CDSS at humiling ng pinabilis (mabilis) na Pagdinig ng Estado. Dapat magpasya ang CDSS nang hindi lalampas sa tatlong araw ng negosyo matapos nitong matanggap ang iyong kumpletong file ng kaso mula sa Health Net.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso

Kung pinaghihinalaan mo ang isang provider o ang isang taong kumukuha ng Medi-Cal na nanloloko, nag-aaksaya o nang-aabuso, responsibilidad mong iulat ito sa pamamagitan ng pagtawag sa kumpidensyal na toll-free na numerong 1-800-822-6222 o pagsusumite ng reklamo online sa <https://www.dhcs.ca.gov/>.

Kabilang sa panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng provider ang:

- Pagpapalsipika ng mga medikal na talaan
- Pagrereseta ng gamot na higit sa medikal na kinakailangan
- Pagbibigay ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na higit sa medikal na kinakailangan
- Paniningil para sa mga serbisyong hindi ibinigay
- Paniningil para sa mga propesyonal na serbisyo kahit hindi isinagawa ng propesyonal ang serbisyo
- Pag-aalok ng mga libre o may diskwentong item at serbisyo sa mga miyembro para impluwensyahan kung aling provider ang pipiliin ng miyembro
- Pagpapalit ng provider ng pangunahing pangangalaga ng miyembro nang hindi alam ng miyembro

Kabilang sa panloloko, pag-aaksaya, at pang-aabuso ng isang taong nakakatanggap ng mga benepisyo ang, ngunit hindi limitado sa:

- Pagpapahiram, pagbebenta, o pagbibigay ng ID card sa planong pangkalusugan o ng Medi-Cal Benefits Identification Card (BIC) sa ibang tao
- Pagtanggap ng magkakatulad o magkakaparehong paggamot o gamot mula sa mahigit sa isang provider
- Pagpunta sa isang emergency room kahit hindi emergency
- Paggamit ng numero ng Social Security o numero ng ID sa planong pangkalusugan ng ibang tao
- Pagsakay sa mga pangmedikal at hindi pangmedikal na transportasyon para sa mga serbisyong walang kaugnayan sa pangangalagang pangkalusugan, para sa mga serbisyong hindi sinasaklaw ng Medi-Cal, o kapag walang medikal na appointment o mga iniresetang gamot na kukunin

Para mag-ulat ng panloloko, pag-aaksaya, o pang-aabuso, isulat ang pangalan, address, at numero ng ID ng taong gumawa ng panloloko, pag-aaksaya, o pang-aabuso. Ibigay ang lahat ng impormasyong maibibigay tungkol sa taong iyon, tulad ng numero ng telepono o espesyalidad kung provider ito. Ibigay ang mga petsa ng mga pangyayari at buod ng kung ano ang eksaktong nangyari.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Ipadala ang iyong ulat sa:

Centene Special Investigations Unit

7700 Forsyth Blvd.

Clayton, MO 63105

1-866-685-8664

Special_Investigations_Unit@centene.com



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.

Bumisita online sa www.healthnet.com.

7. Mga karapatan at responsibilidad

Bilang miyembro ng Health Net, mayroon kang ilang partikular na karapatan at responsibilidad. Ipinapaliwanag ng kabanatang ito ang mga karapatan at responsibilidad na ito. Kasama rin sa kabanatang ito ang mga legal na abisong may karapatan ka bilang miyembro ng Health Net.

Iyong mga karapatan

Ito ang iyong mga karapatan bilang miyembro ng Health Net:

- Magamot nang may paggalang at dignidad, na nagbibigay ng makatwirang pagsasaalang-alang sa iyong karapatan sa pagkapribado at sa pangangailangan na mapanatili ang pagiging kumpidensyal ng iyong medikal na impormasyon tulad ng medikal na kasaysayan, kundisyon ng pag-iisip at katawan o paggamot, at kalusugan na may kaugnayan sa pag-aanak o sekswal
- Mabigyan ng impormasyon tungkol sa planong pangkalusugan at sa mga serbisyo nito, kabilang ang mga saklaw na serbisyo, provider, manggagamot, at karapatan at responsibilidad ng miyembro
- Makakuha ng nakasulat na impormasyon ng miyembro na ganap na isinalin sa iyong mas gustong wika, kabilang ang lahat ng abiso sa karaingan at mga apela
- Gumawa ng mga rekomendasyon sa patakaran sa mga karapatan at responsibilidad ng miyembro ng Health Net.
- Makapamilya ng provider ng pangunahing pangangalaga sa network ng Health Net
- Magkaroon ng napapanahong access sa mga provider na nasa network
- Makilahok sa paggawa ng desisyon kasama ng mga provider tungkol sa sarili mong pangangalagang pangkalusugan, kabilang ang karapatang tumanggi sa paggamot
- Magpahayag ng mga karaingan, nang berbal o sa pamamagitan ng pagsulat, tungkol sa organisasyon o sa natanggap mong pangangalaga
- Malaman ang mga medikal na dahilan ng Health Net para sa desisyon na tanggihan, ipagpaliban, itigil (tapusin), o baguhin ang kahilingan para sa medikal na pangangalaga
- Makakuha ng koordinasyon ng pangangalaga



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Humiling ng apela sa mga desisyong tanggihan, ipagpaliban, o limitahan ang mga serbisyo o benepisyo
- Makakuha ng mga libreng serbisyo ng interpretasyon at pagsasalin para sa iyong wika
- Humiling ng libreng legal na tulong sa iyong lokal na tanggapan ng legal na tulong o iba pang grupo.
- Bumuo ng mga paunang direktiba
- Humiling Pagdinig ng Estado kung may serbisyo o benepisyong tinanggihan at nakapaghain ka na ng apela sa Health Net at hindi ka pa rin masaya sa desisyon, o kung hindi ka pa nakakatanggap ng desisyon sa iyong apela makalipas ang 30 araw, kabilang ang impormasyon tungkol sa mga sitwasyon kung saan posible ang pinabilis na pagdinig
- Umalis (mag-drop) sa pagkaka-enroll sa Health Net at lumipat sa isa pang planong pangkalusugan sa county kapag hiniling
- Maka-access ng mga serbisyong nangangailangan ng pahintulot ng menor de edad
- Makakuha ng libreng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa iba pang format (gaya ng braille, malalaking print, audio, at mga naa-access na elektronikong format) kapag hiniling at nang napapanahon na naaangkop para sa format na hinihiling at alinsunod sa seksyon 14182 (b)(12) ng Welfare & Institutions Code
- Hindi mapailalim sa anumang anyo ng pagpigil o paghihiwalay na ginagamit bilang paraan ng pamimilit, pandidisiplina, kaginhawahan, o paghihiganti
- Matapat na talakayin ang impormasyon tungkol sa mga available na opsyon at alternatibo sa paggamot, na ipapakita sa paraang naaangkop sa iyong kundisyon at kakayahang umunawa, anuman ang halaga o pagsakop
- Magkaroon ng access at makakuha ng kopya ng iyong mga medikal na talaan, at hilingin na baguhin o itama ang mga iyon, tulad ng nakasaad sa mga seksyon 164.524 at 164.526 ng 45 Code of Federal Regulations (CFR)
- Kalayaang ipahayag ang mga karapatang ito nang hindi nagkakaroon ng masamang epekto sa paraan ng pagtrato sa iyo ng Health Net, mga provider mo o ng Estado.
- Magkaroon ng access sa mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya, Mga Hiwalay na Birth Center, Mga Pederal na Kuwalipikadong Health Center, ga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan ng Indian, mga serbisyo ng kumadrona, Mga Rural Health Center, mga serbisyo para sa impeksyong seksuwal na naipapasa at mga serbisyong pang-emergency sa labas ng network ng Health Net alinsunod sa pederal na batas
- Humiling ng Apela ng isang tinanggihang claim nang hanggang 60 araw mula sa petsa na nasa abisong matatanggap mo. Ang abisong ito ay tinatawag na “Abiso ng Salungat na Desisyon sa Benepisyo (Notice of Adverse Benefit Determination o NABD).” Ang proseso ng Apela ay sa pamamagitan ng Patas na Pagdinig ng Estado. Maaari mo ring itanong kung paano ipagpapatuloy ang iyong pangangalagang pangkalusugan habang nasa proseso ng Apela



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga responsibilidad mo

Ang mga miyembro ng Health Net ay mayroon ng mga responsibilidad na ito:

- **Kumilos nang magalang at may paggalang.** Responsibilidad mong tratuhin ang iyong doktor at lahat ng provider at tauhan nang magalang at may paggalang. Responsable ka para sa pagiging nasa oras para sa iyong mga pagpapatingin. Tawagan ang tanggapan ng iyong doktor nang hindi bababa sa 24 na oras bago ang pagpapatingin para kanselahin o muling iiskedyul.
- **Magbigay ng napapanahon, tama, at kumpletong impormasyon.** Responsibilidad mong ibigay ang tamang impormasyon at ang lahat ng impormasyong maibibigay mo sa lahat ng iyong provider, at sa Health Net. Responsibilidad mong regular na magpatingin at sabihan ang iyong doktor tungkol sa mga problemang pangkalusugan bago lumala ang mga iyon.
- **Sundin ang payo ng iyong doktor at makibahagi sa iyong pangangalaga.** Responsable ka sa pamamahala ng iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan sa iyong doktor. Makipagtulungan sa iyong doktor para bumuo at sumang-ayon sa mga layunin. Gawin ang iyong makakaya na mauunawaan ang iyong mga problema sa kalusugan Sundin ang mga plano sa paggamot at mga instruksyon na parahoy kayong sang-ayon.
- **Gamitin lang ang emergency room sa isang emergency.** Responsibilidad mong gamitin ang emergency room kapag may emergency o kapag iniutos ng iyong doktor. Ang pang-emergency na pangangalaga ay serbisyong makatuwiran mong pinaniniwalaang kinakailangan upang pigilan o ibsan ang mga biglaan at seryosong sakit o sintomas, at pinsala o kundisyong nangangailangan ng agarang diyagnosis at paggamot.
- **Mag-ulat ng maling gawain.** Responsibilidad mong mag-ulat ng panloloko sa pangangalagang pangkalusugan o maling gawain sa Health Net Community Solutions. Magagawa mo ito nang hindi ibinibigay ang iyong pangalan sa pamamagitan ng pagtawag sa Health Net Fraud and Abuse Hotline toll-free sa 1-866-685-8664. Ang Hotline para sa Panloloko ay bukas 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Mahigpit na pinananatiling kumpidensiyal ang lahat ng tawag.

Abiso ng kawalan ng diskriminasyon

Labag sa batas ang diskriminasyon. Sumusunod ang Health Net sa mga pang-estado at pampederal na batas ng karapatang sibil. Hindi labag sa batas na nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o tinatrato sila nang iba ng Health Net dahil sa kasarian, lahi, kulay,



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

relihiyon, ninuno, bansang pinagmulan, pagkakakilanlan ng grupo ng etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, pisikal na kapansanan, medikal na kondisyon, impormasyon ng genes, marital status, kasarian, kinikilalang kasarian o sekswal na oryentasyon.

Ang Health Net ay nagbibigay ng:

- Mga libreng tulong at serbisyo sa mga taong may kapansanan para matulungan silang makipag-usap nang mas mabuti, gaya ng:
 - Mga kwalipikadong sign language interpreter
 - Nakasulat na impormasyon sa iba pang format (malaking print, audio, mga naa-access na elektronikong format, at iba pang format)
- Mga libreng serbisyo sa wika sa mga taong hindi Ingles ang pangunahing wika, tulad ng:
 - Mga kuwalipikadong interpreter
 - Impormasyong nakasulat sa iba pang wika

Kung kailangan mo ang mga serbisyong ito, makipag-ugnayan sa Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110.

O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, tumawag sa TTY 711 para gamitin ang California Relay Service.

Paano maghain ng karaingan

Kung naniniwala kang hindi naibigay ng Health Net ang mga serbisyong ito o labag sa batas itong nandiskrimina sa iba pang paraan batay sa kasarian, lahi, kulay, relihiyon, lipi, bansang pinagmulan, sinasamahang grupong etniko, edad, kapansanan sa pag-iisip, kapansanan ng katawan, medikal na kondisyon, impormasyong henetiko, katayuan sa pag-aasawa, kasarian, kinikilalang kasarian o seksuwal na oryentasyon, maaari kang maghain ng karaingan sa Civil Rights Coordinator ng Health Net. Maaari kang maghain ng karaingan sa pamamagitan ng telepono, koreo, nang personal, o online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Makipag-ugnayan sa Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110. O, kung hindi ka makarinig o makapagsalita nang maayos, tumawag sa TTY 711 para gamitin ang California Relay Service.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sagutan ang form para sa reklamo o sumulat at ipadala ito sa:
Health Net Civil Rights Coordinator
P.O. Box 9103
Van Nuys, CA 91409-9103
- **Sa personal:** Bisitahin ang tanggapan ng iyong doktor o ng Health Net at sabihin na gusto mong maghain ng karaingan.
- **Online:** Pumunta sa website ng Health Net sa www.healthnet.com.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil – Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California

Maaari ka ring maghain ng reklamo kaugnay ng mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan (DHCS) ng California sa pamamagitan ng telepono, koreo, o online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa 1-916-440-7370. Kung hindi ka makapagsalita o makarinig nang maayos, tumawag sa 711 (Telecommunications Relay Service).
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sagutan ang form para sa reklamo o sumulat at ipadala ito sa:
Department of Health Care Services
Office of Civil Rights
P.O. Box 997413, MS 0009
Sacramento, CA 95899-7413

Makukuha ang mga form para sa reklamo sa

https://www.dhcs.ca.gov/Pages/Language_Access.aspx.

- **Online:** Magpadala ng email sa CivilRights@dhcs.ca.gov.

Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil – Departamento ng Mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao ng Estados Unidos

Kung naniniwala kang nadiskrimina ka batay sa lahi, kulay, bansang pinagmulan, edad, kapansanan, o kasarian, maaari ka ring maghain ng reklamo kaugnay ng mga karapatang sibil sa Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil ng Departamento ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao ng Estados Unidos, sa pamamagitan ng telepono, koreo, o online:

- **Sa pamamagitan ng telepono:** Tumawag sa 1-800-368-1019. Kung may problema ka sa pagsasalita o pandinig, mangyaring tawagan ang TTY 1-800-537-7697 o 711 para magamit ang California Relay Service.
- **Sa pamamagitan ng koreo:** Sagutan ang form para sa reklamo o magpadala ng sulat sa:
U.S. Department of Health and Human Services
200 Independence Avenue, SW
Room 509F, HHH Building
Washington, D.C. 20201

May available na mga form para sa reklamo sa <https://www.hhs.gov/ocr/complaints/index.html>.

- **Online:** Pumunta sa Portal para sa Reklamo ng Tanggapan para sa Mga Karapatang Sibil sa <https://ocrportal.hhs.gov/ocr/cp>.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga paraan para makilahok bilang isang miyembro

Gusto ng Health Net na may marinig mula sa iyo. Bawat taon, may mga pagpupulong ang Health Net para pag-usapan kung ano ang maayos na napapatakbo at kung paano maaaring mas humusay ang Health Net. Inaanyayahan ang mga miyembro na dumalo. Pumunta sa pagpupulong!

Nagpapayo na komite ng komunidad

Ang Health Net ay may grupong tinatawag na Nagpapayo na Komite ng Komunidad (CAC). Ang grupong ito ay binubuo ng mga pangunahing stakeholder ng komunidad. Maaari kang sumali sa grupong ito kung gusto mo. Pinag-uusapan ng grupo ang tungkol sa kung paano mapapahusay ang mga patakaran ng Health Net at responsable para sa:

- Payo tungkol sa pagpapahusay ng kalidad, edukasyon sa kalusugan, at mga pagkakapantay-pantay sa kalusugan ng Health Net.
- Payo sa programa sa mga serbisyong pangkultura at pangwika ng Health Net at iba pang mga programa na maaaring magsulong at magpabuti ng kabuuang kalusugan ng miyembro.
- Pagtukoy ng mga balakid sa pangangalaga dahil sa kultura, diskriminasyon, wika, o kapansanan.

Kung gusto mong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Komite ng patakarang pampubliko

Ang Health Net ay may grupong tinatawag na Komite ng Patakarang Pampubliko. Binubuo ang grupong ito ng mga miyembro at provider ng planong pangkalusugan. Ang pagsali sa grupong ito ay boluntaryo. Pinag-uusapan ng grupo ang tungkol sa kung paano mapapahusay ang mga patakaran ng Health Net at responsable para sa:

- Pagbibigay ng payo sa Lupon ng Mga Direktor ng Health Net tungkol sa mga isyu sa patakarang nakakaapekto sa planong pangkalusugan at sa aming mga miyembro.

Kung gusto mong maging bahagi ng grupong ito, tumawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

Maaari ka ring tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro kung mayroon kang anumang tanong tungkol sa mga grupong ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Abiso ng mga kasanayan sa pagkapribado

Makukuha at ibibigay kapag iyong hiniling ang pahayag na naglalarawan sa mga patakaran at pamamaraan ng Health Net para sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensyal ng mga medikal na talaan.

Kung nasa edad ka na at nasa kapasidad na mapayagang makatanggap ng mga sensitibong serbisyo, hindi mo kailangang kumuha ng iba pang pahintulot sa miyembro para makatanggap ng mga sensitibong serbisyo o magsumite ng claim para sa mga sensitibong serbisyo. Para alamin pa ang tungkol sa mga sensitibong serbisyo, basahin ang “Sensitibong pangangalaga” sa Kabanata 3 ng handbook na ito.

Maaari mong hilingin sa Health Net na magpadala ng mga komunikasyon tungkol sa mga sensitibong serbisyo sa ibang address para sa sulat, email address, o numero ng telepono na pipiliin mo. Tinatawag itong “kahilingan para sa kumpidensiyal na komunikasyon.” Kung pahihintulutan mo ang pangangalaga, hindi ibibigay ng Health Net ang impormasyon sa iyong mga serbisyo para sa sensitibong pangangalaga sa ibang tao nang walang nakasulat na pahintulot mo. Kung hindi ka magbibigay ng address para sa sulat, email address, o numero ng telepono, ipadadala ng Health Net ang mga komunikasyon sa iyong pangalan sa address para sa sulat o numero ng telepono na nasa file.

Tatalima ang Health Net sa iyong mga hiling na makakuha ng kumpidensyal na komunikasyon sa anyo at format na iyong hinihiling. O titiyakin namin na ang mga komunikasyon mo ay madaling mailalagay sa anyo at format na iyong hiniling. Ipadadala namin ang mga ito sa ibang lokasyon na pipiliin mo. Mananatili ang iyong kahilingan para sa kumpidensyal na mga komunikasyon hanggang sa kanselahin mo ito o magsumite ng bagong kahilingan para sa kumpidensyal na mga komunikasyon.

Kasama sa ibaba ang pahayag ng Health Net tungkol sa mga patakaran at pamamaraan nito sa pagprotekta ng iyong medikal na impormasyon (tinatawag na “Abiso ng mga Kasanayan sa Pagkapribado”):

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANO MAAARING GAMITIN AT IHAYAG ANG MEDIKAL NA IMPORMASYON TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO KA MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO.

MANGYARING BASAHIN ITONG MABUTI.

May bisa noong: 08.14.2017

Mga Tungkulin ng mga Sakop na Entity:

Ang Health Net* (na tinutukoy bilang “kami” o “ang Plano”) ay isang Sakop na Entity gaya ng tinutukoy at kinokontrol sa ilalim ng Health Insurance Portability and Accountability Act of 1996 (HIPAA). Ang Health Net ay inaatasan ng batas na panatilihin ang privacy ng iyong



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).

Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.

Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.

Bumisita online sa www.healthnet.com.

pinoprotektahang impormasyon ukol sa kalusugan (protected health information o PHI), bigyan ka ng Abisong ito tungkol sa aming mga legal na tungkulin at mga gawi sa privacy kaugnay ng iyong PHI, sumunod sa mga tuntunin ng Abisong ito na kasalukuyang ipinatutupad, at abisuhan ka sakaling magkaroon ng hindi awtorisadong pag-access sa iyong hindi naka-secure na PHI. Ang PHI ay impormasyong tungkol sa iyo, kabilang ang demograpikong impormasyon, na maaaring makatwirang gamitin para kilalanin ka at may kaugnayan sa kalusugan o kondisyon ng iyong pangangatawan o pag-iisip sa nakaraan, kasalukuyan o hinaharap, ang pagbibigay sa iyo ng pangangalagang pangkalusugan o ang pagbabayad para sa pangangalagang iyon.

Inilalarawan sa Abisong ito kung paano namin maaaring gamitin at ihayag ang iyong PHI. Inilalarawan din nito ang iyong mga karapatang i-access, baguhin, at pamahalaan ang iyong PHI at kung paano gagamitin ang mga karapatang iyon. Ang lahat ng iba pang paggamit at pagsisiwalat ng iyong PHI na hindi inilalarawan sa Abisong ito ay gagawin lang nang may nakasulat na pahintulot mula sa iyo.

May karapatan ang Health Net na baguhin ang Abisong ito. May karapatan kaming gawing may bisa ang nirebisa o binagong Abiso para sa iyong PHI na nasa amin na, pati na rin sa alinman sa iyong PHI na matatanggap namin sa hinaharap. Agarang babaguhin at ipamamahagi ng Health Net ang Abisong ito anumang oras na mayroong mahalagang pagbabago sa sumusunod:

- mga paggamit o paghahayag;
- iyong mga karapatan
- aming mga legal na tungkulin; at
- iba pang gawi sa pagkapribado na nakasaad sa abiso.

Ilalagay namin sa aming website at sa aming Handbook ng Miyembro ang anumang nirebisang Abiso.

Mga Panloob na Proteksyon ng Sinabi, Nakasulat at Elektronikong PHI:

Pinoprotektahan ng Health Net ang iyong PHI. Nakatuon din kami sa pagpapanatiling kumpidensyal ang impormasyon ng iyong lahi, etnisidad, at wika (REL), at sekswal na oryentasyon at pagkakakilanlang kasarian (SOGI). Mayroon kaming mga proseso sa pagkapribado at seguridad na makakatulong.

Narito ang ilan sa mga paraan ng pagprotekta namin sa iyong PHI.

- Sinasanay namin ang aming mga tauhan na sundin ang aming mga proseso sa pagkapribado at seguridad.
- Inaatasan namin ang aming mga kasama sa negosyo na sundin ang mga proseso sa pagkapribado at seguridad.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Pinananatili naming ligtas ang aming mga tanggapan.
- Tinatalakay lang namin ang iyong PHI para sa mga layuning pangnegosyo kasama ng mga taong dapat makaalam.
- Pinananatili naming ligtas ang iyong PHI kapag ipinadadala namin ito o itinatabi namin ito sa paraang elektroniko.
- Gumagamit kami ng teknolohiya para maiwasang ma-access ang iyong PHI ng mga taong hindi dapat maka-access nito.

Mga Pinahihintulatang Paggamit at Paghahayag ng Iyong PHI:

Ang sumusunod ay listahan ng kung paano namin maaaring gamitin o ihayag ang iyong PHI nang wala ang iyong permiso o pahintulot:

- **Paggamot** - Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI sa isang doktor o iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan na gumagamot sa iyo, para pangasiwaan ang iyong paggamot sa mga provider, o para matulungan kaming magsagawa ng mga desisyon sa paunang pahintulot na may kaugnayan sa iyong mga benepisyo.
- **Pagbabayad** - Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI para gumawa ng mga pagbabayad ng benepisyo para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na ibinibigay sa iyo. Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa ibang planong pangkalusugan, sa isang provider ng pangangalagang pangkalusugan, o sa iba pang entidad alinsunod sa pederal na Mga Tuntunin sa Privacy para sa kanilang mga pagbabayad. Ang mga aktibidad ng pagbabayad ay maaaring kinabibilangan ng:
 - pagpoproseso ng mga claim;
 - pagtukoy ng pagiging kwalipikado o coverage para sa mga claim;
 - pagbibigay ng mga pagsingil ng premium;
 - pagsusuri ng mga serbisyo para sa medikal na pangangailangan; at
 - pagsasagawa ng pagsusuri ng paggamit ng mga claim.
- **Mga Pagpapatakbo ng Pangangalagang Pangkalusugan** - Maaari naming gamitin at ihayag ang iyong PHI para isagawa ang aming mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan. Ang mga aktibidad na ito ay maaaring kinabibilangan ng:
 - pagbibigay ng mga serbisyo sa customer;
 - pagtugon sa mga reklamo at apela;
 - pagbibigay ng pamamahala ng kaso at pangangasiwa ng pangangalaga;
 - pagsasagawa ng medikal na pagsusuri ng mga claim at iba pang pag-assess ng kalidad; at
 - para sa mga aktibidad ng pagpapahusay.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Sa aming mga pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan, maaari kaming maghayag ng PHI sa mga kasama sa negosyo. Magkakaroon kami ng mga nakasulat na kasunduan sa mga kasamang ito para protektahan ang pagkapribado ng iyong PHI. Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa ibang entity na napapailalim sa pederal na Mga Tuntunin sa Pagkapribado. Dapat ay mayroon ding ugnayan sa iyo ang entity para sa mga pagpapatakbo nito sa pangangalagang pangkalusugan. Kabilang dito ang sumusunod:

- mga aktibidad sa pag-assess at pagpapaganda ng kalidad;
- pagsusuri ng kagalingan o mga kwalipikasyon ng mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan;
- pamamahala ng kaso at pangangasiwa ng pangangalaga; at
- pagtukoy o pag-iwas sa panloloko at pang-aabuso sa pangangalagang pangkalusugan.

Ang iyong lahi, etnisidad, wika, sekswal na oryentasyon, at kinikilalang kasarian ay pinoprotektahan ng mga sistema at batas ng planong pangkalusugan. Ibig sabihin nito, pribado at ligtas ang impormasyong ibinibigay mo. Ibinabahagi lang namin ang impormasyong ito sa mga regulatory agency ng California, mga provider ng pangangalagang pangkalusugan, at mga entity na namamahala sa pangangalagang pangkalusugan. Hindi ito ibabahagi sa iba nang walang permiso o pahintulot mo. Ginagamit namin ang impormasyong ito para tumulong na mapaganda ang kalidad ng iyong pangangalaga at mga serbisyo.

Tinutulungan kami ng impormasyong ito na:

- maunawaan nang mas mabuti ang iyong mga pangangailangan sa pangangalagang pangkalusugan;
- malaman ang iyong kagustuhan sa wika kapag nagpapatingin sa mga provider ng pangangalagang pangkalusugan;
- magbigay ng impormasyon sa pangangalagang pangkalusugan para matugunan ang iyong mga pangangailangan sa pangangalaga; at
- magbigay ng mga programa para tulungan kang maging nasa pinakamagandang kalusugan.

Hindi ginagamit ang impormasyong ito para sa mga layunin ng pag-underwrite o para gumawa ng mga desisyon tungkol sa kung makakatanggap ka ng pagsaklaw o mga serbisyo.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

- **Mga Paghahayag ng Planong Pangkalusugan ng Grupo/Sponsor ng Plano** - Maaari naming ihayag ang iyong pinoprotektahang impormasyon ukol sa kalusugan sa isang sponsor ng planong pangkalusugan ng grupo, tulad ng isang employer o iba pang entity na nagbibigay ng programa sa pangangalagang pangkalusugan sa iyo, kung sumang-ayon ang sponsor sa ilang partikular na paghihigpit tungkol sa kung paano nito gagamitin o ihahayag ang pinoprotektahang impormasyon ukol sa kalusugan (tulad ng pagsang-ayong hindi gagamitin ang pinoprotektahang impormasyon ukol sa kalusugan para sa mga pagkilos o desisyon na may kaugnayan sa trabaho).

Iba Pang Pinahihintulutan o Ipinag-aatas na Pagsisiwalat ng Iyong PHI:

- **Mga Fundraising na Aktibidad** - Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI para sa mga fundraising na aktibidad, gaya ng paglikom ng pera para sa mapagkawangawang foundation o katulad na entity para makatulong na pondohan ang kanilang mga aktibidad. Kung kakaugnayin ka namin para sa mga fundraising activity, bibigyan ka namin ng oportunidad na mag-opt out o hindi na makatanggap ng mga ganitong komunikasyon sa hinaharap.
- **Mga Layunin ng Pag-underwrite** - Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI para sa mga layunin ng pag-underwrite, tulad ng pagpapasya tungkol sa isang paglalapat o kahilingan para sa coverage. Kung gagamitin o ihahayag nga namin ang iyong PHI para sa mga layunin ng pag-underwrite, pinagbabawalan kaming gamitin o ihayag ang iyong PHI na impormasyong henetiko sa proseso ng pag-underwrite.
- **Mga Paalala tungkol sa Appointment/Mga Alternatibo sa Paggamot** - Maaari naming gamitin at ihayag ang iyong PHI para paalalahanan ka tungkol sa isang appointment para sa paggamot at medikal na pangangalaga sa amin, o para bigyan ka ng impormasyon kaugnay ng mga alternatibo sa paggamot o iba pang benepisyo at serbisyong may kaugnayan sa kalusugan, gaya ng impormasyon kung paano tumigil sa paninigarilyo o magbawas ng timbang.
- **Ayon sa Iniaatas ng Batas** - Kung iniaatas ng pederal, pang-estado, at/o lokal na batas ang paggamit o pagsisiwalat ng iyong PHI, maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI hangga't sumusunod sa naturang batas at limitado sa mga iniaatas ng naturang batas ang paggamit o pagsisiwalat. Kung magkasalungat ang dalawa o mahigit pang batas o regulasyong sumasaklaw sa parehong paggamit o paghahayag, susunod kami sa mas mahihigpit na batas o regulasyon.
- **Mga Aktibidad kaugnay ng Pamublikong Kalusugan** - Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa isang awtoridad ng pampublikong kalusugan para sa layunin ng pagpigil o pagkontrol sa sakit, pinsala, o kapansanan. Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa Food and Drug Administration (FDA) para tiyakin ang kalidad, kaligtasan o pagiging epektibo ng mga produkto o serbisyong nasa ilalim ng hurisdiksiyon ng FDA.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

- **Mga Biktima ng Pang-aabuso at Kapabayaang** - Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa awtoridad ng lokal, estado, o pederal na pamahalaan, kabilang ang mga ahensiya ng mga serbisyong panlipunan o ng mga serbisyong nagpoprotekta na pinahintulutan ng batas na tumanggap ng mga naturang ulat kung mayroon kaming makatwirang paniniwala na nagkaroon ng pang-aabuso, kapabayaang o karahasan sa tahanan.
- **Mga Panghukuman at Pang-administratibong Paglilitis** - Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa mga panghukuman at pang-administratibong paglilitis. Maaari din namin itong ihayag bilang tugon sa sumusunod:
 - utos ng hukuman;
 - pang-administratibong tribunal;
 - subpena;
 - mga summon;
 - warrant;
 - paghiling ng impormasyon; o
 - katulad na legal na kahilingan.

- **Pagpapatupad ng Batas** - Maaari naming ihayag ang iyong nauugnay na PHI sa tagapagpatupad ng batas kapag hiniling sa aming gawin ito. Halimbawa, bilang tugon sa:
 - utos ng hukuman;
 - warrant na iniutos ng hukuman;
 - subpena;
 - mga summon na ibinigay ng opisyal na panghukuman; o
 - subpena ng grand jury.

Maaari din naming ihayag ang iyong nauugnay na PHI para sa kilalanin o hanapin ang suspek, pugante, material witness o nawawalang tao.

- **Mga Rekord ng Sakit dahil sa Paggamit ng Droga o Pag-inom ng Alak (SUD)** - Hindi namin isisiwalat ang iyong mga rekord ng SUD sa mga legal na paglilitis na laban sa iyo maliban kung:
 - Matatanggap namin ang iyong nakasulat na pahintulot, o
 - Makakatanggap kami ng utos ng hukuman, sinabi sa iyo ang tungkol sa kahilingan at binigyan ng tiyansang dinggin. Dapat kasama sa utos ng hukuman ang subpena o katulad na legal na dokumento na nangangailangan ng tugon.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

- **Mga Coroner, Tagasuring Medikal at Direktor ng Punerarya** - Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa isang coroner o tagasuring medikal. Maaaring kailanganin ito, halimbawa, para tukuyin ang sanhi ng kamatayan. Maaari din naming ihayag ang iyong PHI sa mga direktor ng punerarya, kung kinakailangan, upang maisakatuparan nila ang kanilang mga tungkulin.
- **Donation ng Organ, Mata at Tissue** - Posibleng ihayag namin ang iyong PHI sa mga organisasyon sa pagkuha ng organ. Maaari rin naming ihayag ang iyong PHI sa mga nagtatrabaho sa pagkuha, pagtatabi o pag-transplant ng:
 - mga organ ng patay;
 - mga mata; at
 - mga tissue.
- **Mga Banta sa Kalusugan at Kaligtasan** - Maaari naming gamitin o ihayag ang iyong PHI kung naniniwala kami, nang may mabuting hangarin, na ang paggamit o pagsisiwalat ay kinakailangan para pigilan o pahupain ang isang seryoso o napipintong banta sa kalusugan o kaligtasan ng isang tao o ng publiko.
- **Mga Espesyalisadong Tungkulin ng Gobyerno** - Kung isa kang miyembro ng Hukbong Sandatahan ng U.S., maaari naming ihayag ang iyong PHI kapag iniatas ito ng mga awtoridad ng military command. Maaari rin naming ihayag ang iyong PHI:
 - sa mga awtorisadong pederal na opisyal para sa mga aktibidad para sa seguridad ng bansa at mga aktibidad ng intelligence;
 - sa Departamento ng Estado para sa pagpapasya sa medikal na kaangkupan;
 - at para sa mga serbisyong nagpoprotekta sa Pangulo o sa iba pang awtorisadong tao.
- **Bayad-Pinsala sa Manggagawa** - Maaari naming ihayag ang iyong PHI upang sumunod sa mga batas kaugnay ng bayad-pinsala sa manggagawa o iba pang katulad na programa, na pinapairal ng batas, na nagbibigay ng mga benepisyo para sa mga pinsala o sakit na may kaugnayan sa trabaho nang walang pagsasaalang-alang sa kung sino ang may kasalanan.
- **Mga Sitwasyong Pang-emergency** - Maaari naming ihayag ang iyong PHI sa isang sitwasyong pang-emergency, o kung wala kang kakayahan o wala ka, sa isang miyembro ng pamilya, malapit na personal na kaibigan, awtorisadong ahensya ng tulong sa sakuna, o sinupamang tao na dati mo nang tinukoy. Gagamit kami ng propesyonal na pagpapasya at karanasan para tukuyin kung makakabuti sa iyong kapakanan ang paghahayag. Kung ang pagsisiwalat ay makakabuti sa iyong kapakanan, ihahayag namin ang PHI na direktang may kaugnayan sa pagkakasangkot ng taong iyon sa iyong pangangalaga.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

- **Mga Bilanggo** - Kung isa kang bilanggo ng isang correctional institution o nasa ilalim ng kustodiya ng opisyal sa tagapagpatupad ng batas, maaari naming ibigay ang iyong PHI sa correctional institution o opisyal ng tagapagpatupad ng batas na iyon, kung saan mahalaga ang naturang impormasyon para mabigyan ka ng institusyon ng pangangalagang pangkalusugan, para protektahan ang iyong kalusugan o kaligtasan, o ang kalusugan o kaligtasan ng iba, o para sa kaligtasan at seguridad ng correctional institution.
- **Pananaliksik** - Sa ilalim ng ilang partikular na sitwasyon, maaari naming ihayag ang iyong PHI sa mga mananaliksik kapag naaprubahan ang kanilang klinikal na pananaliksik na pag-aaral, at kung may mga partikular na proteksyon para tiyakin ang pagkapribado at proteksyon ng iyong PHI.

Mga Paggamit at Paghahayag ng Iyong PHI na Mangangailangan ng Iyong Nakasulat na Pahintulot

Inaatasan kaming humingi ng iyong nakasulat na pahintulot para gamitin o ihayag ang iyong PHI, nang may mga limitadong pagbubukod, para sa mga sumusunod na dahilan:

Pagbebenta ng PHI - Hihingiin namin ang iyong nakasulat na pahintulot bago kami magsagawa ng anumang paghahayag na itinuturing bilang pagbebenta ng iyong PHI, na nangangahulugang may natatanggap kaming kabayaran sa paghahayag ng PHI sa ganitong paraan.

Marketing - Hihingin namin ang iyong nakasulat na pahintulot para gamitin o ihayag ang iyong PHI para sa mga layuning pang-marketing nang mayroong mga limitadong pagbubukod, gaya ng kapag mayroon kaming mga harapang pakikipag-ugnayan sa iyo para sa marketing, o kapag nagbibigay kami ng mga pampromosyong regalang may napakaliit na halaga.

Mga Tala ng Psychotherapy - Hihingin namin ang iyong nakasulat na pahintulot para gamitin o ihayag ang alinman sa iyong mga tala ng psychotherapy na maaaring nasa file namin nang may limitadong pagbubukod, tulad ng para sa ilang partikular na paggamot, pagbabayad, o paggana ng pagpapatakbo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan.

Hindi Pinapayagang Paggamit ng PHI - Hindi namin gagamitin ang impormasyon tungkol sa iyong wika, lahi, etnikong pinanggalingan, sekswal na oryentasyon, kinikilalang kasarian, at mga pangangailangan sa lipunan para tanggihan ang coverage, serbisyo, benepisyo, o para sa mga layunin ng pag-underwrite.

Mga Karapatan ng Indibiduwal

Ang mga sumusunod ay ang mga karapatan mo kaugnay ng iyong PHI. Kung nais mong gamitin ang alinman sa mga sumusunod na karapatan, mangyaring makipag-ugnayan sa amin gamit ang impormasyon sa dulo ng Abisong ito.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Ang mga hinihiling sa kawalan ng diskriminasyon ng Estado ng California (gaya ng inilalarawan sa mga dokumento ng coverage ng benepisyo) Health Net of California, Inc., at Health Net Life Insurance Company (Health Net, LLC.) ay sumusunod sa naaangkop na mga pederal na batas sa mga karapatang sibil at hindi nandidiskrimina, nagbubukod ng mga tao, o tinatrato sila nang iba batay sa kasarian, lahi, kulay, bansang pinagmulan, ninuno, relihiyon, marital status, kasarian, kinikilalang kasarian, pangangalaga sa partikular na kasarian, sekswal na oryentasyon, edad, kapansanan sa isip o katawan, pagkakakilanlan ng grupo ng etniko o medikal na impormasyon ng genes.

- **Karapatang Bawiin ang Isang Pahintulot** - Maaari mong bawiin ang iyong pahintulot anumang oras; dapat nakasulat ang pagbawi ng iyong pahintulot. Kaagad na magkakaroon ng bisa ang pagbawi, maliban sa nakapagsagawa na kami ng mga pagkilos nang nakadepende sa pahintulot at bago pa man namin natanggap ang iyong nakasulat na pagbawi.
- **Karapatang Humiling ng mga Paghihigpit** - May karapatan kang humiling ng mga paghihigpit sa paggamit at pagsisiwalat ng iyong PHI para sa paggamot, pagbabayad, mga pagpapatakbo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, gayundin sa mga pagsisiwalat sa mga taong nauugnay sa iyong pangangalaga o sa pagbabayad ng iyong pangangalaga, gaya ng mga miyembro ng pamilya o malalapit na kaibigan. Dapat mong ipahayag sa iyong kahilingan ang mga paghihigpit na hinihiling mo at sabihin kung kanino ilalapat ang paghihigpit. Hindi kami kailangang sumang-ayon sa kahilingang ito. Kung sasang-ayon kami, susunod kami sa iyong kahilingan sa paghihigpit maliban kung kinakailangan ang impormasyon para bigyan ka ng pang-emergency na paggamot. Gayunpaman, lilimitahan namin ang paggamit o paghahayag ng iyong PHI para sa pagbabayad o pagpapatakbo ng pangangalagang pangkalusugan sa isang planong pangkalusugan kapag nabayaran mo na nang buo ang serbisyo o item nang mula sa sariling bulsa.
- **Karapatang Humiling ng mga Kumpidensiyal na Pakikipag-ugnayan** - Mayroon kang karapatang humiling na makipag-ugnayan kami sa iyo tungkol sa iyong PHI sa pamamagitan ng mga alternatibong paraan o sa mga alternatibong lugar. Dapat naming paunlakan ang iyong kahilingan kung makatuwiran ito at tinutukoy nito ang mga alternatibong paraan o lokasyon kung saan dapat ipadala ang iyong PHI. Isasagawa ang isang kahilingan sa kumpidensiyal na mga komunikasyon ng isang insurer ng kalusugan sa loob ng 7 araw sa kalendaryo mula sa pagtanggap ng elektronikong pagpapadala o kahilingan sa telepono o sa loob ng 14 na araw sa kalendaryo mula sa pagtanggap ng first-class mail. Hindi namin dapat ihayag ang mga impormasyong medikal kaugnay ng mga sensitibong serbisyon ibinigay sa isang protektadong indibidwal sa Grupo, Subscriber, o sa sinumang naka-enroll sa plano maliban sa protektadong indibidwal na



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

tumatanggap ng pangangalaga, nang walang malinaw na nakasulat na pahintulot ng protektadong indibidwal na tumatanggap ng pangangalaga. Sumangguni sa numero ng telepono ng serbisyo sa customer sa likod ng iyong kard ng pagkakakilanlan ng miyembro o sa website ng plano para sa mga tagubilin kung paano humiling ng kumpidensyal na komunikasyon.

- ***Karapatang Ma-access ang at Matanggap ang Kopya ng iyong PHI*** - May karapatan kang tingnan ang o makakuha ng mga kopya ng iyong PHI na makikita sa isang nakatalagang set ng talaan, nang may mga limitadong eksepsyon. Maaari mong hilinging magbigay kami ng mga kopya sa isang format bukod sa mga photocopy. Gagamitin namin ang format na iyong hihilingin maliban kung hindi talaga namin ito kayang gawin. Kailangan mong magsagawa ng kahilingan sa pamamagitan ng pagsulat para magkaroon ng access sa iyong PHI. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, bibigyan ka namin ng nakasulat na paliwanag at sasabihin namin sa iyo kung ang mga dahilan ng pagtanggap ay maaaring suriin at kung paano hihilingin ang naturang pagsusuri o kung hindi na maaaring suriin ang pagtanggap.
- ***Karapatang Amyendahin ang iyong PHI*** - Mayroon kang karapatang hilingin na amyendahin, o baguhin, ang iyong PHI kung naniniwala kang naglalaman ito ng maling impormasyon. Dapat nakasulat ang iyong kahilingan, at dapat ipaliwanag nito kung bakit kailangang amyendahin ang impormasyon. Maaari naming tanggihan ang iyong kahilingan sa ilang partikular na dahilan, halimbawa, kapag hindi kami ang gumawa ng impormasyon, na gusto mong baguhin at ang gumawa ng PHI ay magagawa ang pagbabago. Kung tatanggihan namin ang iyong kahilingan, bibigyan ka namin ng nakasulat na paliwanag. Maaari kang sumagot sa isang pahayag na hindi ka sumasang-ayon sa aming desishon, at ilalakip namin ang iyong pahayag sa PHI na hinihiling mong baguhin namin. Kung tatanggapin namin ang iyong kahilingang susugan ang impormasyon, magsasagawa kami ng mga makatuwirang pagsisikap upang abisuhan ang ibang tao, kabilang ang mga taong pinangalanan mo, tungkol sa pagsususog, at isama ang mga pagbabago sa anumang pagsisiwalat ng impormasyong iyon sa hinaharap.
- ***Karapatang Makatanggap ng Paglilista ng mga Paghahayag*** - Mayroon kang karapatang makatanggap ng listahan ng mga pagkakataon sa loob ng nakalipas na 6 na taon kung saan inihayag namin o ng aming mga kasama sa negosyo ang iyong PHI. Hindi ito naaangkop sa paghahayag para sa mga layunin ng paggamot, pagbabayad, pagpapatakbo ng mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, o mga paghahayag na iyong pinahintulutan, at iba pang partikular na aktibidad. Kung hihilingin mo ang paglilista na ito nang mahigit sa isang beses sa loob ng 12 buwan, maaari ka naming singilin nang makatwirang singil na batay sa halaga para sa pagtugon sa mga karagdagang kahilingang ito. Bibigyan ka namin ng higit pang impormasyon tungkol sa aming mga singil kapag humiling ka.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

- **Karapatang Maghain ng Reklamo** - Kung sa palagay mo ay nalabag ang iyong mga karapatan sa pagkapribado o nilabag namin ang mga sarili naming gawi sa pagkapribado, maaari kang maghain ng reklamo sa amin sa pamamagitan ng pagsulat o sa pamamagitan ng telepono gamit ang impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng Abisong ito. Para sa mga reklamo ng mga miyembro ng Medi-Cal, maaari ding makipag-ugnayan ang mga miyembro sa Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California na nakalista sa susunod na seksyon.

Maaari ka ring magsampa ng reklamo sa Kalihim ng Kagawaran ng mga Serbisyong Pangkalusugan at Pantao Tanggapan para sa mga Karapatang Sibil sa pamamagitan ng pagpapadala ng sulat sa 200 Independence Avenue, S.W., Washington, D.C. 20201 o pagtawag sa 1-800-368-1019, (TTY: 1-866-788-4989), o pagpunta sa visiting www.hhs.gov/ocr/privacy/hipaa/complaints.

HINDI KAMI GAGAWA NG ANUMANG AKSYON LABAN SA IYO PARA SA PAGHAHAIN NG REKLAMO.

- **Karapatang Makatanggap ng Kopya ng Abisong ito** - Maaari kang humiling ng kopya ng aming Abiso anumang oras sa pamamagitan ng paggamit sa listahan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayan sa dulo ng Abisong ito. Kung natanggap mo ang Abisong ito sa aming web site o sa pamamagitan ng electronic mail (e-mail), may karapatan ka ring humiling ng papel na kopya ng Abiso.

Impormasyon sa Pakikipag-ugnayan

Kung may anumang tanong ka tungkol sa Abisong ito, sa aming mga gawi sa privacy kaugnay ng iyong PHI o kung paano gagamitin ang iyong mga karapatan, maaari kang magkipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng pagsulat o telepono sa pamamagitan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayang nakalista sa ibaba.

Health Net Privacy Office

Attn: Privacy Official

P.O. Box 9103

Van Nuys, CA 91409

Telepono: 1-800-522-0088

Fax: 1-833-887-0151

Email: Privacy@healthnet.com



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Para sa mga miyembro lang ng Medi-Cal, kung naniniwala kang hindi namin naprotektahan ang iyong pagkapribado at nais mong magreklamo, maaari kang maghain ng reklamo sa pamamagitan ng pagtawag o pagsulat sa:

Privacy Officer
DHCS Privacy Officer
1501 Capitol Avenue, MS 0010
Sacramento, CA 95899-95899
Telepono: 1-866 866-0602 o TTY: 711
Email: privacyofficer@dhcs.ca.gov

ABISO SA PRIVACY NG IMPORMASYON NG PANANALAPI

INILALARAWAN NG ABISONG ITO KUNG PAANONG MAAARING GAMITIN AT IHAYAG ANG **IMPORMASYON NG PANANALAPI** TUNGKOL SA IYO AT KUNG PAANO KA MAGKAKARON NG ACCESS SA IMPORMASYONG ITO. MANGYARING BASAHIN ITONG MABUTI.

Nangangako kami sa pagpapanatili ng pagiging kumpidensiyal ng iyong personal na impormasyon ng pananalapi. Para sa mga layunin ng abisong ito, ang “personal na impormasyon ng pananalapi” ay nangangahulugang impormasyon tungkol sa isang naka-enroll o aplikante para sa coverage ng pangangalagang pangkalusugan na tumutukoy sa indibidwal, na karaniwang hindi available sa publiko, at kinokolekta mula sa indibidwal o nakukuha kaugnay ng pagbibigay ng coverage sa pangangalagang pangkalusugan sa indibidwal.

Impormasyon na Kinokolekta Namin: Kumukuha kami ng personal na impormasyon ng pananalapi tungkol sa iyo sa mga sumusunod na pinagkukunan:

- mga application o iba pang mga form, tulad ng pangalan, address, edad, medikal na impormasyon, at numero ng Social Security na natanggap namin mula sa iyo;
- iyong mga transaksyon sa amin, sa aming mga affiliate o iba pa, tulad ng pagbabayad ng premium at mga nakaraang claim; at
- mga consumer report.

Paghahayag ng Impormasyon: Hindi kami naghahayag ng personal na impormasyon ng pananalapi tungkol sa mga naka-enroll sa amin o dating mga naka-enroll sa anumang third party, maliban kung hinihiling o pinahihintulutan ng batas. Halimbawa, sa proseso ng aming mga pangkalahatang gawi ng pagnenegosyo, maaari naming, kapag pinahintulutan ng batas, ihayag ang alinman sa personal na impormasyon ng pananalapi na nakuha namin tungkol sa iyo, nang walang pahintulot mo, sa mga sumusunod na uri ng institusyon:

- Sa aming mga affiliate na kumpanya, tulad ng iba pang insurer;
- Sa mga hindi affiliate na kumpanya para sa aming mga pang-araw-araw na layuning pangnegosyo, tulad ng pagpoproseso ng iyong mga transaksyon, pagpapanatili ng iyong (mga) account, o pagtugon sa mga utos ng hukuman at mga legal na imbestigasyon; at



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

- Sa mga hindi affiliate na kumpanyang nagsasagawa ng mga serbisyo para sa amin, kabilang ang pagpapadala ng mga pakikipag-ugnayang pampromosyon sa aming ngalan.

Pagiging Kumpidensyal at Seguridad: Nagpapanatili kami ng mga pisikal, elektroniko, at ayon sa pamamaraan na mga proteksyon, alinsunod sa mga naaangkop na pamantayan ng estado at pederal, protektahan ang iyong personal na impormasyon ng pananalapi laban sa mga panganib tulad ng pagkawala, pagkasira, o maling paggamit. Kabilang sa mga hakbang na ito ang mga proteksyon sa computer, naka-secure na file at gusali, at mga paghihigpit sa kung sino ang maaaring mag-access ng iyong personal na impormasyon ng pananalapi.

Mga Tanong tungkol sa Abisong ito:

Kung may anumang tanong ka tungkol sa Abisong ito, sa aming mga gawi sa privacy kaugnay ng iyong PHI o kung paano gagamitin ang iyong mga karapatan, maaari kang magkipag-ugnayan sa amin sa pamamagitan ng pagsulat o telepono sa pamamagitan ng impormasyon sa pakikipag-ugnayang nakalista sa ibaba.

Health Net, LLC
Attn: Privacy Official
21281 Burbank Blvd.
Woodland Hills, CA 91367

Mangyaring tawagan ang walang bayad na numero ng telepono sa likod ng iyong ID card o makipag-ugnayan sa Health Net sa 1-800-675-6110 (TTY 711).

*Naaangkop ang Abiso ng Mga Kasanayan sa Pagkapribado na ito sa mga naka-enroll sa alinman sa mga sumusunod na entity ng Health Net: Health Net of California, Inc., Health Net Community Solutions, Inc., at Health Net Life Insurance Company, na mga subsidiary ng Health Net, LLC at Centene Corporation. Ang Health Net ay rehistradong marka ng serbisyo ng Health Net, LLC. Ang lahat ng iba pang tinukoy na trademark/marka ng serbisyo ay mananatiling pag-aari ng kani-kanilang kompanya. Nakalaan ang lahat ng karapatan. Binago noong 10/16/2025

Abiso tungkol sa mga batas

Maraming batas ang naaangkop sa Handbook ng Miyembro na ito. Maaaring maapektuhan ng mga batas na ito ang iyong mga karapatan at responsibilidad kahit na hindi isinama o ipinaliwanag ang mga batas sa handbook na ito. Ang mga pangunahing batas na naaangkop sa handbook na ito ay mga pang-estado at pederal na batas tungkol sa programa ng Medi-Cal. Maaari ding malapat ang iba pang pederal at pang-estadong batas.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Abiso tungkol sa pagiging huling tagabayad ng Medi-Cal, iba pang coverage sa kalusugan at tort recovery

Sumusunod ang programa ng Medi-Cal sa mga pang-estado at pederal na batas at regulasyong nauugnay sa legal na pananagutan ng mga ikatlong partido sa mga miyembro para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Gagawin ng Health Net ang lahat ng makatuwirang hakbang upang tiyaking na ang programang Medi-Cal ang tagapagbayad kapag wala nang ibang maaaring magbayad.

Ang mga miyembro ng Medi-Cal ay maaaring magkaroon ng iba pang coverage sa kalusugan (OHC), na tinatawag ding pribadong insurance sa kalusugan. Ang mga miyembrong may OHC ay dapat gamitin ang kanilang OHC para sa mga sakop na serbisyo bago gamitin ang mga benepisyo nila sa Medi-Cal. Bilang kondisyon sa pagiging kwalipikado sa Medi-Cal, dapat ay mag-apply ka at/o panatilihin mo ang alinmang available na OHC kapag available ito nang wala kang babayaran.

Iniaatas ng mga pederal at pang-estadong batas sa mga miyembro ng Medi-Cal na mag-ulat ng OHC at anumang pagbabago sa kasalukuyang OHC. Posibleng kailanganin mong bayaran ang DHCS para sa anumang benepisyo na maling nabayaran kung hindi mo iuulat kaagad ang OHC. Isumite ang iyong OHC online sa <http://dhcs.ca.gov/OHC>.

Kung wala kang access sa internet, maaari kang mag-ulat ng OHC sa Health Net sa pamamagitan ng pagtawag sa 1-800-675-6110 (TTY 711). O maaari mong tawagan ang OHC Processing Center ng DHCS sa 1-800-541-5555 (TTY 1-800-430-7077 o 711) o 1-916-636-1980.

Ang sumusunod ay hindi kumpletong listahan ng insurance na **hindi** itinuturing na OHC:

- Coverage sa personal na pinsala at/o medikal na pagbabayad sa ilalim ng insurance sa sasakyan. Tandaan: Basahin ang mga kinakailangan sa abiso para sa personal na pinsala at mga programa ng kabayaran sa mga manggagawa na nasa ibaba.
- Life insurance
- Kabayaran sa mga manggagawa
- Insurance ng may-ari ng bahay
- Umbrella insurance
- Insurance para sa aksidente
- Insurance sa pamalit sa kita (halimbawa, Aflac)

Mayroong karapatan at responsibilidad ang DHCS na mabayaran para sa mga sakop na serbisyo ng Medi-Cal kung saan hindi ang Medi-Cal ang unang tagapagbayad. Halimbawa, kung napinsala ka sa isang aksidente sa sasakyan o sa trabaho, maaaring kailanganin



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

munang magbayad ng insurance ng sasakyan o ng insurance sa kabayaran sa mga manggagawa para sa iyong pangangalagang pangkalusugan, o bayaran ang Medi-Cal kung binayaran ng Medi-Cal ang mga serbisyo.

Kung napinsala ka, at may ibang partidong may pananagutan sa iyong pinsala, dapat abisuhan mo o ng legal na kinatawan mo ang DHCS sa loob ng 30 araw pagkatapos maghain ng legal na aksyon o claim. Isumite ang iyong abiso online sa:

- Personal Injury Program sa <https://dhcs.ca.gov/PIForms>
- Workers' Compensation Recovery program sa <https://dhcs.ca.gov/WC>

Para alamin pa, bisitahin ang website ng DHCS Third Party Liability and Recovery Division sa <https://dhcs.ca.gov/tplrd> o tumawag sa 1-916-445-9891.

Abiso tungkol sa pagbawi ng ari-arian

Ang programa ng Medi-Cal ay maghahanap ng bayad mula sa probated na mga estate ng pumanaw na miyembro para sa mga benepisyo ng Medi-Cal na natanggap sa panahon ng o pagkatapos ng ika-55 kaarawan. Kabilang sa pagbabayad ang mga premium sa May Bayad na Serbisyo at pinamamahalaang pangangalaga at capitation na mga pagbabayad sa mga serbisyo ng nursing facility, mga serbisyo sa bahay at komunidad, at mga kaugnay na serbisyo sa ospital o inireresetang gamot na natanggap noong inpatient sa isang nursing facility ang pasyente o tumatanggap ng mga serbisyo sa bahay o komunidad. Hindi pwedeng lumagpas ang pagbabayad sa halaga ng probated na estate ng miyembro.

Para alamin pa, pumunta sa website sa DHCS Estate Recovery program sa <https://dhcs.ca.gov/er> o tumawag sa 1-916-650-0590.

Abiso ng Pagkilos

Padadalhan ka ng Health Net ng sulat na Abiso ng Pagkilos (NOA) anumang oras na tanggihan, iantala, tapusin, o baguhin ng Health Net ang isang kahilingan para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan. Kung hindi ka sasang-ayon sa desisyon ng Health Net, makakapaghain ka ng apela sa Health Net. Pumunta sa seksyong “Mga Apela” sa Kabanata 6 ng handbook na ito para sa mahalagang impormasyon tungkol sa paghahain ng iyong apela. Kapag magpapadala sa iyo ang Health Net ng NOA, sasabihin nito sa iyo ang lahat ng karapatang mayroon ka kung hindi ka sumasang-ayon sa pasyang ginawa namin.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga nilalaman ng mga abiso

Kung ibinabatay ng Health Net ang mga pagtanggap, pag-antala, pagtatapos, pagsuspende o pagbawas nang buo o nang ilang bahagi sa iyong mga serbisyo sa medikal na pangangailangan, dapat maglaman ng mga sumusunod ang iyong NOA:

- Isang pahayag ng nilalayong aksyon ng Health Net
- Isang malinaw at angkop na paliwanag ng mga dahilan para sa desisyon ng Health Net
- Paano nagdesisyon ang Health Net, kasama na ang mga patakaran na ginamit ng Health Net used
- Mga medikal na dahilan para sa desisyon. Dapat malinaw na sasabihin ng Health Net kung paano hindi natutugunan ng kondisyon mo ang mga panuntunan o alituntunin.

Mga Pagsasalin-wika

Kinakailangan ng Health Net na isalin nang buo at magbigay ng nakasulat na impormasyon ng miyembro sa karaniwang piniling wika, kabilang ang lahat ng abiso sa karaingan at apela.

Ang abisong ganap na isinalin-wika ay dapat mayroong medikal na dahilan para sa desisyon ng pagtanggap, pag-antala, pagbabago, pagtapos, pagsuspende, o pagbawas ng kahilingan sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan ng Health Net.

Kung hindi available pagsasalin-wika sa iyong mas gustong wika, kinakailangan ang Health Net na magbigay ng berbal na tulong sa iyong mas gustong wika para maunawaan mo ang nakuha mong impormasyon.

Pananagutan ng ikatlong partido

Hindi susubukan ng Health Net na kunin ang mga pondo para sa mga sakop na serbisyong binayaran sa miyembro kung ang pagkuha ay kinabibilangan ng ikatlong partido. Halimbawa, pangangalagang pangkalusugan para sa mga pinsala sa trabaho o pera ng insurance na ibinayad para sa aksidente sa sasakyan. Ngunit sasabihin ng Health Net sa DHCS at tutulungan silang makuha ang mga pondo. Ang mga miyembro ay inaasahang tulungan ang Health Net at ang DHCS sa mga nasabing sitwasyon.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Mga independent contractor

Hindi provider ng pangangalagang pangkalusugan ang Health Net. Ang doktor mo, halimbawa, ay isang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Nakikipagkontrata ang Health Net sa mga doktor, ospital, at iba pang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Hindi nagtatrabaho para sa Health Net ang mga provider na ito. Hindi nagtatrabaho ang Health Net at ang mga empleyado nito para sa sinumang provider ng pangangalagang pangkalusugan. Hindi pananagutan ng Health Net ang maling ginawa ng sinumang provider ng pangangalagang pangkalusugan.

Panloloko kaugnay ng plano ng pangangalagang pangkalusugan

Ang panloloko ng plano ng pangangalagang pangkalusugan sa panlilinlang o pagsisinungaling ng provider, miyembro, employer, o sinumang taong kumikilos sa kanilang ngalan. Ito ay isang seryosong krimen na maaaring usugin. Ang sinumang taong kusa at sadyang lumalahok sa aktibidad na naglalayong dayain ang plano ng pangangalagang pangkalusugan sa pamamagitan ng paghahain ng claim na naglalaman ng hindi totoo o mapanlinlang na pahayag ay nagkakasala ng panloloko kaugnay ng insurance.

Kung nababahala ka sa alinman sa mga pagbabagong makikita sa bayarin o form ng Paliwanag ng mga Benepisyo, o kung mayroon kang alam o pinaghihinalaan ang anumang ilegal na aktibidad, tawagan ang aming walang bayad na hotline sa panloloko sa 1-866-685-8664. Ang hotline sa panloloko ay bukas 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Mahigpit na pinananatiling kumpidensiyal ang lahat ng tawag.

Pagkaantala sa pangangalaga

Ang natural na sakuna o mga pang-emergency na sitwasyon na higit sa kontrol ng Health Net ay maaaring makaantala sa pangangalaga sa iyo. Susunod ang Health Net sa mga kinakailangan ng California para magbigay o magsaayos ng mga serbisyo at supply sa pangangalagang pangkalusugan sa mga dineklarang panahon ng emergency sa estado. Kung idineklara ang emergency sa estado kung saan ka nakatira, mangyaring tawagan ang Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY 711) para sa tulong. Kung nagkaroon ng emergency, pumunta sa pinakamalapit na doktor o ospital.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

8. Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

Mga mahalagang numero ng telepono

- Mga Serbisyo para sa Miyembro ng Health Net 1-800-675-6110 (TTY 711)
- Medi-Cal Rx sa 1-800-977-2273 (TTY 1-800-977-2273) at pindutin ang 7 o 711

Mga Serbisyo para sa May Kapansanan

- California Relay Service (CRS): TTY/TDD: 711
- Sprint 1-888-877-5379 (Voice)
- MCI 1-800-735-2922 (Voice)
- Impormasyon tungkol sa Americans Disabilities Act (ADA): 1-800-514-0301 (Voice); 1-800-514-0383 (TDD)

Mga Serbisyo sa mga Bata ng California (Programang CCS)

- Amador County: 1-209-223-6630
- Calaveras County: 1-209-754-6460
- Inyo County: 1-760-873-7868
- Los Angeles County: 1-800-288-4584
- Mono County: 1-760-924-1841
- Sacramento County: 1-916-875-9900
- San Joaquin County: 1-209-468-3900
- Stanislaus County: 1-209-558-7515
- Tulare County: 1-559-685-5800
- Tuolumne County: 1-209-533-7404

Programang para sa Kalusugan ng mga Bata at Pag-iwas sa Kapansanan (CHDP)

- Amador County: 1-209-223-6630
- Calaveras County: 1-209-754-6460



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

8 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

- Inyo County: 1-760-873-7868
- Los Angeles County: 1-800-993-2437
- Mono County: 1-760-924-1841
- Sacramento County: 1-916-875-7151
- San Joaquin County: 1-209-468-8335
- Stanislaus County: 1-209-558-8860
- Tulare County: 1-559-685-5800
- Tuolumne County: 1-209-533-7404

Mga Serbisyo ng Estado ng California

- Tanggapan ng Ombudsman ng DHCS: 1-888-452-8609
- Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan: 1-800-952-5253
- Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan (DMHC): 1-888-466-2219, 1-888-HMO-2219

Social Security Administration

- Supplemental Security Income (SSI): 1-800-772-1213, (TTY/TDD: 1-800-325-0778)

Amador County

- Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan: 1-209-223-6550
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip: -888-310-6555

Calaveras County

- Ahensya ng mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao: 1-209-754-6448
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip: 1-800-499-3030

Inyo County

- Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan: 1-760-872-1394
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Isip: 1-800-841-5011

Los Angeles County

- Departamento ng mga Pamublikong Serbisyong Panlipunan (DPSS)
- Central Help Line (kabilang ang mga serbisyo sa wika): 1-877-481-1044
- DPSS Customer Service Center: 1-866-613-3777; 1-310-258-7400
- Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip ng Los Angeles County: 1-800-854-7771

Mono County

- Departamento ng mga Serbisyong Panlipunan: 1-760-924-1770 (tanggapan ng South county); 1-760-932-5600 (tanggapan ng North county)
Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-iisip: 1-800-687-1101

Sacramento County

- Departamento ng Tulong sa Tao: 1-800-560-0976



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

8 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

- Departamento ng mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao (Kalusugan ng Pag-iisip): 1-888-881-4881

San Joaquin County

- Departamento ng Kalusugan ng Publiko: 1-209-468-3400
- Kalusugan ng Pag-uugali: 1-888-468-9370
- Ahensya ng mga Serbisyo para sa Tao: 1-209-468-1000

Stanislaus County

- Ahensya ng mga Serbisyo sa Komunidad: 1-877-652-0734
- Mga Serbisyo sa Kalusugan ng Pag-uugali at Paggaling: 1-888-376-6246

Tulare County

- Ahensya ng mga Serbisyo sa Kalusugan at Tao: 1-800-540-6880
- Departamento ng Kalusugan ng Pag-iisip: 1-800-320-1616

Tuolumne County

- Kalusugan ng Publiko: 1-209-533-7401
- Departamento ng Kalusugan ng Pag-uugali: 1-209-533-6245

Mga salitang dapat malaman

Aktibong pagle-labor: Ang panahon kung kailan nasa tatlong yugto ng panganganak ang isang buntis na miyembro at hindi siya ligtas na maililipat sa ibang ospital bago manganak o maaaring mapinsala ng paglilipat ang kalusugan at kaligtasan ng miyembro o sanggol na hindi pa naisisilang.

Malubha: Panandalian at biglaang medikal na kundisyon na nangangailangan ng mabilis na medikal na atensyon.

American Indian: Isang indibidwal na natutugunan ang kahulugan ng “Indian” ayon sa pederal na batas sa seksyon 438.14 ng 42 CFR, na tumutukoy sa isang tao bilang “Indian” kung natutugunan ng tao ang alinman sa mga sumusunod:

- Miyembro ng pederal na kinikilalang tribung Indian
- Naninirahan sa isang lungsod at natutugunan ang isa o higit pa sa mga sumusunod:
 - Miyembro ng isang tribu, banda, o iba pang organisadong grupo ng mga Indian, kabilang ang mga tribu, banda, o grupo na itinigil mula noong 1940 at ang mga kinikilala na ngayon o sa hinaharap ng estado kung saan sila naninirahan, o isang nagmula sa una o pangalawang antas ng angkan ng sinumang nasabing miyembro
 - Isang Eskimo o Aleut o iba pang Katutubo sa Alaska
 - Itinuturing ng Kalihim ng Interior na isang Indian para sa anumang layunin
- Itinutukoy na Indian sa ilalim ng mga regulasyon na inilabas ng Secretary of the Interior, o



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

8 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

- Itinuturing ng Kalihim ng Interior na isang Indian para sa anumang layunin
- Itinuturing ng Kalihim ng Mga Serbisyo para sa Kalusugan at Tao na isang Indian para sa mga layunin ng pagiging kuwalipikado para sa mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan para sa Indian, kabilang ang mga California Indian, Eskimo, Aleut, o iba pang Katutubo sa Alaska

Apela: Isang kahilingan ng miyembro sa Health Net na suriin at baguhin ang desisyong ginawa tungkol sa coverage para sa isang hiniling na serbisyo.

Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-uugali: May kasamang mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na kailangan ng espesyalidad (SMHS), mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na hindi kailangan ng espesyalidad (NSMHS), at sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak (SUD) para suportahan ang kapakanan ng pag-iisip at emosyon ng mga miyembro. Ibinibigay ang NSMHS sa pamamagitan ng planong pangkalusugan para sa mga miyembrong nakakaranas ng hindi malubha hanggang sa katamtamang mga kondisyon sa kalusugan ng pag-iisip. Ibinibigay ang SMHS sa pamamagitan ng mga Plano sa Kalusugan ng Pag-iisip (mga MHP) para sa mga miyembrong mayroong malubhang pagkabalda o mataas na panganib para sa nabawasang kakayahang makaganap dahil sa sakit sa kalusugan ng pag-iisip. Sinasakop ang mga pang-emergency na serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip, kabilang ang mga pag-assess at paggamot sa mga emergency. Nagbibigay din ang iyong county ng mga serbisyo para sa paggamit ng alak o droga, na tinatawag na mga serbisyo ng SUD.

Mga Benepisyo: Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan at gamot na sinasakop sa ilalim ng planong pangkalusugang ito.

Mga Serbisyo para sa mga Bata ng California (CCS): Isang programa ng Medi-Cal na nagbibigay ng mga serbisyo sa mga batang hanggang 21 taong gulang na may ilang partikular na kundisyon ng kalusugan, sakit, o hindi gumagaling na problema sa kalusugan.

Tagapamahala ng kaso: Mga rehistradong nars o social worker na makakatulong sa iyong maunawaan ang mga pangunahing problemang pangkalusugan at magsaayos ng pangangalaga sa mga provider ng miyembro.

Sertipikadong nurse midwife (CNM): Isang tao na lisensyado bilang rehistradong nurse at sertipikadong nurse midwife ng California Board of Registered Nursing. Ang isang sertipikadong nurse midwife ay pinahihintulatang pangasiwaan ang mga kaso ng normal na panganganak.

Chiropractor: Provider na gumagamot sa gulugod sa pamamagitan ng manual manipulation.

Hindi gumagaling na kondisyon: Sakit o iba pang medikal na problema na hindi ganap na magagamot o na lumulubha sa katagalan o dapat gamutin para hindi lumubha ang miyembro.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

8 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

Klinika: Pasilidad na maaaring piliin ng mga miyembro bilang provider ng pangunahing pangangalaga (PCP). Maaari itong maging Pederal na Kwalipikadong Health Center (FQHC), klinika sa komunidad, Panlalaiwang Klinikang Pangkalusugan sa Nayon (RHC), Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa mga Indian (IHCP) o iba pang pasilidad sa pangunahing pangangalaga.

Mga serbisyo sa komunidad para sa nasa hustong gulang (CBAS): Outpatient na mga serbisyo ng pasilidad para sa sanay na pag-aalaga, mga serbisyong panlipunan, mga therapy, personal na pangangalaga, pagsasanay at suporta ng caregiver at pamilya, mga serbisyo para a nutrisyon, transportasyon, at iba pang mga serbisyo para sa mga miyembro na kwalipikado.

Mga Suporta sa Komunidad: Ang Mga Suporta sa Komunidad ay mga serbisyo na tumutulong na mapabuti ang kabuuang kalusugan ng mga miyembro. Nagbibigay ang mga ito ng mga serbisyo para sa mga panlipunang pangangailangan na may kaugnayan sa kalusugan tulad ng pabahay, mga pagkain, at personal na pangangalaga. Tumutulong ang mga ito sa mga miyembro sa komunidad, na nakatuon sa pagsusulong ng kalusugan, katatagan, at kalayaan.

Reklamo: Berbal o nakasulat na pagpapahayag ng kawalan ng kasiyahan ng miyembro tungkol sa serbisyo, na maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Kalidad ng pangangalaga o mga serbisyong ibinigay;
- Mga interaksyon sa provider o empleyado;
- Ang karapatan ng miyembro na i-dispute ang pagpapalawig ng panahon na iminungkahi ng Health Net, programa sa kalusugan ng pag-iisip ng county o para sa sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak, o ng provider ng Medi-Cal.

Ang reklamo ay kapareho ng karaingan.

Pagpapatuloy ng pangangalaga: Ang kakayahan ng miyembro ng plano na patuloy na makakuha ng mga serbisyo ng Medi-Cal mula sa kanilang umiiral na provider na wala sa network ng hanggang 12 buwan kung papayag ang provider at Health Net.

Listahan ng mga Gamot ayon sa Kontrata (CDL): Ang aprubadong listahan ng gamot para sa Medi-Cal Rx kung saan ang provider ay maaaring mag-order ng mga sakop na gamot na kailangan ng miyembro.

Pangangasiwa ng mga Benepisyo (COB): Ang proseso ng pagtukoy sa coverage ng insurance (Medi-Cal, Medicare, komersyal na insurance, o iba pa) ay mayroong pangunahing paggamot at mga responsibilidad sa pagbabayad para sa mga miyembro na mayroong mahigit sa isang uri ng coverage sa insurance sa kalusugan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

8 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

Copayment (co-pay): Bayad na ginagawa ng miyembro, karaniwan sa oras ng serbisyo, bilang karagdagan sa pagbabayad ng Health Net.

Organisadong Sistema sa Kalusugan ng County (COHS): Lokal na ahensyang ginawa ng board of supervisors ng county upang makipagkontrata sa programa ng Medi-Cal. Awtomatikong ie-enroll ang miyembro sa plano ng COHS kung natutugunan niya ang mga panuntunan sa pag-enroll. Pipiliin ng mga naka-enroll na miyembro ang kanilang provider ng pangangalagang pangkalusugan mula sa lahat ng provider ng COHS.

Mga Sakop na Serbisyo: Mga serbisyo ng Medi-Cal kung saan responsable sa pagbabayad ang Health Net. Ang mga sakop na serbisyo ay napapailalim sa mga tuntunin, kondisyon, limitasyon, at mga hindi kasama sa kontrata ng Medi-Cal, anumang pagbabago sa kontrata, at gaya ng nakalista sa Handbook ng Miyembro na ito (kilala rin bilang Pinagsamang Katunayan ng Coverage (EOC) at Form ng Pagsisiwalat).

DHCS: Ang Departamento ng mga Serbisyo sa Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na namamahala sa programang Medi-Cal.

Pag-alis sa pagkaka-enroll: Paghinto sa paggamit ng planong pangkalusugan dahil hindi na kwalipikado ang miyembro o lilipat sa bagong planong pangkalusugan. Dapat pirmahan ng miyembro ang isang form na nagsasaad na hindi na niya gustong gamitin ang planong pangkalusugan o dapat niyang tawagan ang Health Care Options at umalis sa pagkaka-enroll sa pamamagitan ng telepono.

DMHC: Ang Departamento ng Pinamamahalaang Pangangalagang Pangkalusugan ng California. Ito ang tanggapan ng Estado na nangangasiwa sa mga pinapamahalaang pangangalaga sa planong pangkalusugan.

Mga serbisyo ng Doula: Ang mga serbisyo ng Doula ay kinabibilangan ng edukasyong pangkalusugan, adbokasiya, at pisikal, emosyonal at hindi medikal na suporta. Maaaring makakuha ng mga serbisyo ng doula ang mga miyembro bago, sa panahon ng at pagkatapos manganak o pagkatapos ng pagbubuntis, kabilang ang postpartum na panahon. Ibinibigay ang mga serbisyo ng doula bilang mga serbisong pang-iwas sa sakit at dapat irekomenda ng doktor o iba pang lisensyadong practitioner.

Matibay na medikal na kagamitan (DME): Medikal na kagamitan na medikal na kinakailangan at iniaatas ng doktor o iba pang provider ng miyembro na ginagamit ng miyembro sa bahay, komunidad, o pasilidad na ginagamit bilang bahay.

Maaga at pana-panahong screening, diyagnostiko at paggamot (EPSDT): Pumunta sa “Medi-Cal for Kids and Teens.”



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

Pang-emergency na pangangalaga: Isang pagsusuri na isinasagawa ng doktor o kawani sa ilalim ng pamamahala ng doktor, gaya ng pinahihintulutan ng batas, para malaman kung mayroong emergency na medikal na kondisyon. Mga medikal na kinakailangang serbisyong kailangan upang ikaw ay maging clinically stable (maayos ang kalagayan ayon sa klinikal na pamantayan) sang-ayon sa mga kakayahan ng pasilidad.

Pag-emergency na medikal na kundisyon: Medikal na kondisyon o kondisyon sa pag-iisip na may malulubhang sintomas, tulad ng aktibong pagle-labor (pumunta sa kahulugan sa itaas) o matinding pananakit, na maaaring makatwirang paniwalaan ng sinumang may karaniwang kaalaman tungkol sa kalusugan at gamot ng isang maingat na ordinaryong tao na ang hindi pagtanggap ng agarang medikal na pangangalaga ay maaaring:

- Ilagay sa malubhang panganib ang kalusugan ng miyembro o kalusugan ng kanyang hindi pa ipinanganak na sanggol
- Magdulot ng pinsala sa paggana ng katawan
- Maging dahilan para hindi gumana nang maayos ang isang bahagi o organ ng katawan
- Magresulta sa kamatayan

Medikal na transportasyon para sa emergency: Transportasyon sa isang ambulansiya o sasakyan para sa emergency papunta sa emergency room para makakuha ng medikal na pangangalaga para sa emergency.

Pinahusay na Pamamahala ng Pangangalaga (ECM): Ang ECM ay pangbuong tao na maraming disiplinang pamamaraan sa pangangalaga na tumutugon sa klinikal at hindi klinikal na mga pangangailangan ng mga Miyembro na mayroong pinaka-kumplikadong mga medikal at panlipunang pangangailangan.

Naka-enroll: Isang tao na miyembro ng planong pangkalusuugan at nakakakuha ng mga serbisyo sa pamamagitan ng plano.

Dati nang pasyente: Pasyente na may umiiral nang kaugnayan sa provider at pumunta sa provider na ito sa loob ng tinukoy na dami ng panahon na itinatag ng planong pangkalusugan.

Paggamot na sinusubukan pa lang: Mga gamot, kagamitan, procedure, o serbisyong nasa yugto ng pagsubok gamit ang mga pag-aaral sa laboratoryo o hayop bago subukan sa mga tao. Ang mga serbisong sinusubukan pa lang ay hindi sumasailalim sa klinikal na pagsisiyasat.

Mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya: Mga serbisyo para iwasan o iantala ang pagbubuntis. Ibinibigay ang mga serbisyo sa mga miyembrong nasa edad na para magkaanak upang bigyang-kakayahan silang matukoy ang bilang at agwat ng mga anak.

Pederal na Kwalipikadong Health Center (FQHC): Health center sa isang lugar na walang maraming provider. Maaaring makakuha ang miyembro ng pangunahin at pang-iwas sa sakit na pangangalaga sa FQHC.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

May Bayad na Serbisyo (FFS) na Medi-Cal: Minsan hindi sinasakop ng Health Net ang mga serbisyo, pero makukuha pa rin ito ng miyembro sa pamamagitan ng FFS na Medi-Cal, tulad na maraming serbisyo ng parmasya sa pamamagitan ng Medi-Cal Rx.

Follow-up na pangangalaga: Regular na pangangalaga ng doctor para tingnan ang progress ng miyembro pagkatapos maospital o sa haba ng paggamot.

Panloloko: Sinasadyang pagkilos para manlinlang o maling kumatawan ng isang taong batid na maaaring magresulta ang panlilinlang sa hindi awtorisadong benepisyo para sa kanya o sa ibang tao.

Mga Hiwalay na Birth Center (mga FBC): Mga pasilidad na pangkalusugan kung saan ang panganganak ay pinaplanong mangyari na malayo sa tirahan ng buntis na miyembro at lisensiyado o kaya ay aprubado ng estado upang magbigay ng prenatal labor at panganganak o pangangalaga pagkatapos manganak at iba pang ambulatory service na kasama sa plano. Ang mga pasilidad na ito ay hindi mga ospital.

Karaingan: Berbal o nakasulat na pagpapahayag ng kawalan ng kasiyahan ng miyembro tungkol sa serbisyo, na maaaring kabilangan ng, ngunit hindi limitado sa:

- Kalidad ng pangangalaga o mga serbisyong ibinigay;
- Mga interaksyon sa provider o empleyado;
- Ang karapatan ng miyembro na i-dispute ang pagpapalawig ng panahon na iminungkahi ng Health Net, programa sa kalusugan ng pag-iisip ng county o para sa sakit dahil sa paggamit ng droga o pag-inom ng alak, o ng provider ng Medi-Cal.

Ang reklamo ay kapareho ng karaingan.

Mga serbisyo at device para sa habilitasyon: Mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na tumutulong sa miyembro na mapanatili, matutunan, o mapahusay ang mga kakayahan at paggana para sa araw-araw na pamumuhay.

Health Care Options (HCO): Ang programa na maaaring i-enroll o alisin sa pagkaka-enroll ang miyembro sa planong pangkalusugan.

Insurance sa kalusugan: Coverage sa insurance na binabayaran ang mga medikal at surgical na gastos sa pamamagitan ng pagbabayad sa naka-insure para sa mga gastos mula sa sakit o pinsala o pagbabayad nang direkta sa provider ng pangangalaga.

Pangangalagang pangkalusugan sa bahay: May kasanayang pangangalaga ng nurse at iba pang serbisyo na ibinigay sa bahay.

Mga provider ng pangangalagang pangkalusugan sa bahay: Mga provider na nagbibigay sa mga miyembro ng sanay na pag-aalaga at iba pang serbisyo sa bahay.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

8 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

Hospice: Pangangalaga upang mabawasan ang mga pisikal, emosyonal, panlipunan, at espirituwal na kawalan ng kaginhawahan para sa miyembrong may nakamamatay na karamdaman. Magagamit ang pangangalaga sa hospice kapag ang miyembro ay may taning na 6 na buwan o mas mababa.

Ospital: Lugar kung saan makakakuha ang miyembro ng pangangalaga para sa inpatient at outpatient mula sa mga doktor at nurse.

Pangangalaga sa ospital para sa outpatient: Isinasagawang medikal o surgical na pangangalaga sa ospital nang hindi ina-admit bilang inpatient.

Pagkakaospital: Pagkaka-admit sa ospital para gamutin bilang inpatient.

Mga Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP): Programa sa pangangalagang pangkalusugan na pinapatakbo ng Indian Health Service (IHS), Indian Tribe, Tribal Health Program, Tribal Organization o Urban Indian Organization (UIO) ayon sa kahulugan ng mga terminong iyon sa Seksyon 4 ng Indian Health Care Improvement Act (seksyon 1603 ng 25 U.S.C.).

Pangangalaga para sa inpatient: Kapag kailangan ng miyembro na manatili nang magdamag sa ospital o iba pang lugar para sa medikal na pangangalaga na kailangan.

Pasilidad o tahanan para sa intermediate na pangangalaga: Pangangalagang ibinibigay sa isang pasilidad o bahay para sa pangmatagalang pangangalaga na nagbibigay ng 24 na oras na mga pantahanang serbisyo. Mga uri ng pasilidad o tahanan sa intermediate na pangangalaga na kinabibilangan ng pasilidad sa intermediate na pangangalaga/may kapansanan sa paglaki (ICF/DD), pasilidad sa intermediate na pangangalaga/habilitasyon para sa may kapansanan sa paglaki (ICF/DD), pasilidad sa intermediate na pangangalaga/pag-aalaga sa may kapansanan sa paglaki (ICF/DD-N).

Paggamot na sinisiyasat pa lang: Isang gamot, produktong biyolohikal, o kagamitang matagumpay na nakumpleto ang phase one ng klinikal na pagsisiyasat na inaprubahan ng Federal Drug Administration (FDA), ngunit hindi pa naaprubahan para sa pangkalahatang paggamit ng FDA at nananatiling sinisiyasat sa isang klinikal na pagsisiyasat na inaprubahan ng FDA.

Pangmatagalang pangangalaga: Pangangalaga sa isang pasilidad na mas matagal sa buwan ng pagkaka-admit at isang buwan.

Pangmatagalang mga serbisyo at suprota (LTSS): Mga serbisyo na tumutulong sa mga tao na mayroong pangmatagalang mga problema o kapansanan sa kalusugan na mamuhay o magtrabaho kung saan nila pipiliin. Ito ay maaaring sa tahanan, trabaho, tahanan ng grupo, nursing home, o iba pang pasilidad sa pangangalaga. Kasama sa LTSS ang mga programa para sa pangmatagalang pangangalaga at mga serbisyo na ibinibigay sa tahanan o sa



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

komunidad, tinatawag ding mga serbisyo sa tahanan at komunidad (HCBS). Ang ilang mga serbisyo ng LTSS ay ibinibigay ng mga planong pangkalusugan, habang ang iba ay hiwalay na ibinibigay.

Plano ng pinamamahalaang pangangalaga: Planong pangakalusugan ng Medi-Cal na gumagamit lang ng partikular na doktor, espesyalista, klinika, parmasya, at ospital para sa mga tumatanggap ng Medi-Cal na nka-enroll sa planong iyon. Ang Health Net ay isang plano ng pinamamahalaang pangangalaga.

Medi-Cal for Kids and Teens: Benepisyong para sa mga miyembro ng Medi-Cal na wala pang edad na 21 para tumulong na panatilihin silang malusog. Dapat makuha ng mga miyembro ang mga angkop na check-up sa kalusugan para sa kanilang edad at naaangkop na screening upang maagang makita ang mga problemang pangkalusugan at magamot ang mga sakit. Dapat makakuha sila ng paggamot upang pangalagaan o tulungan ang mga kundisyon na maaaring makita sa mga check-up. Ang benepisyong ito ay kilala rin bilang benepisyong sa Maaga at Pana-panahong Screening, Diagnostic, at Paggamot (EPSDT) sa ilalim ng pederal na batas.

Medi-Cal Rx: Serbisyo sa benepisyong sa parmasya na bahagi ng FFS na Medi-Cal at kilala bilang “Medi-Cal Rx” na nagbibigay ng mga benepisyong at serbisyo sa parmasya, kasama ang mga inireresetang gamot at ilang medikal na supply sa lahat ng benepisyaryong ng Medi-Cal.

Pangmedikal na bahay: Modelo ng pangangalaga na nagbibigay ng mga pangunahing paggana ng pangunahing pangangalagang pangkalusugan. Kasama rito ang komprehensibong pangangalaga, nakatuon sa pasyente, pinangangasiwaang pangangalaga, mga naa-access na serbisyo, at kalidad at kaligtasan.

Medikal na impormasyon: Anumang impormasyon na kumikilala sa indibidwal, sa elektroniko o pisikal na paraan, na mayroon o nakuha mula sa provider ng pangangalagang pangkalusugan, plano ng serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan, kumpanya ng gamot, o contractor tungkol sa medical history ng pasyente, impormasyon sa application para sa kalusugan ng pag-iisip, impormasyon sa application na kaugnay sa pag-aanak o sekswal na kalusugan, kondisyon ng pag-iisip o pisikal, o paggamot. Ang “Kumikilala sa indibidwal” ay nangangahulugan sa medikal na impormasyon na kinabibilangan ng o mayroong anumang elemento ng personal na kumikilalang impormasyon na sapat para makilala ang indibidwal, tulad ng pangalan, address, electronic mail address, numero ng telepono, o Social Security number ng pasyente, o iba pang impormasyon na, kapag mag-isa o isinama sa iba pang impormasyon na available sa publiko ay ihahayag ang pagkakakilanlan ng indibidwal.

Medikal na kinakailangan (o medikal na pangangailangan): Ang mga serbisyonang medikal na kinakailangan ay mahahalagang serbisyo na makatwiran at pinoprotektahan ang buhay. Kinakailangan ang pangangalaga upang maiiwas ang mga pasyente sa pagkakaroon ng



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

8 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

malalang sakit o kapansanan. Ang pangangalagang ito ay binabawasan ang matinding panakit sa pamamagitan ng pag-diagnose o paggamot ng sakit, karamdaman, o pinsala. Para sa mga miyembro na edad 21, kasama sa mga serbisyo na medikal na kinakailangan ng Medi-Cal ang pangangalaga na kailangan para ayusin o tulungan ang sakit o kondisyon na pisikal o sa pag-iisip, kasama ang mga pagkalulong sa droga o alak.

Pangmedikal na transportasyon: Transportasyon na inirerekomenda ng provider para sa miyembro kapag ang miyembro ay hindi pisikal o medikal na makakagamit ng kotse, bus, tren, o taxi upang makapunta sa isang saklaw na medikal na appointment o para kumuha ng mga iniresetang gamot. Binabayaran ng Health Net ang pinakamurang transportasyon para sa iyong mga medikal na pangangailangan kapag kailangan mo ng masasakyan papunta sa iyong appointment.

Medicare: Ang pederal na programa sa insurance sa kalusugan para sa mga taong 65 taong gulang pataas, ilang partikular na taong mas bata na may mga kapansanan, at mga taong may end-stage renal disease (permanenteng pagpalya ng bato na nangangailangan ng dialysis o transplant, na minsan ay tinatawag na End-Stage Renal Disease (ESRD)).

Miyembro: Sinumang kwalipikadong miyembro ng Medi-Cal na naka-enroll sa Health Net na may karapatang makakuha ng mga sakop na serbisyo.

Provider ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip: Mga propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan na nagbibigay ng mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip at kalusugan ng pag-uugali sa mga pasyente.

Mga serbisyo ng midwifery: Pangangalaga bago manganak, intrapartum, at pagkatapos manganak, kasama ang mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya para sa ina at agarang pangangalaga para sa bagong panganak, na ibinibigay ng mga sertipikadong midwife nurse (CNM) at mga lisensyadong midwife (LM).

Network: Grupo ng mga doktor, klinika, ospital, at iba pang provider na nakakontrata sa Health Net para magbigay ng pangangalaga.

Provider ng network (o provider na nasa network): Pumunta sa “Kalahok na provider.”

Hindi sakop na serbisyo: Serbisyo na hindi sinasakop ng Health Net.

Transportasyon na hindi medikal: Transportasyon kapag nagbibiyahe papunta sa at mula sa appointment para sa serbisyo na sakop ng Medi-Cal na pinapahintulutan ng provider ng miyembro at kapag kinukuha ang mga gamot at medikal na supply.

Hindi kalahok na provider: Provider na wala sa network ng Health Net.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

8 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

Orthotic device: Device na ginagamit bilang suporta o brace na nakakabit sa labas ng katawan para suportahan o itama ang malubhang napinsala o may sakit na bahagi ng katawan na medikal na kinakailangan para sa medikal na paggaling ng miyembro.

ba pang coverage sa kalusugan (OHC): Ang iba pang coverage sa kalusugan (OHC) ay tumutukoy sa pribadong insurance sa kalusugan at mga nagbabayad ng serbisyo maliban sa Medi-Cal. Ang mga serbisyo ay maaaring kabilangan ng medikal, sa ngipin, paningin, parmasya, mga Medicare Advantage plan (Bahagi C), mga plano sa gamot ng Medicare (Bahagi D), o mga karagdagang plano ng Medicare (Medigap).

Mga serbisyonang wala sa area: Mga serbisyo habang ang miyembro ay nasaan man sa labas ng pinaglilingkurang lugar ng Health Net.

Provider na wala sa network: Provider na hindi bahagi ng network ng Health Net.

Pangangalaga para sa outpatient: Kapag ang miyembro ay hindi dapat manatili nang magdamag sa ospital o ibang lugar para sa medikal na pangangalaga na kailangan.

Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip para sa outpatient: Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga miyembro na may mga bahagya hanggang katamtamang kundisyon ng kalusugan ng pag-iisip kasama ang:

- Indibidwal o panggrupong pagsusuri at paggamot ng kalusugan ng pag-iisip (psychotherapy)
- Psychological testing kapag klinikal na kinakailangan para i-evaluate ang kondisyon ng kalusugan ng isip
- Mga serbisyo para sa outpatient para sa mga layunin ng pagsubaybay sa medication therapy
- Konsultasyon para sa karamdamang kaugnay ng isip
- Laboratoryo, mga supply, at mga supplement para sa outpatient

Pangangalaga para mapaghinawa ang sakit: Pangangalaga upang mabawasan ang mga pisikal, emosyonal, panlipunan, at espirituwal na kawalan ng kaginhawahan para sa miyembrong may malubhang karamdaman. Hindi kinakailangan sa palliative na pangangalaga na magkaroon ang miyembro ng taning na anim na buwan o mas mababa.

Kalahok na ospital: Lisensyadong ospital na may kontrata sa Health Net para magbigay ng mga serbisyo sa mga miyembro sa oras na makuha ng miyembro ang pangangalaga. Ang mga sakop na serbisyo na maaaring ibigay ng ilang kalahok na ospital sa mga miyembro ay limitado sa mga patakaran sa pagsusuri ng paggamit at pagtiyak sa kalidad ng Health Net o kontrata ng Health Net sa ospital.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

Kalahok na provider (o kalahok na doktor): doktor, ospital, o iba pang lisensyadong propesyonal sa pangangalagang pangkalusugan o lisensyadong pasilidad sa kalusugan, kasama ang mga pasilidad para sa sub-acute na pangangalaga na may kontrata sa Health Net para magbigay ng mga sakop na serbisyo sa mga miyembro sa oras na makakuha ng pangangalaga ang miyembro.

Mga serbisyo ng doktor: Mga serbisyo na ibinibigay ng isang taong lisensiyado sa ilalim ng batas ng estado para mag-practice ng medisina o osteopathy, hindi kasama ang mga serbisyong ibinibigay ng mga doktor habang naka-admit ang miyembro sa isang ospital na sinisingil sa bayarin sa ospital.

Plano: Pumunta sa “Plano sa pinamamahalaang pangangalaga.”

Mga serbisyo pagkatapos ma-stabilize: Mga sakop na serbisyo kaugnay ng pang-emergency na medikal na kondisyon na ibinibigay pagkatapos ma-stabilize ang miyembro upang panatilihin stable ang miyembro. Sinasakop at binabayaran ang mga serbisyo ng pangangalaga pagkatapos ma-stabilize. Maaaring mangailangan ang mga ospital na wala sa network ng paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Paunang pag-apruba (paunang pahintulot): Ang proseso kung saan ang miyembro o kanilang provider ay dapat humiling ng pag-apruba mula sa Health Net para sa ilang serbisyo para matiyak na sasakupin ang mga ito ng Health Net. Ang referral ay hindi isang pag-apruba. Ang paunang pag-apruba ay kapareho ng paunang pahintulot.

Pagsaklaw para sa inireresetang gamot: Coverage para sa mga gamot na inirereseta ng provider.

Mga inireresetang gamot: Gamot na legal na kailangan ng order mula sa lisensiyadong provider para ibigay, hindi tulad ng mga gamot na over-the-counter (“OTC”) na hindi kailangan ng reseta.

Pangunahing pangangalaga: Pumunta sa “Karaniwang pangangalaga.”

Provider ng pangunahing pangangalaga (PCP): Ang lisensiyadong provider na mayroon ang miyembro para sa karamihan ng kanyang pangangalagang pangkalusugan. Tinutulungan ng PCP ang miyembro na makuha ang kailangan niyang pangangalaga.

Ang PCP ay maaaring isang:

- General practitioner
- Internist
- Pediatrician
- Family practitioner
- OB/GYN



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711). Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo. Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711. Bumisita online sa www.healthnet.com.

8 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

- Provider ng Pangangalagang Pangkalusugan para sa Indian (IHCP)
- Pederal na Kwalipikadong Health Center (FQHC)
- Panlalawigang Klinikang Pangkalusugan (RHC)
- Nurse practitioner
- Physician assistant
- Klinika

Paunang pahintulot (paunang pag-apruba): Ang proseso kung saan ang miyembro o kanyang provider ay dapat humiling ng pag-apruba mula sa Health Net para sa ilang serbisyo para matiyak na sasakupin ang mga ito ng Health Net. Ang referral ay hindi isang pag-apruba. Ang paunang pahintulot ay kapareho ng paunang pag-apruba.

Prosthetic device: Artipisyal na device na nakakabit sa katawan para palitan ang nawawalang bahagi ng katawan.

Direktoryo ng Provider: Ang listahan ng mga provider sa network ng Health Net.

Pang-emergency na medikal na kundisyon kaugnay ng isip: Sakit sa pag-iisip kung saan ang mga sintomas ay sapat nang malubha o matindi upang magdulot ng napipintong panganib sa miyembro o sa iba o ang miyembro ay hindi kaagad makapagbibigay ng o makakagamit ng pagkain, bahay, o damit dahil sa sakit sa pag-iisip.

Mga serbisyo sa kalusugan ng publiko: Mga serbisyong pangkalusugan na nakatuon sa buong populasyon. Bukod sa iba pa, kabilang sa mga ito ang pagsusuri ng kalagayang pangkalusugan, pagbabantay sa kalusugan, pagsusulong ng kalusugan, mga serbisyong pang-iwas sa sakit, pagkontrol sa mga nakahahawang sakit, pagprotekta at paglilinis ng kapaligiran, paghahanda at pagresponde sa kalamidad, at kalusugan sa trabaho.

Kwalipikadong provider: Doktor na kwalipikado sa larangan ng practice na naaangkop upang gamutin ang kundisyon ng miyembro.

Reconstructive surgery: Operasyon upang itama o ayusin ang mga hindi normal na istruktura ng katawan upang mapabuti ang paggana o gumawa ng normal na hitsura hangga't posible. Ang mga hindi normal na istruktura ng katawan ay ang mga idinulot ng depekto mula pagkasilang, abnormalidad sa paglaki, trauma, impeksiyon, mga tumor, o sakit.

Referral: Kapag sinabi ng PCP ng miyembro na maaaring makakuha ang miyembro ng pangangalaga mula sa ibang provider. Nangangailangan ang ilang saklaw na serbisyo sa pangangalaga ng referral at paunang pag-apruba (paunang pahintulot).

Mga serbisyo at kagamitan para sa rehabilitative at habilitative therapy: Mga serbisyo at kagamitan para tulungan ang mga miyembro na may mga pinsala, kapansanan, o hindi gumagaling na kondisyon na magkaroon ng o maibalik ang mga kasanayan ng isip at katawan.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

8 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

Karaniwang pangangalaga: Mga medikal na kinakailangang serbisyo at pangangalagang pang-iwas sa sakit, mga pagpapatingin habang walang sakit ang bata, o pangangalaga tulad ng karaniwang follow-up na pangangalaga. Ang layunin ng karaniwang pangangalaga ay iwasan ang pagkakaroon ng mga problema sa kalusugan.

Panlalaiwang Klinikang Pangkalusugan (RHC): Health center sa isang lugar na walang maraming provider. Ang mga miyembro ay maaaring makakuha ng pangunahin at pang-iwas sa sakit na pangangalaga sa RHC.

Mga sensitibong serbisyo: Mga serbisyong nauugnay sa kalusugan ng pag-iisip o pag-uugali, sekswal na kalusugan at kalusugan kaugnay sa pag-aanak, pagpapalano ng pamilya, mga impeksiyong naipapasa sa pakikipagtalik (mga STI), HIV/AIDS, sekswal na pag-atake at aborsyon, sakit kaugnay ng paggamit ng droga at alak, pangangalaga na partikular sa kasarian, at karahasan ng intimate partner.

Malubhang sakit: Sakit o kondisyon na dapat gamutin at maaaring magresulta sa kamatayan.

Pinaglilingkurang lugar: Ang heograpikong lugar na pinaglilingkuran ng Health Net. Kabilang dito ang mga county ng Amador, Calaveras, Inyo, Los Angeles, Mono, Sacramento, San Joaquin, Stanislaus, Tulare, at Tuolumne.

Pangangalaga ng may kasanayang nurse: Mga sakop na serbisyo na ibinibigay ng mga lisensyadong nurse, technician, o therapist sa pamamalagi sa isang skilled nursing facility o sa tahanan ng miyembro.

Skilled nursing facility: Lugar na nagbibigay ng 24 na oras sa isang araw na pangangalaga ng nars na mga sinanay lang na propesyonal sa kalusugan ang makakapagbigay.

Espesyalista (o doktor na may espesyalidad): Doktor na gumagamot ng ilang partikular na uri ng mga problema sa pangangalagang pangkalusugan. Halimbawa, ang orthopedic surgeon ay gumagamot ng mga baling buto; ang allergist ay gumagamot ng mga allergy; at ang cardiologist ay gumagamot ng mga problema sa puso. Kadalasan, kakailanganin ng miyembro ng referral mula sa kanyang PCP para pumunta sa isang espesyalista.

Mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na kailangan ng espesyalidad (SMHS): Mga serbisyo para sa mga miyembro na may mga pangangailangan sa mga serbisyo sa kalusugan ng pag-iisip na mas mataas kaysa sa bahagya hanggang katamtamang antas ng kapansanan.

Pasilidad para sa subacute na pangangalaga (nasa hustong gulang o bata): Pasilidad sa pangmatagalang pangangalaga na nagbibigay ng komprehensibong pangangalaga para sa medikal na mahihinang miyembro na kailangan ng mga espesyal na serbisyo, tulad ng inhalation therapy, pangangalaga ng tracheotomy, intravenous tube feeding, at kumplikadong pamamahala ng sugat.



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.

8 | Mga mahalagang numero at salitang dapat malaman

Nakamamatay na karamdaman: Medikal na kondisyon na hindi na maaaring maalis at malamang na magdulot ng kamatayan sa loob ng 1 taon o wala pa kung sinusundan ng sakit ang natural na haba nito.

Tort recovery: Kapag ibinibigay o ibibigay ang mga benepisyo sa miyembro ng Medi-Cal dahil sa isang pinsala kung saan may ibang partidong mananagot, binabawi ng DHCS ang makatwirang halaga ng mga benepisyo na ibinibigay sa miyembro para sa pinsalang iyon.

Triage (o screening): Pagsusuri ng kalusugan ng miyembro ng doktor o nurse na sinanay upang mag-screen para sa layunin ng pagtukoy ng pagiging apurahan ng iyong pangangailangan para sa pangangalaga.

Agarang pangangalaga (o mga agarang serbisyo): Mga serbisyo na ibinibigay para gamutin ang hindi emergency na karamdaman, pinsala o kondisyon na nangangailangan ng medikal na pangangalaga. Maaaring makakuha ang mga miyembro ng agarang pangangalaga mula sa provider na wala sa network kung pansamantalang hindi available o hindi ma-access ang mga provider na nasa network.

1915(c) Waiver para sa Mga Serbisyo sa Bahay at Komunidad: Ito ay espesyal na programa ng gobyerno para sa mga taong nanganganib na mailagay sa nursing home o institusyon. Pinapayagan ng programa ang DHCS na magbigay ng HCBS sa mga taong ito para manatili sila sa kanilang tahanan sa komunidad. Kasama sa HCBS ang pamamahala ng kaso, personal na pangangalaga, may kakayahang pangangalaga ng nurse, habilitasyon, at tagapangalaga ng tahanan o mga serbisyo ng home health aide. Kasama rin sa mga ito ang mga pang-umagang programa sa matanda at respite na pangangalaga. Dapat hiwalay na mag-apply ang mga miyembro ng Medi-Cal at maging kwalipikado para ma-enroll sa waiver. Ang ilang waiver ay mayroong mga listahan ng paghihintay.

EOC066263TP00



Tumawag sa Mga Serbisyo para sa Miyembro sa 1-800-675-6110 (TTY: 711).
Nandito ang Health Net 24 na oras sa isang araw, 7 araw sa isang linggo.
Libre ang pagtawag. O tawagan ang California Relay Line sa 711.
Bumisita online sa www.healthnet.com.